

Pulyeto 2 Mga Hakbang Tungo sa
Personal na Pagpapanibagong Buhay

10^{Arrow}
Na Pag-aaral



*Manahan kay
Kristo*

P I N A H A B A N G E D I S Y O N

*Jesu-Kristo:
"Manatili ka sa akin, at Ako'y sa Iyó."*

H E L M U T H A U B E I L

Tagapaglathala

TOP LIFE Wegweiser-Verlag, Wien

Austrian Publishing House

Unang Edisyon sa Wikang Ingles Oktubre 2016

Ikalawang Edisyon sa Wikang Ingles Enero 2019

Tagalikha:

Konrad Print & Medien, www.konrad-medien.de

Mga larawan: Fotolia/Thinkstock: Leonid Tit, Andrey Volohatiuk, Mykola mazuryk, jojik

Pagkabatid:

Simon Eitzenberger, agentur@desim.de

Makipag-alam at umorder sa banyagang wika:

© Helmut Haubeil

Rosenheimer Str.49

D-83043 Bad Aibling/Oberbayern – Germany

Email: helmut@haubeil.net

Phone +49 (0)8061 4900 712

Mga Wika: Aleman at Ingles

Pagsasalin:

Ang orihinal na wika ay sa German: Danish, Croatian, Czech, English, Filipino, French, Indonesia, Kirundi, Romanian-Video, Russian, Serbian, Slovenian-Video, Urdu-Pakistan

Nasa Paghahanda: Amharic-Ethiopia, Portuguese, Spanish, Tongan-Tonga Islands, Ukrainian

Kung inyong nais isalin sa ibang wika, makipag-ugnayan lamang kay H. Haubeil upang siya ay makatulong.

www.steps-to-personal-revival.info

Dito ay maaari ninyong mabasa ng libre, maaari din i-download at ipadala sa isang kaibigan sa iba't-ibang wika "Manahan kay Kristo" at "Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay: Masusumpungan din sa website ang mga "Mga Patotoo" (Kulang isang daan), "Mga Pagsulong" Paano makalikha ng interes? Patungkol sa Espiritu Santo, Mga Pinuno, Ipamahagi, Makipag-alam

At website sa German

Impormasyon sa Pag-order

Para sa detalye, tumingin sa pahina 2

Biblia

Ang Banal na Bibliya, New King James Version, Copyright 1982 by Thomas Nelson, Inc. All rights reserved

Ika-2 Aklat

MANAHAN KAY JESUS –
PAANO MO ITO GAGAWIN

IMPORMASYON SA PAG - ORDER

USA

Remnant Publications

649 E. Chicago Rd

Coldwater MI, 49036

Tel.: 800-423-1319

or 517-279-13043

Web address for orders:

www.remnantpublications.com

Available at your Adventist Book Centers

Canada

Lucas Jurek

118 G First Avenue North

Williams Lake, BC

V2G 1Y8

E-Mail: lucasjurek@gmail.com

Mobil: 250 983 - 2650

Australien

Colin Hone

Booklets in English

E-Mail: emailcolinhone@gmail.com

Great Britain

ADVENT PRESS LIMITED

141 Cressex Road

High Wycombe

Buckinghamshire, HP12 4PZ

Tel.: +44 7545 23 00 83

E-Mail: info@adventpress.eu

Philippines

Allan D. Faina

E-Mail: berevived7.14@gmail.com

SDA church

Fidela Herrera Subd

Bgy. Santol, Tanza, Cavite-4108

Tel.: +63 997 6003397

Russia

Source of Life Publishing House

Vostochnaya St. 9, Zaoksky 301000

Tula Region, Russia

Tel. +78 73 42 01 01

www.lifefsource.ru

Europe – Russian-language literature

Christa Medien GmbH

Pulverweg 6

D-21337 Lüneburg (Germany)

Tel.: +49 (0)4131 9835-580

www.christa-medien.eu

und www.christa-shop.eu

E-Mail: info@christa-medien.eu

Germany and abroad

Wertvoll leben

Ziegeleistr. 23, D-73635 Rudersberg

www.wertvollleben.com

E-Mail: info@wertvollleben.com

Tel.: +49 (0)7183 3071332

Austria

TOP LIFE Wegweiser-Verlag

Prager Str. 287, A-1210 Wien/Vienna

www.toplife-center.com

E-Mail: info@wegweiser-verlag.at

Tel.: +43 (0)1 229 4000

Austria and Germany

Adventist Book Center

Bogenhofen, A-4963 St.Peter/Hart

www.adventistbookcenter.at

E-Mail: info@adventistbookcenter.at

Tel.: +43 (0)2294000

Switzerland

Advent-Verlag Schweiz

Leissigenstr. 17, CH-3704 Krattigen

www.advent-verlag.ch

E-Mail: info@adventverlag.ch

Tel.: +41 33 511 11 99

Spain

Safeliz Publishing House

Pradillo 6, Poligono Industrial 'La Mina'

28770 Colmenar Viejo - Madrid

Phone: +34 (91)845-9877

E-Mail: adm@safeliz.com

www.publicacionesadventistas.com

TAGAPAGSALITA PARA SAMGA SEMINAR

USA at maraming bansa: www.spiritbaptism.org – start page scroll down

Germany, Austria, Switzerland, European countries:

www.steps-to-personal-revival.info - click German version – contact page – scroll down

Phillipines: Allan D. Faina, Email: berevived7.14@gmail.com, SDA church:

Fidela Herrera Subd, Bgy. Santol, Tanza, Cavite-4108, Phones: +63 997 600 3397

Manahan Kay Jesus

Jesu-Kristo:

*"Kayo'y manatili sa Akin,
at Ako'y sa inyo."*

Paano mo ito gagawin?

HELMUT HAUBEIL

MABUNGANG BUHAY

Jesus:

“... Ang nananatili sa Akin, at Ako’y sa kaniya, siyang **NAGBUBUNGA NG MARAMI** ...“ Juan 15:5

Paano ako mananahan kay Jesus?

Si Jesus ay nag-aanyaya sa atin: Magsiparito sa Akin! (Mateo 11:28)
Sinumang lumapit kay Jesus ay inanyayahan din na manatili. (Juan 15:4)

At paano ito magaganap?

“Kayo’y manahan sa akin, at ako’y sa inyo.”

“Ang pananahan kay Kristo” ay nangangahulugan ng:

- isang patuloy na pagtanggap ng Kaniyang Espiritu,
- isang buhay ng ganap na pagpapasakop
- sa paglilingkod sa kaniya.” Desire of Ages 676.2

Ang paliwanag na ito ay tunay na nagbukas ng aking mga mata at nagbigay sa akin ng kaliwanagan sa aking paglalakad kasama ang Dios. Para sa akin ito ay ang sikreto para sa isang masayang buhay Kristiyano (Juan 15:11). Ito ang aking dalangin at tanging inaasam na ito rin ay magpakita sa marami ng daan para sa isang maligaya at ganap na buhay. Ang mga salitang ito ay ang pundasyon para sa tatlong munting mga aklat sa mga serye ng *Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*.

Anong pagkakaugnay mayroon sa pagitan ng tatlong munting mga aklat sa mga serye ng Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay?

1. *Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*

Pagiging Puspos ng Banal na Espiritu

Paano mo ito mararanasan?

Ito ay tungkol sa palagiang paghingi at **pagtanggap ng Kanyang Espiritu**.

2. *Manahan kay Jesus*

Paano ito nagaganap?

Ito ay tungkol sa isang buhay ng ganap na pagpapasakop kay Jesu-Kristo.

3. *Kamanggagawa kay Jesus na Puno ng Espiritu*

Paano ka magiging isang kamanggagawa na puno ng Espiritu?

Ito ay tungkol sa ganap na pagpapasakop sa kaniyang gawain kasama ang nagniningning na mga dulot nito.

(Maaari na sa Taglagas ng 2019)

Pagbibigaylakas at pag-asa

Ipinakita ng mga karanasan na ang pag-aaral ng mga mahahalagang katotohanang ito ay lubusang pinagpala, kapag, susundan ang personal na pag-aaral na isang kaugaliang pang-araw-araw na pagtatalaga ay gagawin ng dalawahan. Mayroong dobleng pagpapala para sa magkapareha! (Para sa iba maaaring telepono o Skype) Gayon din ang araw-araw o panahon sa bawat sanglinggo para sa pakikipag-usap at pananalangin sa isang grupo ay lubos na nakapagpapasigla.

TALAN NG NILALAMAN

KABANATA 1

PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS

- 1- Bahagi *Batid mo ba ang pinakamakapangyarihang mensahe ni Jesus?
Anong tungkulin mayroon ang Banal na Espiritu?
Paano mababago ang ating mga ugali?* 8
- 2- Bahagi *Paanong mababago ang ating mga ugali?* 20

KABANATA 2

PAGPAPASAKOP KAY JESUS

- 1- Bahagi *Nawalan ba ako ng sarili kong kalooban?
O ako ay magiging mas malakas?
Ano ang maaaring humadlang sa'kin upang isuko ang aking
sarili kay Jesus?
Ang pagpapasakop ba sa Dios ay nangangahulugan na dapat
nating isuko ang sarili nating kalooban?* 32
- 2- Bahagi *Ano ang maaaring humahadlang sa atin upang magpasakop?
Ang pagpapasakop ba sa Dios ay nangangahulugan na dapat
nating isuko ang sarili nating kalooban?* 43

KABANATA 3

SI JESUS AY NANANAHAN SA IYO

- 1- Bahagi *Ano ang magiging epekto ng “si Kristo ay nasa akin” sa aking buhay?
Ang lubos na nakamtan: Pagiging puspos ng kapunuan ng Dios.....* 55
- 2- Bahagi *Ang mga epekto ng si “Kristo’y nasa iyo”.
Paano natin makukuha ang paglaya sa kapangyarihan ng kasalanan?
Magiging “sa laman” ba tayong muli sa pamamagitan
ng pagkakasala?.....* 70

KABANATA 4

PAGTALIMA SA PAMAMAGITAN NI JESUS

- 1- Bahagi *Paano ako mamumuhay sa pagtalimang may kagalakan?
Bakit ito ay isang kagalakan?
Bakit ang pagsunod ay para sa aking sariling kabutihan?
Paanong ang pagsunod sa pamamagitan ni “Jesus na nasa akin”
ay gumagawa? Ang Pagtalima ba sa pamamagitan ng
pananampalataya ay isang pagtutulungan sa pagitan ng Dios at tao?
Anong gawain ng Dios? Anong gawain ng Tao?* 88
- 2- Bahagi *Paanong ang pagsunod sa pamamagitan ni “Jesus na nasa akin”
ay gagawa? Ang Dios ay may desenyong Pagtutulungan sa pagitan
ng Dios at Tao.....* 106

KABANATA 5

**PANANAMPALATAYANG KAAKITAKIT SA
PAMAMAGITAN NI JESUS**

- 1- Bahag *Paanong ang pagiging isa ay makakamtan ng mga mananampalataya?
Sa anong paraan nagiging kahali – halina ang ating pananampalataya
sa ating pamilya at sa mundo?
Anong pagbabago ang nasa atin na tayo'y naging mga saksi?
Paanong ang pagpapanibagong buhay ay lumilikha ng misyon? 122*
- 2- Bahagi *Anong mga pagbabago sa atin ang dahilan upang tayo'y
maging mga saksi? Paanong ang pagpapanibagong buhay ay
lumilikha ng misyon? 134*

APENDISE

- Rekomendasyon para sa karagdagang Pag-aaral, Mga Kontak..... 151*

PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS

Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa Banal na Espiritu?

*Batid mo ba ang pinakamakapangyarihang
mensahe ni Jesus?*

*Anong tungkulin mayroon ang Banal
na Espiritu?*

Paano mababago ang ating mga ugali?

Natatanging panawagan ni Jesus: hingin ang Banal na Espiritu

Sa isang natatanging sipi sa Biblia, mariing nag-utos si Jesus sa atin na mangakakasumpung; **magsituktok** kayo, at kayo'y bubuksan. Sapagka't ang baw't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpung; at ang tumutuktok ay binubuksan. At aling ama sa inyo, na kung humingi ang kaniyang anak ng isang tinapay, ay bibigyan nya siya ng isang bato? O ng isang isda kaya, at hindi isda hingin ang Espiritu Santo. Wala akong ibang alam na sipi na kung saan ay buong pagmamahal na hinihimok tayo ni Jesus na ito ay ating isapuso. Ang mga talatang ito ay masusumpungan sa Kanyang aral sa panalangin sa Lukas 11. Doon ay Kaniyang binigyang diin ng sampung ulit na kinakailangan nating hingin ang Banal na Espiritu.

*“At sinasabi ko sa inyo, **magsihingi** kayo, at kayo'y bibigyan; **magsihanap** kayo, at kayo'y ang ibibigay, kundi isang ahas? O kung siya'y humingi ng itlog, kanyang bibigyan kaya siya ng alakdan? Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa Kanya!” (Lukas 11:9-13)*

Sa ilang mga talatang ito, ginamit ni Jesus ang pandiwang “magsihingi” ng anim na ulit; tapos pinalitan niya ang katagang “magsihingi” at binigyang diin ito ng “magsihanap” ng dalawang ulit - salitang may gawa – at dalawa pang ulit na “magsikatok” – salitang may gawa rin. Hindi ba malinaw na ipinakikita Niya sa atin na kailangan nating kumilos upang tayo ay mapuno ng Espiritu Santo?

Ang huling “magsihingi” ay ginamit sa patuloy na panahunan sa Griyego. Ibig sabihin ay hindi lang tayo hihingi ng minsan, kundi magsihingi tayo ng patuloy. Dito hindi lang ibig ni Jesus na humingi ng bagay na mabilisan ngunit kaniyang inaasahan tayo na patuloy itong gawin. Tiyak na ibig niyang gisingin ang ating pagnanais para sa Banal na Espiritu sa taos-pusong paanyayang ito. Itong madaliang paanyaya ay nagpapakita sa atin ng matibay na paniniwala ni Jesus na maaari tayong mawalan ng bagay na mahalaga, kung hindi natin patuloy na hihingin ang pagbuhos ng Espiritu Santo. Kaniyang tinatawag ang ating pansin sa katunayan na tunay na kailangan natin ang Banal na Espiritu. Sa pamamaraang ito, ibig niyang patuloy nating matanggap ang mayamang pagpapala ng Espiritu Santo.

Komento sa huling bahagi ng Epeso 5:18, sinabi ni Johannes Mager: “Ang isang kristiyano ay hindi tulad ng isang lalagyan na mapupuno minsan at ito ay para sa lahat ng panahon, kundi kinakailangang palagiang punuin. Kaya ang pangungusap [Epeso 5:18] ay maaari ring ibigay sa ganitong paraan. *‘Pahintulutan mo ang iyong sarili na mapunong patuloy at laging bago ng Espiritu.’* Ang pagpupuno ng Banal na Espiritu, ipinagkaloob sa atin sa bautismo, ay maaaring mawala kung ang kaloob na sagana ay hindi nanatili. Kung ito ay nawala, ang presensiya ng Espiritu ay maaaring tanggapin muli. Ang pagpupuno ay kinakailangang ulitin upang mapuno ng Banal na Espiritu ang lahat ng bahagi ng ating buhay, upang ang espirituwal nating buhay ay hindi malanta.

Ang espirituwal na pagpupuno ay hindi nangangahulugan na Siya ay dumadami sa atin, sa halip ang Espiritu ay lalo pang higit na napapasaatin. Kung kaya si Pablo ay namanhik sa lahat ng mananampalataya [sa Epeso 5:18] na patuloy na mapuno ng Espiritu. Ito ang normal na kalagayan ng isang Kristiyano—*isang bautismo ngunit maraming pagpupuno.*”¹

Ang bahaging ito ng mga aral ni Jesus sa pananalangin para sa Banal na Espiritu ay isang kakaibang proseso. Ang Banal na Espiritu ay pinakadakilang regalo ng Dios—ang kaloob na nagtataglay ng lahat ng

1 Johannes Mager, *Auf den Spuren des heiligen Geistes* (Lüneburg, Germany, Advent-Verlag, 1999), S. 101

iba pang regalo kasama nito. Ito ang regalang pagpaparalang ni Jesus sa Kaniyang mga alagad at malinaw na katunayan ng Kaniyang pag-ibig.

Ang gayong mahalagang kaloob ay hindi ipipilit sa sinoman. Ito ay maipagkakaloob lamang doon sa mga nahahayag ng kanilang pagnanais sa regalo at pahalagahan ito. Kung kaya aking ginawang ugali na hingiin araw-araw ang Banal na Espiritu na may kaugnayan sa Juan 7:37: *“Kung ang sinomang tao’y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin at uminom.”* Iyan ay nangangahulugang: Mahal na Panginoon, bigyan mo ako ng paghahangad para sa Banal na Espiritu sa aking puso.

Unang mga ulat ng ilang nagsimulang humingi para sa Banal na Espiritu.

Balik sa aming “unang pag-ibig”: Isang kapatid na babae ay sumulat sa akin: “Ako at ang aking kaibigan ay kasalukuyang nag-aaral ng *40 Days* na aklat sa ikatlong pagkakataon at halinhinan sa aklat na *‘Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay’*. Bago namin natuklasan ang mga materyal na ito, ang aming karanasan sa pananampalataya at buhay pananalangin ay hindi tulad ng kung ano ang minsang nangyari dati. Naghangad kami na muling masumpungan ang aming ‘unang pag-ibig’. Nasumpungan namin ito! Kami ay nagpasalamat sa Dios ng buong puso. Kahanga-hanga kung paanong ang mapagmahal na Dios ay tumutugon sa mga dalangin at Kaniyang inihayag kung paanong gumawa ang Kaniyang Espiritu – sa atin at sa mga taong ating idinadalangin.” M. S.

Pumasok si Jesus sa aming mga buhay: Isa pang tao ang sumulat tungkol sa mga aklat na ito: “... ang mga ito ay naging dakila at pinakahihintay na pagpapala sa aking buhay. Tulad din ng maraming. miyembro ng iglesia at isang kapatid na babae mula sa aming iglesia ay nakaranas, may bagay na laging kulang sa aming karanasan sa pananampalataya, at ngayon kami ay mayroong pribilehiyo na maranasan kung paanong si Jesus ay pumasok sa aming mga buhay at simulang kami ay baguhin. Siya ay patuloy na gumagawa sa atin at sa mga bawat hakbang ay Kaniyang inilalapat tayo sa Kaniya.” S. K.

Ang Banal na Espiritu ang Pinagmumulan ng Buhay na Ganap

Ayon kay Jesus, bakit siya pumarito sa lupa? Kaniyang sinabi: *“Ako’y naparito upang sila’y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito.”* (Juan 10:10) Ibig ni Jesus na maranasan natin ang bagong buhay ngayon

at ipagpatuloy ito sa isang kumpleto at kakaibang angulo pagkatapos ng Kaniyang ikalawang pagdating bilang buhay na walang hanggan sa kaharian ng Dios.

Kaniya din ipinakikita sa atin na ang pinagmumulan ng buhay na ganap ay ang Espiritu Santo: "... *'Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom. Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig ng buhay.' Nguni't ito'y sinalita Niya tungkol sa Espiritu ...*" (Juan 7:37-39)

"Mga ilog ng tubig ng buhay"—hindi ba't iyan ay isang mabuting paghahalintulad sa isang ganap na buhay?

Sa panahon ng Kaniyang buhay dito sa mundo nagbigay ba si Jesus ng kaukulang halimbawa?

Alam nating si Maria ay nagdalang-tao kay Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo (Mateo 1:18). Alam natin na pagkatapos ng Kaniyang bautismo Siya ay nanalangin: "*At bumaba sa Kaniya ang Espiritu Santo na may anyong katawan, tulad sa isang kalapati ...*" (Lukas 3:22). Sa mga pagkakataong ito kinakailangan ba at mahalaga na matanggap Niya ang Banal na Espiritu araw-araw? Sabi ni E.G. White: "Tuwing umaga Siya ay nakikipag-usap sa Kaniyang Ama na nasa langit, at araw-araw ay tumatanggap mula sa Kaniya ng sariwang bautismo ng Banal na Espiritu."²

Si Jesus ay isang halimbawa sa atin tungkol dito. Tanungin natin ang ating mga sarili: Kung talagang kailangan ni Jesus araw-araw ang sariwang panustos mula sa Espiritu Santo, kung gayon gaanong higit na mahalaga ito sa iyo at sa akin?

Lubos na naunawaan ni apostol Pablo ang layunin ni Jesus. Sa kaniyang sulat sa iglesia ng Ephesus, pinatunayan ni Pablo na sila ay natatakan ng Espiritu Santo nang sila ay naging mananampalataya (Efeso 1:13). Sa Efeso 3:16-17 kaniyang hinimok sila na maging malakas sa Espiritu, sa 4:30 kaniyang sinabi, "*Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo*", at sa 5:18, bilang isang awtorisadong apostol, ay tumawag siya sa mga taga Efeso, at sa atin, na: "... *mangapuspos ng Espiritu*" o sa ibang mga salita, "*pahintulutan ninyo ang inyong mga sarili na patuloy at paulit-ulit na mapuspos muli ng Espiritu*".³

² Ellen G. White, *Signs of the Times*, November 21, 1895

³ Pub. Werner E. Lange, *Unser größtes Bedürfnis* (Lüneburg, 2011), S. 42

Nakita natin na ito ay mahalaga araw-araw na maranasan para sa Espirituwal na buhay at paglago ng isang Kristiyano, na sa araw-araw ay mapuspos ng Espiritu Santo.

“Hindi sinabi ng Dios, humingi kang minsan, at ikaw ay tatanggap. Ipinamamanhik Niyang tayo ay magsihingi. Walang pagod na magtiyaga sa pananalangin. Ang paghinging may pagtiyaga ay nagdadala sa humihiling nang mas higit pang maalab na saloobin, at nagbibigay sa kaniya ng karagdagang pagnanais na matanggap ang bagay na kaniyang hinihingi.”⁴

“Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nangangahulugan ng lubusang pagpapasakop sa impluwensiya ng Espiritu Santo – maging lubusang mapuspos Niya. Ito ay hindi minsanang karanasan, kundi isang bagay na dapat ay patuloy na nauulit, tulad ng inilarawan ni Pablo sa Efeso 5:18b sa panahunan sa Griyego na may pandiwang ‘mapuspos.’”⁵

Pamamaalam na pananalita ni Jesus at ang Banal na Espiritu

Sa pamamaalam na pananalita ni Jesus Kaniyang inihatid ang kagalakan at pag-asa sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanila na ang Espiritu Santo ay darating kahalili Niya. Kaniyang ipinahayag ang mga tungkulin ng Espiritu Santo sa Juan 16:7-14:

“Gayon ma’y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako’y yumaon; sapagka’t kung hindi ako yayaon, ang Mang-aaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni’t kung ako’y yumaon, siya’y susuguin ko sa inyo. At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanlibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol: Tungkol sa kasalanan, sapagka’t hindi sila nagsisampalataya sa akin; Tungkol sa katuwiran, sapagka’t ako’y paroroon sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita; Tungkol sa paghatol, sapagka’t ang prinsipeng sanglibutang ito ay hinatulan na. Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, ngunit ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. Gayon ma’y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka’t hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. Luluwalhatiin niya ako: sapagka’t kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo’y ipahahayag.”

4 Ellen G. White, *Christ’s Object Lessons* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2003), p. 145.3

5 *Adult Bible Study Guide*, July 17, 2014

Isang Bagong Kapakipakinabang na Solusyon

Sinabi ni Jesus sa mga alagad ang bagay na nakakamangha: “Para sa inyong kapakinabangan na ako’y aalis.” Ibig sabihin, na ang bagong solusyon, na siya ay kasama natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay mas kapakipakinabang kaysa kay Jesus na personal na narito sa kasalukuyan. Sa ganitong pamamaraan ay hindi Siya limitado, kundi Siya ay maaaring makasama ng bawat tao, kahit saan man siya ngayon.

Umaakay mula sa kawalan ng pananampalataya at alinlangan tungo sa pananalig kay Jesus

Ang Banal na Espiritu ay may tungkulin ng pagbubukas ng mga mata ng sanlibutan. At hindi ba ang sanlibutan ay nasa iglesia sa isang tiyak na lawak? Ang Banal na Espiritu lamang ang nag-iisang maaaring magbukas ng mga mata ng Laodicea. Kaniyang ginigising ang isang pagnanasa para sa Dios sa makasanlibutang mga tao at isang pagnanasa para sa isang malapit na kaugnayan kay Jesus sa mga malahiningang mga Kristiyano. Kaniyang ipinakikita sa atin ang kasalanan na siyang dahilan ng lahat ng iba pang mga pagkakasala: *“Dahil hindi sila nagsisisampalataya sa akin.”*

Ikaw ba ay nananampalataya kay Jesus? Ang ubod ng pananampalataya ay pagtitiwala kay Jesus. Ang tanda na tayo ay tunay na nananampalataya at nagtitiwala sa Kaniya ay kapag ating ganap na itinalaga ang ating mga sarili sa Kaniya. Ito ay isang bagay ng ganap na pagtatalaga, ng bukal sa ating kalooban na sundin Siya sa lahat ng bagay.

Ang Espiritu Santo ay dinadakila si Jesus. Kapag tayo ay puno ng Banal na Espiritu, si Jesus ay nagiging mas mahalaga at dakila sa atin. Isang higit na lalong malaking pagpapahalaga para kay Jesus ang nabubuo sa atin.

Ligtas at Inaring ganap sa pamamagitan ng Pananampalataya

Ang Banal na Espiritu ang nagbubukas ng ating mga mata sa katuwiran ni Jesus. Nang si Jesus ay umakyat sa langit, ang Kaniyang pagpapakasakit ay tinanggap ng Ama. Kaya ang imposible ay naging posible, lalo na’t tinupad ng Dios ang pag-ibig at pagiging matuwid ng magkasabay. Ibig buksan ng Espiritu Santo ang ating mga mata sa napakahalagang kapalit: Kinuha ni Jesus ang lahat ng pagkakasala mula sa sinumang ipinagkatiwala ang kanilang sarili sa Kaniya at binigyan sila ng Kaniyang katuwiran. Ito ang sentro ng mga turo ng Biblia: katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ipinakita sa atin ng Espiritu Santo ang alternatibo ng Diyos

Ang Banal na Espiritu ay binubuksan din ang ating mga mata sa katunayan na ang prinsipeng ng sanlibutang ito ay nahatulan na. Si Satanas ay pinalayas na sa langit. Ang kaniyang kawakasan ay nalalapit. Kapag tayo ay na kay Kristo, kung gayon ay talagang hindi niya tayo mapipinsala, kahit na paulit-ulit tayong nahuhulog sa tukso at nagiging mahina tayo dito sa mundo. Sa 1 Juan 5:18 ay sinasabing: *“Nalalaman natin na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala; datapuwa’t ang ipinanganak ng Dios ay nag-iingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama.”* Isang pagbabago ng pagkapanginoon ay nangyari sa ating buhay. Ibig ni Jesus na iligtas tayo mula sa kasalanan at ingatan tayo mula sa mga atake ni Satana.⁶

Sa kabilang banda, ibig din ng Espiritu Santo na buksan ang mga mata ng mga tao sa katunayan na ang paghuhukom ay darating. Walang sinomang makatatakas sa paghuhukom na ito, malibang kaniyang tinanggap ang regalo ng kaligtasan sa pamamagitan ng tuluyang pagpapasakop kay Jesu Kristo at manatili sa Kaniya. Tiyak na hindi layunin ng Dios na ang mga tao ay maniwala sa pamamagitan ng takot sa paghuhukom. Gayunman, ang kaalaman na ang paghuhukom ay darating ay maaaring maging pampasigla para sa maraming tao upang magsisi. Ito ay hindi magiging tapat kung hindi natin ipakikita sa mga tao ang mga alternatibo sa kung anong paparating. Ang paghuhukom ay isang tulong sa ating pagpapasya.

Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng pang-unawa tungkol sa Katotohanan

Ang Banal na Espiritu ay mag-aakay sa atin sa lahat ng katotohanan. Kaniyang pinalalaya tayo mula sa maling pang-unawa, mula sa mga kamalian at tukso. Kaniya rin tayong inaakay sa katotohanan tungkol sa ating mga sarili, upang tayo, sa tulong ng Dios, ay maituwid ang ating landas kung saan man kinakailangan.

“Ang Mang-aaliw ay tinatawag na ‘ang Espiritu ng katotohanan’. Ang Kaniyang gawain ay upang ipaliwanag at panatilihin ang katotohanan. Siya ay unang nananahan sa puso bilang Espiritu ng Katotohanan, at sa gayon Siya ay nagiging Mang-aaliw. Mayroong kaaliwan at kapayapaan

6 Itong mahalagang paksa ay tinalakay sa kabanata 4 ng aklat na *40 Days, vol 2, Prayers and devotions to Revive your experience with God* ni Dennis Smith. (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2011).

sa atotohanan, ngunit walang tunay na kapayapaan at kaginhawahan na matatagpuan sa kasinungalingan.”⁷

Ang Banal na Espiritu ang nagbubukas ng ating pang-unawa sa hinaharap

Ang Espiritu Santo ay may gawain ng pagpapahayag sa atin ng mga bagay sa hinaharap. Si Jesus mismo ay malinaw na nagwika tungkol sa hinaharap sa Mateo 24, at ang Banal na Espiritu ay may tungkulin na bigyan tayo ng mas higit na liwanag tungkol sa hinaharap. Kapag binigyan natin Siya ng silid, sa gayon maaari rin Niyang buksan ang propesiya para sa atin.

Hindi ba ito kagulat-gulat na ang lahat ng “pitong” mga sulat sa Apocalipsis 2 at 3 ay malapit sa kaparehong paghamon mula kay Jesus: *“Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.”* (Apocalipsis 2:7) Iniaatas rin ni Jesus ang panawagang ito sa atin, ang iglesia sa huling mga araw, na makinig sa Espiritu. Tayo ba ay handa at bukal sa kaloobang gawin ito?

Kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu Santo

Tinukoy ni Jesus ang gawain ng Espiritu Santo sa Kanyang pamamaalam na pananalita: *“Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging saksi ko sa Jerusalem, at sa Buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuhilang hangganan ng lupa.”* (Gawa 1:8) Isa pang gawain ng Banal na Espiritu ay upang bigyan tayo ng kapangyarihan at kakayanan upang tayo ay makapagpatunay para sa Kanya.

“Ibinigay ni Kristo ang Kaniyang Espiritu bilang isang banal na kapangyarihan upang mapanagumpayan ang lahat ng namamana at nilinang na kaugalian sa masama, at upang ikintal ang Kaniyang sariling katangian sa Kaniyang iglesia.”⁸

Ang kapangyarihan mula sa Espiritu ay kinakailangan din para sa kalusugan. Si Don Mackintosh, director ng pagsasanay sa mga lider ng pangkalusugang pangangaral sa Weimar Institute, ay nagsasabi: “Ang ating kailangan ay impormasyon tungkol sa kalusugan na may kinalaman sa kapangyarihan na ito ay maisagawa. Ito ay may kinalaman sa kapangyarihan

⁷ Ellen G. White, *The Desire of Ages* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2002), p. 671.

⁸ Ibid.

na magbago.”⁹ Dito ay may kinalaman sa kapangyarihan ng ebangelio, mas higit nang tiyak ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Siya ay nagdadala ng pagbabago. Atin lamang maipakikita sa iba ang daan, kung tayo ay dumadaan mismo sa landas ng mas mabuting kalusugan. Isang bagay ay sigurado: Ang mayamang biyaya ng Dios ay naghihintay para sa atin.

Pagsasagawa ng mga Elemento ng isang Pagpapanibagong Buhay

Bilang isang iglesia tayo ay nananalangin na ng ilang panahon para sa pagpapanibagong buhay. Ang pananalangin para sa pagpapanibagong buhay ay mahalaga, ngunit tulad ng sabi ni Mark Finley, ito ay mahalaga rin na “ating isagawa ang mga elemento ng pagpapanibagong buhay ayon sa Banal na Kasulatan.”¹⁰

Ang pagpapanibagong buhay sa iglesia ay nakasalalay sa pagpapanibagong buhay ng bawat indibiduwal. Kaya nga maaari bang ako’y mamanhik sa’yo na kunin ang mga hakbang tungo sa iyong personal na pagpapanibagong buhay? Ito ay nag-aakay sa mas makapangyarihan at ganap na buhay, tungo sa tunay at puno ng kaligayahang buhay ng pananampalataya.

Bakit kinakailangan ang Bagong Puso?

Sinabi ni Jesus sa mga mangmang na mga birhen: “*hindi ko kayo nangakikilala.*” (Mateo 25:12) Kung kaya sila ay hindi pinapasok sa kasalan. Sila ay kumakatawan doon sa mga hindi pumasok sa kaharian ng Dios. Ang dahilan ay ang kakulangan ng langis, ang ibig sabihin para sa atin ay kakulangan sa karanasan ng Banal na Espiritu, isang kakulangan sa isang espirituwal na buhay. Ang katagang “mangmang na mga birhen” ay naglalarawan sa ugali ng mga tao, **na siyang hindi nakaranas ng taos na pagbabago ng puso sa pamamagitan ng paggawa ng Banal na Espiritu.**

Tayo ay may makasalanang likas. Kaya tayong lahat ay makasarili, at tayo ay nagdurusa mula dito sa makasariling likas. Yamang walang makasarili ang papasok sa kaharian ng Dios, ang pagbabago ng paguugali ay lubos na kailangan. Ipinakikita ng salita ng Dios sa atin na ang lahat ay

⁹ Dave Fiedler, D’Sozo: *Reversing the Worst Evil* (Coldwater, MI: Remnant, 2000), “Foreword”

¹⁰ Mark Finley, *Revive Us Again* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2010), p. 26

maaaring lumapit kay Jesus bilang siya. Ngunit alam din natin na walang isa na mananatili bilang siya.

Pansinin na ang mga mangmang na birhen ay di kilala ang Dios dahil hindi nila lubos na ipinasakop ang kanilang mga buhay kay Jesus at sa paggawa ng Banal na Espiritu. “Ang ating kaligtasan ay hindi nakasalalay sa kung ano ang ating alam, ngunit sa halip kung sino ang ating kilala ... (Juan 17:3) Ano mang ating alam ay mahalaga, ngunit kung wala ang nakapagliligtas na personal na ugnayan kay Jesus, tayo ay natutukso at sa dulo ay napahamak. Ang pagkaunawa tungkol sa Dios ay hindi tulad ng isang malapit, taos- pusong pagkakilala.”¹¹ Ito ay tiyak na mahalagang dahilan kung bakit si Jesus ay apurahang tinawag tayo na hingin ng patuloy ang Espiritu Santo. Ikaw ba ay nananalangin arawaraw sa ganap na pagpapasakop at paghingi sa pamamagitan ng pananampalataya para sa pagbuhos ng Banal na Espiritu?

¹¹ Dennis Smith, *40 Days, book no. 2*, p.112

*Huwag mamaliitin ang kapangyarihan
ng isang indibidwal upang tumulong
na maihanda ang pagkilos ng
Espiritu ng Dios
sa isang malakas na pamamaraan.
Maaaring ikaw ay tinatawagan ng Dios
para sa panahong tulad nito.*

(Pakibasa ang Esther 4:14-16)

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang apurahang ikinikintal ni Jesus sa iyong puso patungkol sa Banal na Espiritu?*

2. *Sa anong pamamaraan na si Jesus ay ating naging halimbawa sa paghingi ng Banal na Espiritu?*

3. *Anong magkakaibang tungkulin mayroon ang Tagapag-aliw, na kung saan ay ipinangako ni Jesus sa Kaniyang mga disipolo at sa atin?*

4. *Ano ang gaganapin ng Banal na Espiritu sa ating buhay?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Na tayo ay araw-araw na maging may kamalayan ng pangangailangan na hingin ang Banal na Espiritu at upang tanggapin siya sa pamamagitan ng pananampalataya—at angkinin ang mga pangako na ang Banal na Espiritu:*
 - *ay aakayin tayo palayo sa kawalan ng paniniwala at mahinang pananampalataya;*
 - *ay gagawing patuloy na maging malinaw sa atin kung ano ang ibig sabihin ng katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya;*
 - *ay palalayain tayo mula sa maling pagkaunawa, kamalian, at mga tukso.*
 2. *Idalangin ang walang kondisyong pagpapasakop kay Jesus at sa Kaniyang paglilingkod.*

*Paanong mababago
ang ating mga ugali?*

**Ang Banal na Espiritu sa Talinghaga tungkol sa pampaalsa,
ayon kay Jesus**

Sa talinghaga tungkol sa lebadurang ito, si Jesus ay nagwika tungkol sa nakapagbabagong-buhay na kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kapag una mong mabasa ang talinghaga, hindi mo manlang maisip na ito ay maaring may kinalaman sa Espiritu Santo. *“At muling sinabi Niya, Sa ano ko itutulad ang kaharian ng Dios? Tulad sa lebadura na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito’y nalebadurahang lahat.”* (Lukas 13:20-21)

Ang lebadura o pampaalsa ay ginagamit sa pagluluto ng iba’t-ibang uri ng tinapay. Kapag ito ay idinagdag sa harina, ito ay nagsisimula ng proseso ng pagbuburo na nagpapalambot at nagpapagaan sa minasang harina. Sa ganitong paraan, ito ay nagiging kasiya-siya sa panlasa ng tao.harina. Sa ganitong paraan, ito ay nagiging kasiya-siya sa panlasa ng tao.

Ibig ni Jesus na gumawa ng tiyak na prinsipyo ng kaharian ng Dios na maging malinaw sa atin sa pamamagitan ng ilustrasyong ito. Ang talinghagang ito ay may kinalaman sa kagila-gilalas na proseso na kung saan ay nagsimula sa napakaliit. Ngunit pagkatapos ay may katakatakang katapusan, tulad ng pagkakasabi: “hanggang ang lahat ay nakaalsa”. Ibig ni Jesus na lumikha ng Kanyang walang pag-iimbot na pagibig sa atin na kapalit ng ating pagkamakasarili.

Sa isang kahulugan ng talinghagang ito, ibig ni Jesus na ipakita ang impluwensiya ng ebangelio sa mundo. Kahit na ang ebangelio ay nagsimula sa maliit, ito ay lalaganap sa buong sanlibutan sa katapusan. Sa ibang kahulugan, ipinakikita ni Jesus sa atin kung paanong ang nakapagbabagong-buhay na kapangyarihan ng Dios ay gumagawa sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Kaniyang sinabi sa Lucas 17:20-21: *“Ang pagdating ng kaharian ng Dios ay hindi isang bagay na maaaring makita, ni sasabihin man nila, ‘Naririto’ o ‘Naririyang,’ sapagka’t narito ang kaharian ng Dios ay nasa loob ninyo.”*

Para sa mga tao noong unang siglo, ang kaharian ng Dios ay nasa kanilang kalagitnaan sa pamamagitan ng pagkatao ni Jesus. Ngayon, ang kaharian ng Dios ay nagmumula sa ating mga buhay kapag ating tinanggap si Jesus bilang ating Tagapagligtas at Panginoon. Kapag tayo’y nanatili sa Kaniya at Siya’y nanatili sa atin, kung gayon sa ikalawang pagparito ni Jesus ang kaharian na nakikita ay magsisimula para sa atin. Sa isang saglit nais nating tumingin sa pag-unlad ng kaharian ng Dios sa atin ayon sa paninirahan ni Jesus at si Jesus ay maaari lamang mamuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Narito ang mga mahahalagang leksiyon mula sa talinghaga.

Ang nakapagbabagong kapangyarihan ay gumagawang tahimik

Ang “pampaalsa ay ginamit upang kumatawan sa kaharian ng langit. Inilalarawan nito ang nakapagpapasigla, umiintinding kapangyarihan ng biyaya ng Dios.”¹² “Ang pagbabago ay maaaring gawin lamang ng Banal na Espiritu.”¹³ Dito, ito ay may kinalaman sa isang panloob na kapangyarihan na lumalaganap sa lahat ng bagay at maaring magbago sa atin ng ganap. Sa ganitong paraan ibig ng Dios na positibong mabago ang ating likas sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Ang Biblia ay nagsasabi sa atin na ang unang panahon ng pagbuhos ng Espiritu Santo sa kapanahunan sa Banal na kasulatan ay maaring minsan ay hatid ng naririnig at nakikitang palatandaan. Ngunit ang pagbabago ng likas ay nangyayaring tahimik sa atin – kung tayo ay puspos ng Banal na Espiritu. Hanggang sa ating matuklasang bigla na ang isang positibong pagbabago ay nangyari sa atin.

Ang lebadura na nakatago sa harina ay gumagawang hindi nakikita upang magdala sa buong masa sa ilalim ng kanyang proseso ng pagbuburo; kaya ang pampaalsa ng katotohanan ay gumagawa ng lihim, tahimik, matatag, upang baguhin ang kaluluwa. Ang natural na kagustuhan ay pinalalambot at natatalo. Bagong isipan, bagong pakiramdam, bagong motibo ang naitanim. Isang bagong pamantayan ng pag-uugali ay naitaas – ang buhay ni Kristo. Ang isipan ay nabago; ang kakayahan ay napakilos sa bagong mga linya. Ang tao ay hindi pinagkalooban ng bagong kakayahan, ngunit ang kakayahan na nasa kanya ay pinabanal. Ang budhi ay nagising. Tayo ay pinagkalooban

¹² Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, p. 96

¹³ *Ibid.*, pp. 96, 97

ng katangian ng pag-uugali na makagagawa sa atin na maglilingkod para sa Dios.”¹⁴

Bakit ginagawa ng Dios na tayo ay baguhin ng napakatahimik, na hindi mapapansin hanggang sa ating makita ang resulta? Ang tahimik ba na panahon ay kinakailangan para sa pagbabago tulad ng sa kalikasan kapag ito ay muling nagpanauli mula sa tag-lamig? Ang mga matatatag na halaman, halimbawa ay oaks, ay karaniwang tumutubo ng napakabagal. Ang Dios ba ay sinusubok tayo sa ganitong paraan upang makita kung tayo ay tunay na mayroong pagnanasa para sa Espiritu Santo? Kaniya bang sinusubok ang ating pananampalataya? Sa tingin ko. At nais Niyang bigyan tayo ng mabungang buhay (tingnan Juan 15:1-8; Gal 5:22).

Ang kapangyarihan na siyang nagbabago ng ating pag-uugali ay nagmumula sa labas - ito ay wala sa loob natin.

Una, kailangan nating mapagtanto: “Ang tao ay hindi maaaring baguhin ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang nais. Siya ay walang kapangyarihang taglay na kung saan ang pagbabago ay maaaring maisagawa. Ang pampaalsa – ay isang bagay na ganap na mula sa labas – kinakailangang ilagay sa giniling bago ang nais na pagbabago ay maaaring magawa rito.”¹⁵ Ipinapakita dito ni Jesus sa atin na ating kailangan ang isang kapangyarihan na nagmumula sa labas natin para sa pagbabago ng likas. Hindi ba kinakailangan na ating isaalang-alang ang mga salita ni Jesus tungkol sa gayong isang napakahalagang paksa: “*dahil kung wala kayo sa Akin wala kayong magagawa.*” (Juan 15:5) “Upang tayo ay magkaroon ng katuwiran ni Kristo, kailangan nating araw-araw ay mabago ng impluwensiya ng Espiritu, maging isang kabahagi ng makalangit na likas. Ito ay gawain ng Banal na Espiritu upang pataasin ang panlasa, upang pabanalin ang puso, upang padakilain ang buong pagkatao.”¹⁶

Itong mahalagang payo mula kay Jesus ay lubos na kabaliktaran sa kung anong karaniwang itinuturo ngayon. Maging ang pagkamakatao o pagiging pribado, pilosopiya ng tao o ibang sukat ng edukasyon, ito ay binigyang diin na ang kapangyarihan para sa atin na lumago ay nasa ating sarili. Ito lang ay kinakailangang magising sa pamamagitan nito o ng ganiyang pamamaraan.

14 Ibid., pp. 98, 99

15 Ibid., p. 96

16 Ellen G. White, *Selected Messages, bk. 1* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2007), p. 374

“Pansariling pag-kaunawa” ay lagi ring napaguusapan. Ang apostol na si Pablo ay nagsabi tungkol sa kaniyang sarili at ito ay magagamit para sa ating lahat. “*Sapagka’t nalalaman ko na sa akin ... ay hindi tumitira ang anomang bagay na mabuti.*” (Romans 7:18) Sa ilalim ng mga kalagayang ito, ano kaya ang magiging resulta ng pansariling pagkaunawa? Maaari natin itong mabasa sa 2 Timoteo 3:1 “*Na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib.*” Ang kayabangan ay maghahari. Para sa atin ito ay walang kinalaman sa pansariling-pagkaunawa, sa halip ay sa pagkaunawa ni Kristo. Ang pangunahing bagay ay: na ang Espiritu Santo ay manirahan sa atin at positibong baguhin tayo.

Tayo sa ating sarili ay walang anumang kapangyarihan upang baguhin ang ating pag-uugali. Ito ay dapat na magmula sa labas. Kung kaya malinaw na tinawag ni Jesus ang ating pansin sa Lucas 11:9-13 sa katotohanan na dapat nating hingin ang Espiritu Santo, sa katotohanan ay dapat na patuloy nating hilingin ang Banal na Espiritu. Sa panahon na si Jesus ay narito sa mundong ito, Siya ay araw-araw na pinupunong muli ng Espiritu Santo. Para sa atin ito ay mas higit na kinakailangan. Kapag aking iisipin kung ano ang ibig ng Dios na ipagkaloob sa atin araw-araw sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kung gayon aking naiisip na ang ating kahanga-hangang Dios ay ibig na tayo ay yakapin sa bawat umaga. Tulad ng mag-asawa na niyayakap ang bawat isa tuwing umaga.

Si E.G. White ay nagsabi tungkol sa talinghagang ito: “Ang lahat ng kultura at edukasyon na maaaring ibigay ng sanlibutan ay mabibigo na gawin na ang isang anak ng kasalanan ay maging anak ng kalangitan. Ang nakapagbabagong kalakasan ay kinakailangan na magmula sa Dios. Ang pagbabago ay maaari lamang gawin ng Banal na Espiritu. Lahat ng maliligtas, mataas o mababa, mayaman o mahirap, ay dapat na pasakop sa paggawa ng kapangyarihang ito.”¹⁷

Si Winston Churchill, prime minister ng Great Britain sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ay kanya sanang ipahihiwatig: Ating nakuhang kontrolin ang lahat ng bagay maliban sa isa: mga tao. Tama siya. Ang mga tao ay hindi maaaring baguhin ng lubusan ng impluwensiya lang ng tao. Upang ito ay mangyari, ang kapangyarihan na mula sa labas ng sanlibutang ito ay kinakailangan. Ito ay may kinalaman sa kapangyarihan ng Dios, na maaari lamang na gumawang epektibo sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

17 Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, pp. 96, 97 (2007)

Sinasabi ng salita ng Dios sa atin na ang pagkataong nasa loob ay nababago araw-araw (2 Cor. 4:16) ito ay napakahalaga na araw-araw – napakabuti ay unang bagay sa umaga – hingin nang may pananampalataya ang Banal na Espiritu.

Ang Espiritu Santo ay nagsisimulang gawin ang kaniyang gawain sa ating mga puso at pagkatapos ay gagawa na palabas.

Ang susunod na mahalagang leksiyon, na itinuro ni Jesus sa talinghaga tungkol sa lebadura ay kapag tayo ay may pampaalsang epekto ng Banal na Espiritu, tayo ay magsisimulang gagawa ng mga bagay na naiiba mula sa loob palabas: “Tulad ng pampalsa, kapag nakahalo sa pagkain, na gumagawa mula sa loob palabas, ay gayun din ang pagbabago ng puso upang ang biyaya ng Dios ay gumawa upang baguhin ang buhay. Ang panlabas na pagbabago ay di sapat upang dalhin tayo sa pagkakatugma sa Dios. Marami ang kung saan ay sumubok na magbago sa pamamagitan ng pagwawasto nito o ng masamang nakasanayan, inaasahan na sa ganitong pamamaraan sila’y magiging mga Kristiano, ngunit sila ay nagsisimula sa maling lugar. Ang ating unang gawain ay sa puso.”

At sa karagdagan: “Ang pagpapahayag ng pananampalataya at ang pag-aari ng katotohanan sa kaluluwa ay dalawang bagay na magkaiba. Ang pagkaalam ng katotohanan lamang ay hindi sapat. Maaari tayong magtaglay nito, ngunit ang himig ng ating kaisipan ay maaaring hindi nagbago. Ang puso ay kinakailangang kombertido at pinabanal.

Ang tao na kung saan ay sumubok na ganapin ang kautusan ng Dios mula sa diwa ng obligasyon lang – dahil kailangan niyang gawin ito – ay hindi makapapasok sa kaligayahan ng pagsunod. Siya ay hindi sumunod. Kapag ang hinihiling ng Dios ay itinuring na pabigat dahil pinuputol nito ang pagkahilig ng tao, malalaman natin na ang buhay ay hindi buhay Kristiano. Ang tunay na pagsunod ay ang pagsasakatuparan ng isang prinsipyo sa kalooban.”¹⁸

Habang ang pagpapanibagong buhay ay sumusulong sa atin, anomang ating iniisip at ginagawa at sinasabi ay nagmumula sa gawain ng Banal na Espiritu. Makikita ng iba ang pagkakaiba sa kung paano tayo mamuhay. Si Ralph Luther ay nagkomento: “Si Jesus ay masiglang tumutol na kilalanin ang pananampalataya na ito ay isang pangrelihiyong saloobin lamang,

¹⁸ Ibid., p.97

kung saan ay napapabayaang ang praktikal na buhay na hindi nabago sa simula.”¹⁹

Sa “*Ang Bukal ng Buhay*” ating mababasa: “Ang Banal na Espiritu ay hininga ng espirituwal na buhay sa kaluluwa. Ang pagkakaloob ng Espiritu ay ang pagkakaloob ng buhay ni Kristo. Ito ay pumupuno sa tumatanggap na may katangian ni Kristo. Yaon lamang na naturuan ng Dios, yaong nagtataglay ng paggawa ng Espiritu sa kalooban, at kanino man na ang buhay ay nahahayag ang buhay ni Kristo, ay tatayo bilang kinatawan ng sangkataohan, upang maglingkod sa ngalan ng iglesia.”²⁰

Sa buod, itinuro ni Jesus ang mga sumusunod tungkol sa Espiritu Santo:

- ▶ Ang nakapagbabagong kapangyarihan ng Espiritu Santo ay gumagawa sa atin nang hindi nahahalata. Atin lamang napapansin ang mga resulta.
- ▶ Ang nakapagbabagong kapangyarihan sa ating buhay ay kinakailangang magmula sa labas ng ating mga sarili.
- ▶ Ang nakapagbabagong kapangyarihan ay nagmumula sa ating puso at pagkatapos ay gumagawa palabas.

Aking lubos na inirerekomenda na iyong basahin ang kapitulo sa talinghaga ng libadura sa aklat na “*Christ’s Object Lessons*”.

Huling mga salita ni Jesus: Makinig sa Banal na Espiritu

Alam mo ba kung ano ang mga huling salita na binanggit ni Jesus mula sa kanyang kaluwalhatian sa langit para sa iglesia sa huling kapanahunan? “*Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*” (Apo. 3:22) Tinatawagan ni Jesus ang lahat sa atin na makinig sa Banal na Espiritu at ito ang nais nating gawin.

Ako’y Baguhin!?

Ako ba ay tunay na kayang baguhin ni Jesus? Ating kunin ang isang magandang pininta bilang halimbawa. Ang kahalagahan nito ay hindi nagmula sa kalidad ng material na ginamit. Kaunti lamang na pintura, minsan ay kahit mababa ang kalidad, sa kamay ng dalubhasa ito ay maaring mabago tungo sa mamahaling pinta. Tayo ay may makasalanang likas. Ang

¹⁹ Ralph Luther, *Neutestamentliches Wörterbuch*, S. 71, quoted in O. S. von Bibra, *Der Name Jesus* (Wuppertal, 1964), S. 98

²⁰ Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 805

mahalaga lang na ang “material” na ito ay magawa ng isang dakilang pintor. Ibig ni Jesus na gawin ito at kaya niyang gawin ito. Maaari Niyang hubugin ako at ikaw upang maging isang bagay na pararangalan Siya. Ganap na italaga ang iyong sarili sa Kaniyang mga kamay at hingin nang may pananampalataya ang Banal na Espiritu. Ikaw ay mamamangha sa kung anong maaari Niyang gawin para sa iyo, sa loob mo at sa pamamagitan mo.

Isang matandang lalaki ang nakaupo sa Tulay ng London at siya’y tumutogtog ng kaniyang violin. May iilan lamang na barya sa kaniyang sombrero. Isang lalaki ang dumaan sa kaniya ngunit bumalik at sa kaniya’y sinabi: “Ibigay mo sa akin ang violin mo sandali.” Siya ay nagsimulang tumugtog ng napakaganda na anopa’t parami ng parami ang mga taong huminto upang making. Ito ay naging dahilan narin ng munting kaguluhan sa tapiko. Ang pangalan ng tao ay Niccolò Paganini, isang kilalang manunugtog ng violin.

Ito ay nasa iyong pagpili kung ibig mong tumugtog muna ng violin sa iyong buhay o ibig mong ilagay ang iyong buhay sa mga kamay ng dakilang Tagapagturo.

Isang Personal na Patotoo mula sa isang Guro at isa sa Kaniyang mga mag-aaral

“Nang ang munting aklat *Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay* ay iniabot sa aking bahay sambahan mga isang taon na ang nakalipas, natapos kong basahin ito ng mabilis. Na habang ito’y aking binabasa mas marami akong naging karanasan sa Dios kaysa noong una – ito’y umakit at nagpalakas ng loob sa akin. Sa dagdag na dahon ng librito ay natagpuan ko ang sumusunod na mga mungkahi: “Pedagohikong pananaliksik ay ipinakita na kinakailangang basahin o makinig ng anim hanggang sampung ulit sa isang mahalagang paksa hanggang ating lubos na maunawaan ito.” Itong mga salitang nagbibigay ng pag-asa ang umakit sa aking pansin:

“Subukan mo ito kahit minsan. Ang resulta ang magpapaniwala sa iyo.”

Nais kong maranasan iyan, at sa aking ikatlong pagbabasa ito’y sumakop sa akin at ako’y nakaramdam ng dakilang pag-ibig para sa ating Manunubos, na aking pinakaasam sa buong buhay ko. Sa loob ng dalawang buwan ay natapos ko itong basahin ng anim na ulit at ang resulta ay kapakipakinabang. Ito ay para bang aking naunawaan kung paanong si Jesus ay malapit sa atin at maaari nating tingnan ang Kaniyang dalisay,

mabait at mapagmahal na mga mata. Mula noon ay ayaw kong mawala ang ligayang ito mula sa ating Tagapagligtas.

Sa paggising ko sa kinaumagahan, ako ay nananabik na sa aking pang-umagang oras ng pagsamba, upang muli kong maranasan na makasama ang Dios at sa buong maghapon ako'y nananalanging tahimik na ang Espiritu Santo ang tutulong sa aking isipan sa aking pakikipag-usap, sa aking mga halimbawa, habang nagtuturo at nakikipanayam.

Nang ang bata ay manabik ng labis na pansin at kumilos ng alinsunod rito, binigyan ako ng Dios ng lakas at kaalaman kung paano ito pakikitunguhan. Mula noon ang araw ng aking trabaho ay puno ng presensya ng Manlalalang. Kaniya akong tinutulungan nang literal sa aking pang-araw-araw na buhay. Mula noon ako ay nanalangin sa umaga at sa kalagitnaan ng mga panahon para sa pagbuhos ng Espiritu Santo. Ito ay para bang ikaw ay malapit sa langit at maaari mo nang tikman kung ano ang tulad roon.

Habang nagbabasa ng munting aklat ay pumasok sa aking isipan na ang mga estudyante ko sa paaralan ay kinakailangan ding makibahagi sa karanasang ito. Ako ay nagtuturo ng 10-15 taong gulang sa ating Paaralang Adventista ng Elijah sa Vorarlberg, Austria. Kung kaya ako ay nanalangin sa Dios na bigyan Niya ako ng pagkakataon. Hindi nagtagal ako ay nagkaroon ng isa sa pinakakahanga-hangang karanasan kung paanong ang Espiritu Santo ay kumilos sa puso ng mga kabataan.

Isang 13 taong gulang na si Ruffian at ang Banal na Espiritu

Ang karanasan ay nagsimula isang taon bago ko nabasa ang munting aklat tungkol sa Espiritu Santo. Isang bagong estudyante ang dumating sa aming paaralan at sa loob ng ilang araw ang payapang lugar ay nabago sa isang magulong silid. Ang batang lalaki ay 13 taong gulang noon – siya ang pinakamalaki sa lahat ng mga bata at nagtataglay ng kalakasan. Maraming mga bagay na natutunan sa loob ng taon ng pag-aaral at nagdala ng kahanga-hangang bunga ay parang naglaho sa isang saglit.

Pahintulutan nating siya mismo ang maglahad tungkol dito: “Nang ako ay dumating sa aking paaralan sa ngayon, wala akong idea kung anong naghihintay sa akin. Sa ikalawang araw ko sa paaralan pinabayaan ko ang aking sarili na magalit, masapak at sinimulang makipag-away sa isa sa aking kaklase. Sinuntok ko siya kahit na alam kong mas mahina siya kaysa sa akin, kagalitan siya at hindi ko ibig na makita siyang muli. Kalaunan aking napagtanto ang aking kamalian at humingi ng tawad, tulad ng malimit kong ginagawa dati. Pagkatapos niyaon, ako ay nagkaroon ng pakikipag-

usap sa punong-guro. Sa sumunod na mga buwan isang pamamaraan ang nagsimula sa akin. Ito’y kagila-gilalas na ang pamamaraang ito ay ngayon lang nagsimula yamang ako ay anak ng ministro. Nagsimula akong maglaan ng maraming panahon kay Jesus.”

Akala ko ang kabataang ito ay nangangailangan ng higit na natatanging atensyon. Alam niya ang kaniyang kamalian, pinagsisihan ito at sumubok muli, nguni’t hindi siya nagtagumpay ng matagal sa kaniyang sariling lakas. Sa simula, napakahirap na lumipas ang maghapon na wala siyang away, nguni’t unti-unting naging mas mabuti. Pagkalipas ng 6 na buwan kaniyang sinabi, na kaniyang naisip na ang mga dalangin ang nagdala sa kaniya ng malapit sa Dios. Samantala kaniyang pinasimulang manalangin para sa kalakasan sa umaga. Ang kaniyang galit at pakikipagaway ay naging madalang.

Labing-isang buwan na ang nagdaan mula ng siya ay pumunta sa aming paaralan at aming nakikita ang mas marami pang pagbabago. Ngunit ang kaniyang galit, ang silakbo ng kaniyang pagtutungyaw at ang kaniyang kamao ay hindi laging kontrolado. Ito’y natural lamang – sinikap niyang magtagumpay sa kaniyang sariling lakas at pagkaunawa, na minsan ay nangyayari at sa ibang panahon ay hindi naman. Ang aming mga dalangin ay nakagawa ng pambihira, ngunit ang kaniyang isipan ay hindi parin tama, karagdagan pa ay kawalan ng kapangyarihan ng Espiritu na magpabago.

Anong kabutihan ang magagawa nito, kung nakikita ng tao ang kaniyang kamalian, sinusubukang kontrolin ang kaniyang init ng ulo at sa susunod na sandali ay nabigo muli? Sa panahong iyon, saka ko lang napagtanto na ako ay nasa dulo ng aking talas ng isip, nang matanggap ko ang munting aklat na nabanggit sa itaas. Ito ay dumating sa tamang panahon. Saka ko napagtanto kung ano ang aming kakulangan. Ito ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Hindi man lang namin hiniling na kami ay Kaniyang tulongan!

Mula ng ako ay matinag sa mensahe ng *“Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibaong Buhay”* ako ay nagkaroon ng lakas ng loob na tanungin ang batang lalaki kung siya ba ay nagkaroon ng dalangin para sa Espiritu Santo. Hindi – ‘di siya nagkaroon kailanman. Sumunod ay sinubukan kong pukawin ang kaniyang interes sa librito. Gayunman, hindi ko ibinigay sa kanya agad ito. Kailangang ito ay talagang nais niya. Hindi nga nagtagal ay hiningi niya ang munting aklat.

Muli sa kaniyang sariling mga salita: “Noong Nobyembre 2012 binigyan ako ng aking guro ng librito *‘Mga Hakbang Tungo sa Personal na*

Pagpapanibagong Buhay. May pananabik akong sinimulang basahin ito. Sa panahong iyon ay hindi ko gaanong alam ang gawain ng Espiritu Santo.”

Sa unang araw palang ay kaniya nang naubos ang halos dalawang kabanata pagkatapos ay tinanong niya sa akin kung ilang ulit ko nang nabasa ito. Kaniyang madaliang sinimulang basahing muli ang mga kabanata at ibig niyang gawin ng ayon sa kung ano ang mungkahi ng librito: basahin ito ng 6-10 ulit.

Mula noon marami ang nagbago. Mula Disyembre 2012 ay wala nang suntukan at pagkakagulo – Halos hindi ako makapaniwala. Ang mga batang lalaki na lagi niyang sinasaktan araw-araw ay naging kaniyang kaibigan at sila ay nagkakasamang may kaayusan. Siya ay lubusang nagbago – siya ay magalang at naging mapagbigay at kapayapaan ang sumaklaw sa kanyang mapusok na pag-uugali. Ang kaniyang mga kaklase ay makapagpapatunay na ang Dios ang gumagawa. Makikita mo ang bunga araw-araw. Sa kapurihan ng Dios ay nais kong banggitin na ang batang ito ay nagdesisyon na mabautismuhan noong June 2013. Kung ‘di dahil sa Espiritu Santo. ...

Laging nasa isipan ko na kaya kong pamahalaan ang bata at makita niya ang mga dahilan. Ginampanan namin ang pagtitiyaga, atensiyon at pakikipag-usap ng maraming ulit. Ngunit ito ay hindi pangmatagalan. Ang Dios ang dapat na mamagitan at ako’y turuan na ang Kaniyang Espiritu, ang siyang gumawa na ang imposible ay maging posible. Balang-araw kapag ang kabataang lalaking ito ay nasa langit, kung gayon aking kikilalanin na ang Dios ang nagdala. Nang ako ay nasa dulo na ng aking karunungan at sa katapusan ay aking naunawaan na hindi ko kayang akayin siya, noon din ay nagsimulang gumawa ang ating Dios sa kanya. Nakakapagbigay ng kalakasan sa akin na makitang walang mga pangyayari na walang pag-asa para sa Dios. C. P.

Panalangin: Amang nasa langit, salamat sa napakahalagang regalo ng Espiritu Santo. Paki-usap ako’y iyong patawarin dahil sa kapabayaan ko sa Banal na Espiritu. Mula ngayon ako’y iyong tulungan na ibigay sa Kaniya ang pinakamataas na pagtangi. Aking hinihiling sa Iyo na itaas mo ang aking pang-araw-araw na buhay tungo sa bagong antas. Paki-usap gumawa kayo sa akin upang aking hilingin araw-araw ang Banal na Espiritu. Si Jesus ay araw-araw na hiniling ang Espiritu Santo. Paki-usap tulungan mo akong sundan ang Kaniyang halimbawa.

*Ang inyong pananalita
nawa'y laging may biyaya,
na magkalasang asin,
upang inyong maalaman kung ano ang
nararapat ninyong isagot sa bawat isa.*

Colosas 4:6

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Anong mga turo tungkol sa paglilingkod ng Banal na Espiritu ang maari nating matutunan mula sa talinghaga ng libadura?*

a) *Paano nangyayari ang pagbabago ng ating likas?*

b) *Ano ang ibig sabihin ng pangungusap ni Jesus, “Sapagkat kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.” para sa ating pagbabago ng karakter?*

c) *Ano ang ating nauunawaan tungkol sa pamamaraan ng paggawa ng Banal na Espiritu sa ating pagbabago ng ugali?*

2. *Si Jesus ang pintor, at tayo ang Kaniyang larawan. Anong mga aral ang maaari nating matutuhan mula sa isipang ito?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Na sa pamamagitan ng aktibong biyaya ng Dios tayo ay makakaranas ng patuloy na paglago.*
 2. *Na tayo ay patuloy may kaalaman na ang kapangyarihang pagbabago ay mula sa labas natin at hindi lumabas sa atin, kahit gaano pa tayo kalakas ang loob.*
 3. *Na ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang baguhin tayo ay maging unti-unting mapansin sa ating buhay.*
 4. *Na sadya nating makita ang nakapagbabagong kapangyarihan ng Dios sa ibang tao.*
 5. *Na maari nating alalayan ang mga tao kapag nais ng Dios na gamitin tayo bilang isang katuwang.*

PAGPAPASAKOP KAY JESUS

*Nawalan ba ako ng sarili kong kalooban?
O ako ay magiging mas malakas?
Ano ang maaaring humadlang sa'kin upang
isuko ang aking sarili kay Jesus?
Ang pagpapasakop ba sa Dios ay
nangangahulugan na dapat nating isuko
ang sarili nating kalooban?*

Hindi natin lubos na maidiin itong mensahe na nagpapalakas loob: tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya (Juan 3:16; Gawa 16:31, at iba pa). Ang pangunahing likas ng banal na pananampalataya ay pagtitiwala. Sinomang nagtitiwala kay Jesus ay ipagkakatiwala ang kanilang sarili sa Kaniya. Ito ay nangangahulugan na tayo ay naligtas dahil ating ipinagkatiwala ang ating sarili sa Dios sa pamamagitan ni Jesu-Kristo. Ang nagtitiwalang pagpapasakop ay malinaw, nakikitang tanda ng tunay na pananampalataya.

Ang lubos na pagsuko ay susi sa kaligtasan, sa pagkapanganak na muli, sa pagtatagumpay laban sa kasalanan at tukso, at sa kaganapan ng Banal na Espiritu.²¹

“Silang tumanggap kay Kristo sa kaniyang salita, at isinuko ang kanilang kaluluwa sa kaniyang pag-iingat, ang kanilang buhay sa kaniyang pagsasaayos, ay matatagpuan ang kapayapaan at katahimikan. Walang anuman sa sanlibutan ang makapagpapalungkot sa kanila kapag si Jesus ang sa kanila’y nagpapaligaya sa pamamagitan ng kaniyang presensiya. Sa lubos na pagpayag ay mayroong lubos na kapahingahan.”²² Ang Banal

²¹ Garrie F. Williams, *How to Be Filled With the Holy Spirit and Know It*, German version (Lüneburg, 2007), p. 78

²² Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 331

na Espiritu ay ang regalong pagpuputong na ibinigay ni Jesus sa kaniyang mga alagad. Ang Dios ay wala nang maibibigay ng higit dito. Ang Banal na Espiritu ay ang kaloob na nagdadala ng iba pang mga kaloob. “Ngunit tulad ng iba pang mga pangako, ito ay ipinagkakaloob ng may mga kondisyon. Marami ang naniniwala at nagpapahayag ng paniniwala at nagpapahayag ng paniniwala upang angkinin ang pangako ng Panginoon. Sila ay nag-uusap ng patungkol kay Kristo at tungkol sa Banal na Espiritu, ngunit wala silang napapala. Hindi nila isinuko ang kaluluwa na upang gabayan at kontrolin ng banal na ahensiya.”²³

Ang pagtanggap ng kaloob na ito ay napapasailalim sa mga kondisyones. Lagi tayong nagsasalita tungkol kay Kristo at sa Banal na Espiritu at wala parin tayong natatanggap na anumang pagpapala. Bakit? Hindi tayo lubusang nagpasakop sa Kaniya, upang tayo ay maakay at magabayan Niya. Marami ang hindi isinuko ang kanilang mga sarili sa Dios – kadalasan ay bunga ng kawalang alam – ngunit sa halip ay kinuha ang kanilang mga buhay sa loob ng kanilang mga sariling kamay. Ito ang maaaring dahilan ng kakulangan ng Banal na Espiritu. “Ang lahat ay maaaring tiyak na ang pagiging tapat sa maliliit na bagay ay isang ebidensiya ng pagiging angkop para sa mas malaking mga responsibilidad. ...”

“... [Kapag ito ay hindi nagawa kung gayon] hindi siya nagtagumpay na magkaroon ng biyaya, ng kapangyarihan, ng lakas ng karakter, na kung saan ay natatanggap sa pamamagitan ng pagpapasakop ng lubos.”²⁴

Aking paglalakbay upang sumuko

Ako ay isang negosyante, sa gulang na 36, nang ang isang kaibigan, na kung saan ay isang pastor, ay kaginsa-ginsa’y pumanaw. Ito ay nagdala ng katanungan sa aking isipan. Ano ang mangyayari, kung ako ay tawagan ng Dios upang maging pastor? Hindi ko nais ang lahat ng ito. Sa loob ng buong sanlinggo, ako ay lumaban ng mapait na pakikipaglaban. Ako ay nakipag-usap sa Dios sa umaga, tanghali at gabi: Sa bawat panahon aking ipinapaliwanag sa Kaniya kung bakit ayaw kong maging isang ministro at kung ano ang maaari kong gawin sa halip. Makalipas ang isang linggo, kailangan kong tanggapin na tila hindi dinidinig ng Dios ang aking mga pagtutol. At habang ako ay nakaluhod sa tabi ng aking highaan at wala nang

²³ Ibid., p. 672

²⁴ Ellen G. White, *Prophets and Kings* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2002), pp. 218, 219

anupamang argumento, isang tahimik na pag-iisip ang dumating sa aking isipan. *Mahal ka ng Dios! At aking naisip: Oo, ako'y naniniwala dito.*

Makalipas ang ilang minuto, ang pagtitiwala sa pag-ibig ng Dios ang nag-akay sa akin upang lubusang isuko ang aking sarili sa Panginoon. Pagkatapos niyaon, ako ay may dakilang kapayapaan. Sa katunayan, ako ay tinawagan ng Panginoon sa nakalipas na isa at kalahating taon upang maging pastor. Ngayon ako ay labis na nalulugod sa Kaniya. Ito ay ang Kaniyang walang katapusang pag-ibig at kaalaman na nagpakita sa akin ng ganap na kakaibang paraan kaysa sa isa na nasa aking isipan. Sa pagalaala, aking malinaw na nakita na ang pagsuko na ito ay nagpalaya ng dakilang mga pagpapala sa aking buhay. Inakay ako ng Dios sa pinakamahusay na daan na maaari sa aking buhay.

Bakit susuko?

Ang katagang “pagsuko” ay malamang na naipaliwanag sa aklat na *Paglapit Kay Kristo*: “Ibig ng Dios na tayo’y pagalingin, upang tayo ay palayain. Ngunit yamang ito ay nangangailangan ng kabuuang pagbabago, ng pagbabago ng ating buong likas, kinakailangan nating isuko ang ating buong sarili sa Kanya ...

... Kaniyang inihanda sa atin ang ruok ng pagpapala na kung saan ay hangad niyang ibalik tayo sa pamamagitan ng biyaya. Inaanyayahan niya tayo na ibigay ang ating mga sarili sa Kanya, upang Kaniyangmagawa ang Kaniyang kalooban sa atin. Nananatili para sa atin ang pagpili kung nanaisin natin na lumaya sa pagkakasala, upang makabahagi sa maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Dios.”²⁵

Ang ating pagsuko sa Dios ay nagdadala ng napakalawak na pagpapala. Inaanyayahan tayo ng Dios na isuko ang ating mga sarili sa Kaniya, dahil ibig Niyang pagalingin at palayain tayo. Mula saan?

Angbawat kaluluwa na tumatangging ibigay ang sarili sa Dios ay nasa ilalim ng ibang kapangyarihan. Siya ay hindi sa kaniyang sarili. Maaari niyang sabihin ang tungkol sa kalayaan, ngunit siya ay nasa higit na kaaba-abang pagkaalipin. Siya ay hindi pinahihintulutan na makita ang kagandahan ng katotohanan, dahil ang kaniyang isipan ay nasa ilalim ng kontrol ni Satanas. Habang binubola niya ang kaniyang sarili na siya ay sumusunod sa dikta ng kaniyang sariling pagpapasya, kaniyang sinusunod ang kalooban ng prinsipeng kadiliman. Si Kristo ay naparito upang sirain ang tanikala ng

25 Ellen G. White, *Steps to Christ* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 1999), pp. 43, 44

pang-aalipin ng kasalanan mula sa kaluluwa. “Kung ang anak nga ay gawin kang malaya, ikaw nga ay tunay na malaya.” *“Ang kautusan ng Espiritu ng buhay kay Jesu- Kristo”* ay *“nagpapalaya sa atin mula sa batas ng kasalanan at kamatayan.”* (Rom. 8:2)²⁶

“Ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay ang kapangyarihang nagbibigaybuhay ng Banal na Espiritu. ... Ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay at kalayaan, kasalungat sa batas ng kasalanan, na kung saan ay lumilikha lamang ng kamatayan at paghatol.”²⁷

Kapag si Jesus ay pinahintulutan na gumabay sa ating mga buhay, sa gayon ay may kakayahan Siyang palayain tayo mula sa kalupitan ng ating sarili (inggit, sama ng loob, pagiging pala-away, kasakiman, pagkagumon, galit, pagmamataas, pagmamapuri, kawalang pag-asa, kahinaan ng masamang palagay, atbp.). Sa pagbabagong nangyari nang ang kaluluwa ay nagpasakop kay Kristo, ay mayroong pinakamataas na kalayaan.”²⁸ Alalahanin: Ang bawat taong nilalang ay sarili niyang pinakamalaking suliranin. Ikaw ang iyong pinakamalaking problema. Tanging Dios lang ang may kakayanan na akayin tayo sa tunay na kalayaan.

Ngunit ang magpapalayok ay maaari lamang gawin ang putik na nasa Kaniyang mga kamay. Iyan kung bakit tayo ay nagpapasakop sa Dios. Ito ay kung paanong ibig ng Dios na palayain tayo mula sa kapangyarihan ng kasalanan at bigyan tayo ng banal na pag-gabay at pag-iingat.

“Nais ng Dios na pagalingin tayo, upang tayo ay maging malaya. Ngunit dahil ito ay nangangailangan ng kabuuang pagbabago, isang pagbabago ng ating kabuuang likas, kinakailangang ipaubaya natin ang ating mga sarili ng buo sa Kaniya.”²⁹ “Ang pagsuko ng lahat ng ating kapangyarihan sa Dios ay lubos na nagpapagaan ng suliranin sa buhay Pinahihina nito at pinaiikli ang libong pakikipagbaka na kasama ang hilig ng natural na puso.”³⁰

Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagsuko?

Ang Roma 6:13 ay nagsasabing, *“At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Dios, na tulad sa nangabuhay*

26 Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 466

27 *Seventh-day Adventist Bible Commentary*, Vol. 6, p. 560 to Rom. 8,2

28 Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 466

29 Ellen G. White, *Steps to Christ*, p. 43

30 Ellen G. White, *My Life Today* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 1999), p. 6

sa mga patay, at ang inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Dios.” Ayon sa talatang ito, ang pagsuko ay nangangahulugan na ipadaig ang iyong sarili sa Dios at ilagay ang iyong sarili sa Kaniyang pagkakaayos.

Si Hannah W. Smith, isang Kristianong tagapag-akda, ay nagpahayag ng sumusunod tungkol sa talata: “Sa pagsuko ng isang bagay ay nangangahulugan ng mas higit pa sa pag-abot ng isang bagay, upang ibigay ang isang bagay para maging pag-aari at pangasiwaan ng iba. Ang pagsuko ng ating mga sarili sa Panginoon ay nangangahulugan ng gayon ding bagay. Pagkatapos, ang Panginoon ang may kapangyarihan ng pagkontrol at pagmamay-ari sa atin. Ibig sabihin nito ay pagtanggap ng ating mga sarili at pagsuko ng ating sarili.”³¹

Roma 12:1 ay nagsasabi, “*Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alang- alang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.*” Anong dahilan ang ibinibigay ng talatang ito para sa pagpapasakop ng ating mga buhay sa Dios? “... ang kahabagan ng Dios.” Ito ay malinaw na ipinapakita sa atin: Kinakailangan nating isuko ang ating mga sarili sa Dios ng pag-ibig.

Ang pagsuko ay nangangahulugan ng ganap na paglalagak ng ating mga sarili sa mga kamay ng Dios, na nasa Kaniyang pagsasaayos, ibinibigay ang ating mga buhay sa Kanya bilang isang hain, hindi bilang isang lumangtipang hain na nasunog, ngunit bilang isang buhay na hain-na ang mga buhay para sa Kanya mula sa panahon ng pagsuko.

Kapag aking babalikang muli ang aking buhay ay masasabi kong: bago ang aking pagsuko para sa akin ay isang sakripisyo. Pagkalipas, aking napagtanto na ito ay hindi isang sakripisyo, ngunit sa halip ito ay walang hanggang pagpapala.

Si Johannes Mager ay nagkomento: “Pagsuko, pag-iwan, pangako, ang kabuuan ay nasa sa pagsasaayos ng Dios – ito ay mga seryoso, ngunit nakakapagpasiglang kataga. Ang pagsuko ay walang kinalaman sa damdamin o kalooban. Ito ay nangangahulugan ng pagkakaloob ng ating mga sarili sa Isa na ating mahal.”³²

2 Corinto 5:15 ay nagsasabing kung ano ang resulta ng pagsuko: “... at Siya’y namatay dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kaniyang sarili, kundi doon sa namatay dahil sa kanila at

31 Hanna W. Smith, *Christsein täglich* (To Be a Christian Daily) (Asslar, 1994), p. 38

32 Johannes Mager, *Unser größtes Bedürfnis* (Our Greatest Need) (Lüneburg, 2011), S. 47, 48

muling nabuhay.” Ang pagsuko ay nangangahulugan na mamuhay para kay Jesus.

Upang mabuhay para kay Jesus ay hindi lang ibig sabihin ng paglingkuran Siya ng buong oras, ngunit sa halip: *“At anomang inyong ginagawa , sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus, na nagpapasalamat kayo sa Dios sa pamamagitan Niya.”* (Colosas 3:17)

Sinabi ni Charles T. Studd: “Kung si Jesu-Kristo ay Dios at namatay para sa akin, kung gayon ay walang sakripisyo na napakalaki para sa akin na madadala sa Kanya.”³³ – Ang taong ito ay ginagawa ang kanyang sinabi. Siya ay nasa mataas na atleta ng England. Nang siya ay naging Kristiyano kaniyang isinuko ang kanyang bukasyon, ibinigay ang milyun-milyon sa missionary society at pumunta sa China bilang misyonero, sa huli sa India at sa katapusan sa Africa. Ang missionary society na kaniyang naitatag ay nagpapatuloy pa na mayroong 1,800 na mga misyonero na nagtatrabaho sa buong mundo. Kaniyang isinuko ang kaniyang buhay kay Jesus.

Ibinigay ni Jesus ang Kaniyang sarili sa atin at para sa atin

Ang isang mahalagang katotohanan ay hindi dapat na isawalang bahala. Ang pagsuko ay hindi isang may pinapanigang bagay. Unang ibinigay ni Jesus ang kaniyang sarili sa atin. Ibinigay niya ang lahat ng bagay na maaaring ibigay ng Dios at tayo ay kaniyang inaanyayahan na ibigay ang lahat ng ating maaaring ibigay. Ito ay isang bagay na ang lahat ng bagay ay para sa lahat ng bagay. Lamang ay mayroong isang mundo ng pagkakaiba sa pagitan ng lahat ng bagay ng Dios at lahat ng bagay ko. Gayon pa man, walang sinoman ang makapagbibigay ng higit sa lahat ng bagay.

- ▶ Ang pagsuko ay nag-aakay sa isang kahanga-hangang ugnayan kay Jesus at sa Ama. (Ikaw ay mananatili sa Kaniya – Juan 14:23; Ihahayag ni Jesus ang Kaniyang sarili sa iyo – Juan 14:21.)
- ▶ Sa pamamagitan ng pagsuko tayo ay humahantong sa kaalaman ng katotohanan. (Juan 7:17 – Kung ang kalooban ng sinoman ay gawin ang kalooban ng Dios, malalaman niya ito ...)
- ▶ Sa pamamagitan ng pagsuko tayo ay nakikinabang ng dakilang kapangyarihan sa pananalangin. (1 Juan 3:22- Anomang ating hingin, ating matatanggap.)
- ▶ Ang pagsuko ay daan tungo sa ganap na katuwaan. (Juan 15:11 – Ang iyong katuwaan ay malulubos.)

33 Norman B. Grubb, Charles Studd, *Kein Opfer zu groß* (No Sacrifice Is Too Great), “Introduction.”

- ▶ Ang pagsuko ang susi sa isang saganang buhay. (Juan 10:10; Efeso 3:19)
- ▶ Ang pagsuko ang pundasyon upang ang Dios ay gumawa sa pamamagitan ng aking buhay. (Juan 7:38 – mga ilog ng tubig ng buhay; Juan 14:12-lalong malaking mga gawain; Juan 15:4,5 – napakaraming bunga.)
- ▶ Si Satanas ay walang puwang sa kanila na sumuko sa Dios. (1 Juan 5:18-hindi siya ginagalaw ng masama, malibang ito ay nasa ilalim ng tiyak na pahintulot ng Dios, tulad ng karanasan ni Job. Ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti at hindi labis sa kung anong ating makakaya.)

Limang antas ng pagsuko

Isang akda ay nagsasalita tungkol sa limang antas ng pagsuko:

- ▶ Ang pagbibigay ng salapi ay ang pinakamababang antas ng pagsuko.
- ▶ Sunod ay ang pagsuko ng panahon.
- ▶ Pagkatapos ang kasunod ay ang pagsuko ng ating kapangyarihan at kasanayan, ang ating paglilingkod.
- ▶ Pagkatapos niyan ay ang pagsuko ng lahat ng aking mga takot at pagasa, na kung saan kabilang dito ang lahat ng nabanggit sa itaas.
- ▶ Ang pagsuko ng aking buong katauhan – na kung saan ang ibig sabihin ay ganap na pagpapasakop ng aking kalooban at buhay kay Jesus.³⁴ Itong huling punto ay inilalarawan ang tunay na pagsuko.

Ito’y kahanga-hanga na ating isuko ang ating mga sarili sa ating Ama na nasa langit, dahil tayo ay nagtitiwala sa Kaniyang pag-ibig at hindi pinababayaang mawala ang mga bagay tulad ng alibughang anak sa talinghaga ni Jesus. Siya ay sumuko ayon sa kasunduan nang siya ay tumama sa ilalim ng bato ng kaniyang buhay at saka lang siya nagdesisyon na bumalik sa tahanan. Habang siya ay malapit na sa bahay ng kaniyang mga magulang, ay dumating ang kaniyang ama upang siya ay salubungin at yakapin. Kaniyang ganap na tinanggap siya bilang kaniyang anak. Doon lamang niya malinaw na naunawaan ang pag-ibig ng kaniyang ama. Ito ang pumihit sa kaniyang pagsuko sa kasunduan tungo sa pagsuko na dulot ng pag-ibig.

³⁴ Dean M. Kelley, “How Adventism Can Stop Growing,” *Ministry*, February 1983, p. 4

Isang nakapanlulumong pangyayari

Ang mga sumusunod na pangyayari ay nangyari sa France at tumulong na ilarawan ito: ang asawang babae ng isang mayamang Frances ay nagtapat ng isang lihim sa isang tao. Ang isang babae ay may dalang isang maliit na bote ng lason sa kaniyang kamay. Siya ay nagpaplanong kitilin ang kaniyang buhay dahil sa kahirapan sa kaniyang buhay may asawa. Kaniyang sinabi: “kahapon lang ako nagreklamo sa aking asawa; ngunit siya ay sumagot sa pagkabigla at pagkalito: ‘ano pa ang gusto mo? Na sayo ang aking tseke (ibig sabihin ay nasa kaniya ang pera ng kaniyang asawang lalaki ayon sa ibig niyang gastusin), pag mamay-ari mo ang aking bahay, kumakain ka sa mesa ko. Lahat ng bagay na kasaganaan at antas na maaaring ialok sa’yo ay pag-aari mo, at nagreklamo ka pa?’ Sinabi ko sa kaniya Ibig ko ang puso mo, ibig kong mahal in mo ako. At kaniyang ibinulalas: ‘Hindi maaaring mapasaiyo yan. Alam mo na ang puso ko ay pag-aari ng ibang babae. Ang lahat ng pag-aari ko ay sa iyo, ngunit ang aking puso, aking pagmamahal, ito ay hindi mo maaaring hingin pa mula sa akin.’”³⁵

Walang sinoman na nagmamahal sa isa, na magiging masaya sa ganong sagot. Ang babae ay walang pakialam kung gaano karami ang pagmamay-ari ng kaniyang asawang lalaki, ngunit ang mahalaga sa kaniya ay siya mismo bilang tao.

“Ang ating dakilang Panginoon ay walang nais na bagay mula sa akin. Nais niya ako. Hindi ibig ni Jesus ang bahagi ng aking pag-aari, o ang aking talento o kakayahan.”³⁶ Ibig Niya ako, dahil mahal Niya ako at ibig na ako ay maging masaya.

Kinakailangan nating “isuko” ang ating mga sarili, kinakailangan nating ibigay ang ating mga sarili kasama ng lahat ng bagay na mayroon tayo. Kinakailangang isuko natin ang ating mga sarili sa Kaniyang pangangalaga, pangunguna, direksyon at kalooban ng Dios. Ito ang ating katampatang paglilingkod na panawagan sa Roma 12:1 sa atin.

Kapag ang salita ng Dios ay nagsabi ng tungkol sa ganap na pagsuko na: “Ito ang inyong makatwirang paglilingkod”, kung gayon ito ay maaari lamang mangahulugan na ang pagsuko sa Dios ay ang pinaka makatwirang bagay na maaari nating gawin. Ano ang higit na makatwiran kaysa ilagay ang ating katayuan sa mga kamay ng isang mahusay na manggagamot, kapag tayo ay maysakit? Ano ang higit na makatwiran kaysa ipagkatiwala ang aking sarili sa isang sanay na gabay kapag ako ay naliligaw?

³⁵ Oswald Smith, *The Man God Uses* (New York: The Christian Alliance Publishing Company, 1925), p. 26

³⁶ Johannes Mager, *Unser größtes Bedürfnis* (Our Greatest Need) (Lüneburg, Werner E. Lange, 2011), S. 48

Ang ganap na pagpapasakop ay hindi isang kawalan, ngunit sa halip ay isang napakalaking bagay na may halaga. Kumpara sa Dios ako ay dukha, mangmang, at kaawa-awa. Hindi ba ito katuwiran na ilagay ang aking sarili sa mga kamay ng Dios? Kinakailangan na ako ay magtiwala sa Isa na lumikha sa akin, na ibig na ako ay mabuhay, na nagmamahal sa akin at kayang pangalagaan ang lahat kong pangangailangan. Sa pamamagitan ng ating pagpapasakop, ang walang hanggang pag-ibig at kapangyarihan ay nasa ating tabi. Ito’y pagpasok sa buhay na pinangunahan ng Dios.

Ang ganap nating pagpapasakop ay ang pasimula ng isang higit “na masaganang buhay” (Juan 10:10) na ibig ni Jesus na ipagkaloob sa atin. At ang pagsuko ring ito ay malinaw na may kinalaman sa pagtatagumpay laban samasama tulad ng pinatutunayan ng Apokalipsis 12:11: “*At siya’y kanilang dinaig dahil sa (1) dugo ng Cordero, at (2) dahil sa salita ng kanilang patotoo; at (3) hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan.*” Ipinakikita dito na ang ganap na pagpapasakop ay kinakailangan upang managumpay sa kasalanan at kay Satanang at yaon ang ating pinakamainam na bagay na maaari nating gawin.

Sa “*Christ’s Object Lessons*” ay mababasa natin ang mga sumusunod: “Huwag sabihin ng sinoman, hindi ko malulunasan ang depekto ng aking ugali. Kung ika’y dumating sa ganitong desisyon, ikaw ay siguradong mabibigo sa pagkakaroon ng walang hanggang buhay. Ang hindi ikapangyari ay nakasalalay sa iyong sariling kalooban. Kung ayaw mo, kung gayon ay hindi ka mananagumpay. Ang tunay na kahirapan ay lumilitaw mula sa katiwalian ng isang hindi napaging banal na puso, at ang ayaw na pasakop sa kontrol ng Dios.”³⁷ “Kay Jesus, na ibinakante ang Kaniyang sarili para sa kaligtasan ng napahamak na sangkatauhan, ang Banal na Espiritu ay ibinigay ng sagana. Kaya ito ay ibibigay sa bawat tagasunod ni Kristo kapag ang buong puso ay isinuko sa Kaniyang paninirahan”³⁸

Makikita natin dito na:

- ▶ Ang Espiritu Santo ay naninirahan kay Jesus ng sagana.
- ▶ Ninanais Niya para sa atin na mamuhay ng ganap na pagpapasakop upang ang Espiritu Santo ay maaaring manirahan sa atin ng ganoon ring lawak.

37 Ellen G. White, *Christ’s Object Lessons*, p. 331

38 Ellen G. White, *Thoughts From the Mount of Blessing* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 1999), p. 20

- ▶ Para sa kadahilanang ito ibinigay ni Jesus ang utos: “*Mangapuno kayo ng Espiritu.*” Sa orihinal na talatang Griego ito ay ibig sabihin na: “*Hayaan ang inyong mga sarili na patuloy at paulit-ulit na mapuno ng Espiritu Santo.*” (Efeso 5:18)
- ▶ Ang Kaniyang layunin ay, na tayo ay magkaroon ng buhay na lalong sagana. (Juan 10:10, Col.2:10)

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang banal na kondisyon upang matanggap ang Banal na Espiritu?*

2. *Ano ang ibig sabihin ng lubusang pagpapasakop, at anong epekto mayroon ito?*

3. *Ang ganap na pagsuko ay isang susi? Aling mga pagpapala ang maaari ko lamang tanggapin sa pamamagitan nito?*

4. *Ano ang limang antas ng pagsuko? Isang antas lang ang tunay na pagsuko. Alin iyon? Isipin ang tungkol sa iyong pagsuko.*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Para sa isang lalo pang pang-unawa kung anong ibig sabihin na maligtas sa pamamagitan ng pananampalataya.*
 2. *Sa pagpapasalamat sa Dios sa pagpapala ng pagsuko na iyo nang naranasan.*
 3. *Na ang Banal na Espiritu ay pangunahan ka sa iyong landas ng buhay at sa lahat ng desisyon sa iyong buhay.*

*Ano ang maaaring humahadlang
sa atin upang magpasakop?
Ang pagpapasakop ba sa Dios ay
nangangahulugan na dapat nating isuko ang
sarili nating kalooban?*

Para sa akin, ang humahadlang sa pagsuko ay ang pag-alala tungkol sa aking trabaho. Upang maging tumpak, ako ay nag-aalala na pagkatapos ng aking pagpapasakop sa Dios ay tatawagin Niya akong maging pastor.

Si Edwin Orr ay nakatagpo ng kakaibang mga balakid. Ito ay napakalinaw sa kaniya sa kaniyang kabataan, sinasi niya:

“Kinakailangan kong sumuko ng lubos sa Panginoon. ... Sa unang pagkakataon sa aking buhay napagtanto ko na kinakausap ako ng Dios. Nangusap ang Banal na Espiritu sa aking puso. Sinabi ko sa Panginoon na ibig kong lubos na isuko ang lahat sa Kaniya. Ang tinig ng aking puso ay nagtanong: ‘Paano ang tungkol sa paborito mong kasalanan?’ ... Aking ipinahayag ito at nangakong hindi na uulitin ang mga ito. Ang tinig mula sa aking kalooban ay nagpatuloy: ‘Paano ang iyong kagustuhan?’ Ito ay dumating bilang isang lubos na sorpresa sa akin. Kaya sinabi ko sa Panginoon: Ako ay handang humayo sa kung saan ibig mo na ako ay pumaroon o manatili sa tahanan ... Pagkatapos, ang Espiritu ng Dios ay nagsalita sa akin tungkol sa dios-diosan na tinatangi ng aking buhay. Ito ay ang isang babae na mahal na mahal ko. Ang Panginoon ay nagtanong sa akin kung pumapayag ako na isuko ang babaeng ito kung hihilingin Niya. Pagdaka ay aking napagtanto na ang aking kalooban ay naglalagay ng hadlang sa pagkakataong ito. Ayaw kong gumawa ng ganoong sakripisyo.

... Sa puntong ito ay huminto ang Espiritu Santo sa pakikipag-usap sa akin. Sa isang sandali, nakaka-alarma na ang aking puso ay parang naging walang laman. Aking napagtanto ito ng mabilis at pagkatapos ay muli kong naramdaman ang paghahangad na muling mapuno ng Espiritu. Sa panahong ito ay lubusan kong isinuko ang aking sarili sa Panginoon. Handa kong isuko kahit ang bahaging ito ng buhay ko sa Kaniya ... ang aking puso ay napuno ng hindi maipaliwanag na pag-ibig, katuwaan at kapangyarihan ... Sa unang pagkakataon aking naramdaman sa buhay ko na lubos kong

kilala ang aking Dios at Tagapagligtas at ang pagiging Kristiano ay higit pa sa turo at pilosopiya.”³⁹

Nakamit ng Dios ang dakilang bagay sa pamamagitan ng buhay ni Edwin Orr.

Sa aking kalagayan, ang balakid ay ang aking trabaho, kay Edwin Orr ay isang babae. Anomang kalagayan ang maaaring nasa’yo, kung hindi mo pa naisusukong ganap ang iyong sarili sa Panginoon, ilagay mo ang iyong sarili kasama ng iyong suliranin sa Kaniyang mga kamay. Lubos kang pagpapalain ng Panginoon.

Iginagalang ng Panginoon ang ating mga desisyon

Kung nalalaman mo ang lahat, pipiliin mo ang ganoong landas, na kung saan ay ibig ng Dios na pangunahan ka. Maaari nating ilagak ang bawat takot at reserbasyon kapag ating ganap na isinuko sa Dios na walang hanggan ang pag-ibig.

Ang Dios ay hindi kikilos ng salungat sa malayang kalooban ng tao. Ang ating kahanga- hanga Dios ay iginagalang ang ating pagkatao. Ang kalayaan ay isa sa pinakamahalagang regalo na ibinigay ng Dios sa atin. Kung kaya’t hinihintay ng Dios ang ating pagpayag at gumagawa lamang kapag hiniling natin Siya. Ang kalayaan ay isang banal na kinakailangan. Ang pag-ibig ay mabubuo lamang sa ilalim ng kalayaan.

Ang pagsuko ba sa Dios ay nangangahulugan na kinakailangang isuko natin ang ating sariling kalooban?

Tayo ba ay ganap na nawawalan ng ating kalooban kapag tayo ay nagpasakop sa Dios? Tayo ba ay nagiging mga tau-tauhan at tayo ay maaaring kontrolin ng Dios sa pamamagitan ng paghila ng tali? Siyempre Hindi!

Bakit hindi? Sapagkat sa pamamagitan ng pagbibigay ng ating mgasarili ng buo sa Dios, ating pinapalitan ang ating mangmang, naligaw na landas, ignorante at mura pang kalooban para sa ganap, kahangahanga at pantas na kalooban ng Dios. Ating inilalagay ang ating mga sarili sa ilalim ng banal na pangunguna.

Hindi natin dapat isuko ang ating kalooban, sa halip ay ang maling paggamit nito. Ang kalooban, na dapat isuko, ay ang isang naiiba o di sang-

39 J. Edwin Orr, *Volle Hingabe* (Full Surrender) (Kassel, 1965), S. 108ff., pinaikli

ayon mula sa kalooban ng Dios. Ito ay may kinalaman sa pagsasanay ng ating katigasan ng ulo. Isinuat ni Ellen White: “Ngunit sinasabi ng isa, ‘Hindi ba maaaring magkaroon ka ng sariling kagustuhan, at kumilos ng sarili?’ – Hindi, hindi maaaring magkaroon ka ng iyong sariling nais, at pumasok sa kaharian ng langit. Walang ‘aking pamamaraan’ ang maaari doon. Walang pamamaraan ng tao na magkakaroon ng puwang sa kaharian ng langit. Ang ating mga pamamaraan ay kailangang mawala sa pamamaraan ng Dios.”⁴⁰ (Tingnan din ang Isaias 53:6)

Sinumang tumanggi na gabayan ng Dios at ng Kaniyang salita ay nabubuhay na nakabase sa Kaniyang sariling limitadong kaisipan sa halip na nakasalalay sa “makalangit na pangunguna”. “Kapag ang ating kalooban ay nakatugma sa kalooban ng Dios, ito ay nananatiling hindi nagagalaw; sa katunayan magiging mali na iwan ito.”⁴¹

“Habang ang kalooban ng tao ay nakikipagtulungan sa kalooban ng Dios, ito ay nagiging makapangyarihan. Anoman ang dapat na mangyari ayon sa Kaniyang utos, ay maaaring matapos sa Kaniyang kalakasan. Ang lahat ng Kaniyang iniatas ay makakaya.”⁴² “Kapag pinahintulutan natin ang Banal na Espiritu na gabayan tayo, kung gayon tayo ay hindi limitado. Sa halip, tayo ay nabubuhay sa pinakamataas na kalayaan. Sa 2 Corinto 3:17 ating mababasa, ‘... at kung saan ang Espiritu ng Panginoon, naroon ang kalayaan’.”⁴³

Iba pang mga pagpapala sa ating pagpapasakop

Siyang nagkakaloob ng kaniyang sarili ng lubos sa Dios ay papatnubayan ng banal na kamay. Siya ay maaaring aba at tila hindi pinagpala; ngunit kung may mapagmahal, at nagtitiwalang puso ay kaniyang sinunod ang bawat kalooban ng Dios, ang kaniyang kapangyarihan ay madadalisay, maitataas, mapapalakas, at ang kaniyang mga kakayahan ay madadagdagan. Habang kaniyang pinahahalagahan ang mga leksiyon ng banal na kaalaman, isang sagradong tungkulin ang ipagkakatiwala sa kaniya; ang buhay niya ay magiging isang parangal sa Dios at isang pagpapala sa sanlibutan. “*Ang pagbubukas ng iyong mga salita ay nagbibigay ng liwanag; nagbibigay ng unawa sa walang muwang.*” (Awit 119:130)

40 Ellen G. White, *The Review and Herald*, February 23, 1892.

41 H. W. Smith, *Christsein täglich* (Being a Christian Daily), S. 73.

42 Ellen G. White, *Christian Service* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 1999), p. 258.

43 David Wolkwitz, *Der Weg zu einer kraftvollen Erweckung*, (NRW-Vereinigung), S. 25

Marami ang sa ngayon ay walang muwang sa gawain ng Banal na Espiritu sa puso tulad ng mga mananampalataya sa Ephesus; gayon pa man walang katotohanan na higit na malinaw na naituturo sa salita ng Dios.”⁴⁴

Buhay sa ilalim ng banal na pangunguna

Sumasalungat ba ito sa Kawikaan 3:5,6? *“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo Siya sa lahat ng iyong mga lakad, at Kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”*

Marami ang nag-iisip na ito ay may pakahulugan na kanilang itigil ang kanilang pag-iisip. O ilagay sa kabilang pamamaraan, na itigil ang kanilang kapangyarihang mangatuwiran. Walang maaaring maging higit na mali. Ibig ng Dios na gamitin natin ang ating pang-unawa. Inaanyayahan Niya ako na iugnay ang aking kaatwiran sa Kaniyang walang hanggang katuwiran.

Hindi ba binigyan ng Dios si Daniel at kaniyang mga kaibigan ng buong pusong masunurin sa maliit na bagay at sa malaking bagay din, sampung ulit na higit na katalinuhan? Ibig ng Dios na ating mapalaki ng labis ang buong kakayahan ng ating isipan at kasabay nito ay nakaugnay sa Kaniyang walang hanggang isipan.

Ito ay tulad ng pagmamaneho ng sasakyan na mayroong kagamitan sa pagbibiyahé. Kailangan kong gamitin ang buong kaisipan sa pagmamaneho, ngunit mabuti ring magtiwala sa GPS patungkol sa pagliko, limit ng bilis, abiso sa siksikan ng trapiko o likuan, ang pinakamahusay na pamamaraan upang marating ang aking pupuntahan o gaano katagal bago ko marating ang patutunguhan atbp. Naalala ko ng mabuti noong ako ay humiram ng kagamitan sa pagbiyahé, dahil kinakailangan kong dumalo sa isang libing sa isang hindi kilalang bahagi ng Munich. Ang GPS ay gumawa ng isang mahusay na gawain at ako ay nakarating sa aking patutunguhan ng walang anumang problema.

Umasa sa Dios, sa Kaniyang pagtuturo, sa Kaniyang tuntunin at payo at humayo ka sa iyong daan sa ilalim ng makalangit na paglalakbay.

44 Ellen G. White, *The Acts of the Apostles* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2002), pp. 283, 284

Duda tungkol sa mga instrumento

Sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang British na sasakyang panghimpapawid ang nagmula sa Sicily at patungong North Africa. Yamang ang lahat ng paliparan ay walang ilaw, ang mga piloto ay dapat na umasa ng ganap sa kanilang mga instrumento. Kahit na sila ay hindi pa nakalipad ng inaasahang panahon, ang instrumento ay nagpapahayag na narating na nila ang kanilang paroroonan. Kanilang naisip na ito ay imposible kaya sila ay nagpatuloy sa paglipad.

Hanggang sa sila ay malayo lampas na ng Sahara saka na nila napagalaman ang kanilang pagkakamali. Naubusan na sila ng gas at kailangan na gumawa ng isang biglaang pagbaba sa disyerto. Yamang wala silang sapat na dalang tubig, ang buong tripulante ay natapos sa kamatayan dahil sa pagkauhaw.

Kalaunan, nang ang sasakyang panghimpapawid ay natagpuan, kanilang naalaman na ang lahat ng mga instrumento ay umandar ng tama. Ang eroplano ay nasa daluyan ng hangin, at narating ang destinasyon ng mas mabilis. Gayunman, ang mga piloto ay nagtiwala sa sarili nilang pagkalkula kaysa sa kanilang mga instrumento, na kung saan ay nakamamatay para sa kanila. Sila ay gumawa ng maling desisyon.⁴⁵ Maaari tayong umasa sa pangunguna ng Dios. Napakabuti na umasa sa salita ng Dios kaysa sa ating sariling palagay.

Mga tao na may gulugod

Sa pamamagitan ng ating pagpapasakop kay Jesu-Kristo, hindi nagiging mahina ang ating kalooban, sa halip tayo ay magiging mga taong may gulugod, na kung saan ay ipagtatanggol ang kanilang katayuan na may kaalaman at kagandahang-asal.

Isiping muli ang tungkol kay Daniel at kaniyang mga kaibigan. Bilang isang kabataan, pinatunayan nila na sila ay may gulugod at tapat sa Dios sa panahon ng sitwasyon sa karaniwang pagkain sa kapitulo 1. O isipin ang tungkol sa kanilang napapanahong desisyon sa harap ng nagniningas na apoy, tulad ng nabanggit sa kapitulo 3, nang sila ay nasa kalagitnaang edad at isipin ang saloobin ni Daniel bilang isang matandang lalaki nang siya ay nasa harap ng yungib ng leon, na binabanggit sa kapitulo 6.

45 *Aller Diener* (Bern, Euro-Africa Division, 1983) II/III, S. 142

Pagpapahalaga sa sarili o pagpapahalaga sa pamamagitan ni Kristo

Sinumang isinuko ang kanilang sarili kay Kristo ay hindi kinakailangang mag-alala tungkol sa kanilang pagpapahalaga sa sarili, sapagkat sila ay may higit na pagpapahalaga sa pamamagitan ni Kristo.

Sa *The Ministry of Healing* ating mababasa: “Marami ang mga angkop na gumawa ng napakahusay na gawain na kakaunti ang natatapos sapagkat sila ay nagtatangka ng kaunti. Libu-libo ang dumaaan sa buhay na tila bagang walang dakilang bagay na kung saan ay upang mabuhay, walang mataas na pamantayan upang abutin. Isang dahilan para dito ay ang mababang kalkula na kanilang inilagay sa kanilang mga sarili. Binayaran ni Kristo ng isang walang katapusang halaga para sa atin at ayon sa halagang binayaran ibig Niyang ating pahalagahan ang ating mga sarili.”⁴⁶ Isang kapatid na babae ay nagbahagi matapos na sinimulan niyang mamuhay sa Banal na Espiritu: “Aking natagpuan ang aking pagpapahalaga sa aking sarili kay Kristo.”

Pagpapayo dahil sa problema sa pagsuko

Isang kabataang lalaki ang naghanap ng isang sesyon ng pagpapayo kasama ang isang ministro, dahil ibig niyang mapuno ng Banal na Espiritu at nakikipagpunyagi rito. Ang ministro ay nagtanong sa Kanya: “Naisuko mo na ba ng lubos ang iyong kalooban sa Dios?”

“Hindi lubos, ako’y natatakot.”

“Kung gayon” sagot ng ministro, “Walang halaga na manalangin (para sa Espiritu Santo) kung hindi mo muna lubos na ipasakop ang iyong kalooban sa Dios. Hindi mo ba ibig na isuko ito sa Panginoon ngayon?”

“Hindi ko kaya”, sagot niya. “Pumapayag ka ba na gawin ito ng Dios para sa’yo?”

“Opo” ang kaniyang sagot.

“Kung gayon hilingin mo sa Panginoon ngayon.”

Ang kabataang lalaki ay nanalangin: “O Panginoon, gawin mong walang laman ang aking sariling kalooban, dalhin mo ako sa ganap na pagpapasakop sa Iyong kalooban. Ilagak mo ang aking kalooban para sa akin. Hinihiling ko sa pangalan ni Jesus.”

46 Ellen G. White, *The Ministry of Healing* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2003), p. 498

Pagkatapos ay tinanong sya ng ministro: “kung ito ba ay naganap?” “Kinakailangan na mayroon.” Ang sagot niya, “Hiniling ko sa Dios ang isang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban at alam ko na ang aking dalangin ay narinig at aking natanggap ang aking hiniling. (1Juan 5:14,15) Oo ito ay nangyari, ang kalooban ko ay naririto.”⁴⁷ Siya ay nanalangin para sa Banal na Espiritu at tinanggap niya. Kahanga-hanga na ang ating mapagmahal na Ama ay lalong nais na gawin ang mga kinakailangan sa atin kapag ating hiningi ito.

Maaari nating matutunan ang dalawang mga bagay mula sa panalangin ito. (1) Ang kabataang lalaki na ito ay alam na ang panalangin na may kasamang mga pangako. Sa kaniyang dalangin, kaniyang inaasahan ang mga pangako ng Panginoon na ang panalangin sang-ayon sa kalooban ng Dios, ay masasagot sa sandaling ang mga ito ay masabi. (Ang kahanga-hangang pamamaraan ng panalangin na may kasamang mga pangako ay ipinaliwanag ng detalye sa munting aklat “Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong-buhay” ni H. Haubeil) (2) Ang kabataang lalaki ay nagdesisyon na tanggapin ang tulong ng Dios sa pagpapasakop ng kaniyang sarili.

Patakbuhan ang ating buhay sa mga pagpapasya

Kinakailangan nating malaman na ang kakayahan na gumawa ng malayang kalooban na pagpapasya ay ang gumagabay na kapangyarihan sa ating mga buhay. Ibig ko kayong bigyan ng halimbawa upang lalong maipaliwanag ang lubos na kahulugan ng kakayahang ito.

Ang katawan bahagi ng pampasaherong barko na “*Queen Elizabeth*” ay may timbang na 1300 ulit nang higit sa kaniyang timon. Ibig sabihin nito na ang timon ay may kakayahang gumabay ng malaki na 1300 ulit na mas malaki kaysa sa kaniyang sarili. Ang timon sa ating buhay ay ang ating kakayahan na ipasakop ang ating mga sarili sa kalooban ng Dios, kung gayon ay kanyang ilalagay ang lahat ng kinakailangang tulong ayon sa ating pagkakasaayos.

⁴⁷ R. A. Torrey, *Der Heilige Geist—Sein Wesen und Wirken* (Frankfurt: 1966), S. 151; (The Holy Spirit—His Nature and Ministry)

Mga Hamon

Sa bagay ng pagpapasakop ng ating mga sarili kay Kristo, ang pagpapasya na ating kinakaharap ay ang mabuhay para sa ating sarili o ang mabuhay para sa Dios. Ang bawat isa, lalo't higit ang mga kabataan ay kinakailangang tanungin ang kanilang mga sarili kung ang kanilang pagkamakasari ang dapat na mamahala sa kanilang mga buhay o kung ibig nilang maglingkod sa Dios. Ang mga bagay na materyal at mahalay na mga kaaliwan ay maaaring magkaloob ng isang guni-guning kasiyahan, ngunit ang mga bagay na ito ay nagdadala ng hindi tunay na kasiyahan – laging nais natin ang higit pa. Lalong mayroon siya, lalong naghahangad pa, ang kanyang pagrereklamo ay hindi tumitigil, sabi ng isang kilalang salawikain ng German.

Sa wakas, ating napagtanto na ang mga bagay na ito ang nagmamayari sa atin.

Isa pang hamon na dapat nating isaalang-alang ay ang katotohanan na ang ibang tao na may tiyak na halaga ng kapangyarihan sa ating mga buhay, halimbawa ang ating pamilya, paaralan, iglesia, kumpanya o sosyodad, ay naghahangad ng mga bagay mula sa atin na sumasalungat sa inaasahan ng Dios. Kapag ating ipinasakop ang ating buhay kay Jesus, kung gayon ay magkakaroon tayo ng kapangyarihan at katatagan na bigyan ng karapatang mauna ang inaasahan ng Dios at maaari nating ipagtanggol ang puntong ating tinatayuan na may kasamang kaalaman at kagandahang asal. (Pakibasa ang Daniel 1:8 Desisyon ni Daniel; ang napakaraming tulong ng Panginoon sa v. 9, 14, 15, 17, 20)

Sapat ba na ipasakop ang aking buhay ng minsan sa Dios?

Tayo ay magsisimula sa isang batayan ng pagpapasakop kay Jesu-Kristo sa ating pagkahikayat. Ang pagsukong ito, na nangyayari sa panalangin at angkop na alituntunin sa Biblia at matibay na paniniwala, ay silyado ng bautismo at may bisa magpasawalang hanggan. Ang salita ng Dios ay tinatawag ang batayang ito ng pagpapasakop kay Jesus na isang pakikipagtipan sa Dios.

Ang pang araw-araw na pagpapasakop ay isang bagay na may kaibahan. Yamang ito ay madalas ding tawaging dedikasyon, pagbabalikloob, o pagtatalaga, ang pananalitang ito ay maaaring magdulot ng ilang pagkalito. Upang ang mga bagay ay maging malinaw, tatawagin ko itong pagtatalaga. Ang araw-araw na pagtatalaga (o pagsuko o pagbabalik-loob) ibig sabihin, na ngayon ay nais kong ipamuhay ang batayan ng tipan na ginawa ko sa

Dios; nais kong tumayo sa aking tipan ngayon. Kaya napakahalaga na manalangin araw-araw: “Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili sa lyo ngayon kasama ng lahat ng bagay na akin at nasa akin.”

Ang Biblia ay ikinukumpara ang ating tipanan kay Kristo tulad ng isang kasal. Kung ako ay mananatili sa tipanang ito, kung gayon ay hindi ko kailangang mag-alala tungkol sa anuman. Ang Dios ay kayang ingatan ang lahat ng bagay na ipinagkatiwala sa Kaniya. Laging iniingatan ng Dios ang Kaniyang Salita. Siya ay hindi makikipaghiwalay.

Si Morris Venden ay nagpahayag ng sumusunod: “Walang alinlangan, ang pag-aasawa ay hindi masyadong makahulugan kung hindi mo planong manatili sa pag-aasawa. At hindi ka maaaring manatili sa pagaasawa kung hindi ka pa nakapag-pakasal sa unang pagkakataon.”⁴⁸

Upang mapanatili ang positibong kahihinatnan ng ating pangunahing pagpapasakop, kinakailangan na manatili kay Jesus. Kung kaya si Jesus ay nagwika tungkol sa “pananatili” ng siyam na ulit sa Juan 15, halimbawa sa talatang 5 at 15, “*Ang nananatili sa akin at Ako’y sa kanya, ang siyang nagbubunga ng marami: sapagka’t kung kayo’y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa ...Kung kayo’y magsipangatili sa Akin, at ang mga Salita ko’y magsipangatili sa inyo, ay hilingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo.*”

Ang saganang buhay ay nagmumula sa pananatili kay Jesus. Sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa Kaniya ating mapapangunahan ang mabungang buhay – ang buhay ng kaligayahan, kapangyarihan, tagumpay. Kayang gawin ng Dios ang dakilang mga bagay sa ating mga buhay. Kapag tayo ay nasakop ng katotohanang ito, ito ay ganap na babaguhin ang ating mga buhay.

Sindihan ang ningas: Mula sa Adventistang karanasan, ako ay laging nasa ilalim ng relihiyon. Sa gulang na 13, ako ay nagdesisyon na magpabinyag. Gayon man, nanatiling walang pagbabago ang aking buhay, nakakainip. Walang ningas na nakita sa akin. Binigyan ako ng Dios ng pagkakataon na maglakbay sa United States sa loob ng isang taon. Ako ay pumunta lamang doon upang matuto ng English at magpakaligaya. Ngunit isang gabi, ang Banal na Espiritu ay tinawag ako at sinabi, “Mael, sigurado ka ba na ikaw ay nasa tamang lugar?” Mula sa USA, nais kong pumunta sa Sweden. Ngunit lahat ng pinto ay nakasara. Ako ay nasa ilalim ng malaking bato, hindi

⁴⁸ Morris Venden, *95 Theses on Righteousness by Faith* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2003), p. 133

alam kung ano ang gagawin sa buhay ko nang isang araw isang malapit na kaibigan ang nag-abot ng aklat ni Helmut Haubeil's "Abide in Jesus". Sa unang gabi ng aking pagbabasa hindi ako makahinto. Ang kilalang tinig ay bumalik. Sa bawat gabi ng patuloy na pagbabasa, ang ningas sa wakas ay nasindihan. Habang patuloy akong nagbabasa, mas lalo kong naunawaan ang mga kamalian na aking ginagawa-ang kakulangan ng banal na Espiritu! Matapos na mabasa ko ang aklat ng ilang ulit hindi ko nauunawaan kung paano mangyayari ang pagbabago. Ang Dios ang nakakaalam ng kasagutan at hindi ko namamalayan, ang aking pananalita, ang mga pananaw ko at likas ay nabago. Ang lahat ng ito ay dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu na nakikita sa akin. At pagdaka ang pintuan sa propesyonal na antas sa France ay nagbukas. Para sa akin ito ay gawa ng Dios ngunit may nananatili sa akin ang kabiguan ng hindi pagpunta sa Sweden. Ang ningas ay nariyan pa ngunit hindi nagliliwanag ng lubos. Si Helmut Haubeil ay pumunta sa Dammarie, Paris. Pumunta ako doon ng Biyernes ng gabi, Sabado ng umaga at hapon ... ngunit wala paring sagot. Paano muling magniningas ang apoy?

Dumating ang kasagutan Linggo ng umaga. Ito ang huling araw. Ang problema ko ay ang hindi ganap na pagpapasakop sa kalooban ng Dios. Naunawaan ko na ang pagtawag ng Banal na Espiritu ay lagi, ngunit matapos na matanggap ito, kinakailangan din na magpasakop sa kaniyang kalooban at talikuran ang sarili. Kung wala itong ganap na pagpapasakop, ang Dios ay hindi kikilos sa pamamagitan natin tulad ng sinasabi sa Mateo 6:33. Mula noon ay aking naunawaan na ang pagpapasakop na ito ay mahalaga sa ating ugnayan sa Dios. Doon lang maaaring magliwanag ang ningas. Maël (L. R.)

Tayo ay manalangin:

"Ama, kami'y nagpapasalamat ng marami na ibig mong kami ay sumuko sa Iyo upang kami ay pagpalain. Tulungan na pagaanin ang aming buhay at mamuhay na kung saan ay ipapahintulot namin na kami magawang bago. Paki-usap na tulungan ako araw-araw na isuko ang aking buhay Sa'yo ng walang anumang pagbabawal at sumunod sa Iyo sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng Inyong kalakasan. Amen."

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Aling hamon ang nasalikod ng banal na paanyaya na isuko ang aking buhay?*

2. *Ano ang maaaring humadlang sa isang tao mula sa pagsuko? Ano naman kaya ang para sa'yo?*

3. *Anong mga kalamangan ang mayroon sa buhay na nasa ilalim ng banal na panguguna?*

4. *Ano ang mahalaga upang mapangalagaan kong buo at malapit ang aking ugnayan kay Kristo?*

5. *Ano ang mahalagang dahilan na nagkokontrol sa ating buhay?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Na ipakita ng Dios sa atin ang mga bagay na maaaring humahadlang sa ating ganap na pagpapasakop.*
 2. *Na pagkalooban tayo ng Dios ng kaalaman at kalakasan na magamit natin ng tama ang ating kalooban at bigyan ito ng tamang karapatang mauna sa ating buhay.*
 3. *Na bigyan tayo ng Dios ng higit na kaalaman at hindi upang ang ating sariling kalooban ang nagunguna.*
 4. *Na bigyan tayo ng Dios ng kapanagumpayan sa mga tukso at kasalanan.*

Kasiyahan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu

Ang Panginoong Jesus ay gumagawa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu; sapagka't ito ay kaniyang kahalili. Sa pamamagitan nito kaniyang inilulubog ang espirituwal na buhay sa kaluluwa ... Hindi malalaman ng puso ng tao ang kasiyahan hanggang ito ay inilagak na mahubog ng Espiritu ng Dios." Ellen White, RH August 25, 1896, par. 6

Kabataan at ang Banal na Espiritu

Departamento ng Kabataan mula sa isang Komperensiya

Ang resulta ay lubos na di-kapani-paniwala. Ako ang kalihim ng Kabataan sa South Queensland Conference [12,200 miyembro]. Isang kabataang babae ang nagbigay sa akin ng Steps to Personal Revival. Ang nilalaman nito ang tumangay sa akin. Maaari akong magbahagi ng maraming karanasan. Kami ay lubos na pinagpala dahil sa aklat na ito. Aming ipinasa ang 300 na aklat sa mga lider ng mga kabataan sa pagpupulong ng mga lider ng mga kabataan sa aming komperensiya. Ang resulta ay lubos na di-kapani-paniwala. A.v.R. pinaikli, #138

14-taong gulang Napanagumpayan ang Pagkagumon

Ang anak kong 14-taong gulang ay nagsimulang humingi para sa Banal na Espiritu at siya ay naging kakaibang bata. Napanagumpayan niya ang pagkagumon. Siya ngayon ay namumuhay ng matagumpay. Kami ay lubos na nalulugod sa Dios dahil ginamit niya ang maliit na aklat Steps to Personal Revival sa buhay ng aking anak. Pastor A., #77

Kahirapan ay nabigyang kasagutan – Bautismo

Ang bunso niyang anak na lalaki ay maraming kahirapan sa iglesia. Kaya kaniyang idinalangin ng tangi sa panahon ng 40-araw na oras ng pananalangin kasama ang kaniyang kapareha sa pananalangin. Ang resulta ay ang kaniyang anak na lalaki ay nabago ang buhay at nagsimulang naghanda para sa bautismo. I. G., #16

18-taong gulang, nabago ang buhay

Isa sa ating president ng komperensiya ay nagbigay sa kaniyang 18-taong gulang na anak na lalaki ng maliit na aklat. Ito ay nagbago ng kaniyang buhay. Dahil dito, ang ama ay namahagi ng mahigit 200 na kopya sa mga kaklase ng kaniyang anak sa High School. C. H., #133

Ikaw ay bumangon, sumilang ka: sapagkat ang iyong liwanag ay dumating. Isa. 60:1

SI JESUS AY NANANAHAN SA I YO

*Ano ang magiging epekto ng “si Kristo ay nasa
akin” sa aking buhay?*

*Ang lubos na nakamtan: Pagiging puspos ng
kapunuan ng Dios.*

Manatili kay Kristo

“Relihiyon ay nangangahulugan ng paninirahan ni Jesus sa puso.”⁴⁹

“Sa pamamagitan ng Espiritu na si Kristo ay naninirahan sa atin; at ang Espiritu ng Dios, na tinanggap sa puso sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ang pasimula ng buhay na walang hanggan.”⁵⁰

Tandaan ito:

- ▶ Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu si Kristo ay naninirahan sa atin.
- ▶ Tinanggap natin ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya.
- ▶ Ito ay ang pasimula ng buhay na walang hanggan.

Ang kaalaman na ibig ni Jesus na manirahan sa akin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay tunay na naganap nang ako ay puno ng Banal na Espiritu, at ito ay napakahalaga sa akin. Ito ay isang kahanga-hangang katotohanan sa banal na kasulatan.

Hindi lamang ibig ni Jesus na magkaroon ng malapit na samahan sa atin sa paninirahan Niya sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, nguni’t nais rin Niya ng hindi nagbabago at lumalalim na ugnayan natin sa Dios.

⁴⁹ Ellen G. White, *The Review and Herald*, May 24, 1892, par. 4

⁵⁰ Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 388

Kaniyang sinabi: *“Kayo’y manatili sa Akin, at Ako’y sa inyo.”* (1 Juan 15:4) Ito ay isang kahanga-hangang paanyaya at utos rin. Ito ay nangangahulugan na ang hindi pabago-bago na buhay Kristiyano ay posible sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios.

Binigyang diin ni Jesus ang katagang “manahan” ng labing-isang ulit (sa Juan 15:1-17). Ibig Niyang tayo ay magkaroon ng panghabangbuhay na ugnayan sa Kanya. Kaniyang iniuugnay ang kahanga-hanga at mapagkakatiwalaang mga pangako sa kaisipang ito.

“Kung kayo’y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko’y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo.” (talatang 7) *“Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos.”* (talatang 11)

Niliwanag ni Ellen White ang pakiusap ni Jesus na *“magsipanahan kayo sa akin at Ako’y sa inyo”*: **“Ang pananatili kay Kristo ay nangangahulugan na (una) isang palagiang pagtanggap ng Kaniyang Espiritu, at (ikalawa) isang buhay na walang inililihim na pagpapasakop at paglilingkod sa Kaniya.”**⁵¹

Sa ibang dako Kaniyang sinabi: “Ang pakikiugnay sa ahensya ng kalangitan sa bawa’t sandali ay mahalaga sa ating pag-unlad. Maaaring mayroon tayong takal ng Espiritu ng Dios, ngunit sa panalangin at pananampalataya ating hanapin pa ng patuloy ang Espiritu.”⁵²

At “Siya (Jesus) ay mananahan sa pamamagitan nila, binibigyan sila ng inspirasyon ng Kaniyang nagpapabanal na Espiritu, ipinagkakaloob sa kaluluwa ang mahalagang pagsasalin ng Kaniyang sarili.”⁵³

Tignan natin ang dalangin ni David bilang pangako sa ating mga sarili: *“Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko.”* (Awit 51:10)

Sumalok sa Kapangyarihan ng Dios

Maraming tao ang hindi nakakaalam kung paanong sumalok sa kapangyarihan ng Dios. Sila ay nabubuhay sa espirituwal na kahirapan,

⁵¹ Ibid., 676

⁵² Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2012), October 24 p. 306

⁵³ Ibid., October 23; p. 305

kahit na “*ang kaniyang banal na kapangyarihan ay ipinagkaloob sa atin ang lahat ng bagay na patungkol sa buhay at kabanalan ...*” (2 Pedro 1:3)

Sa Texas mayroon isang kilalang pinagkukunan ng langis na tinatawag na Yates Pool. Sa panahon ng krisis sa Amerika, mayroon rantso ng tupa, na pagmamay-ari ng isang taong nagngangalang Yates. Hindi siya kumikita ng sapat na halaga sa pag-aalaga ng tupa upang mabayaran ang kaniyang pagkakautang. Pagkatapos, isang kompanya ng langis ang dumating at ipinaalam sa kaniya na maaaring mayroong deposito ng langis sa kaniyang pag-aari. Ang kompanya ay nag-alok ng pagsubok ng pagbubutas at siya ay lumagda sa kasunduan.

Sa humigit-kumulang 1,200 talampakan, kanilang natagpuan ang napakalaking deposito ng langis. At ang lahat ng ito ay pagmamay-ari ni Mr. Yates. Sa araw na kaniyang nabili ang lupa, kaniya ring natanggap ang karapatan sa anumang langis o anumang iba pang natural na kayamanan. Siya ay isang multimilyonaryo na nabubuhay sa kahirapan. Ano ang problema? Hindi niya nalalaman ang pagkakaroon ng langis.⁵⁴

Nalalaman mo ba kung ano ang nakasulat sa 2 Pedro 1:3,4? “*Ipinagkaloob sa’tin ng Kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan.*” Hayaan mong sabihin ko sayo ang natitirang bahagi ng talata sa aking sariling salita: Sa pamamagitan ng malapit na ugnayan kay Jesus, at habang nasa ugnayang ito, nananalangin ng kasama ang “*lubhang dakila at mahahalagang mga pangako*”.

Sa sandaling ito tayo, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo ay naging mga anak ng Dios, tayo rin ay naging tagapagmana ng Dios at lahat ng Kaniyang kayamanan ay nasa ating pamamahagi. Ang lahat ng ating kailangan upang maging mga lalaki at mga babae ng Dios at nagbubungang mga saksi para kay Kristo – kabilang ang karunungan, pag-ibig at kalakasan – ay nasa ating pamamahagi. Sa kabilang banda maraming mga kristiano ang nabubuhay sa espirituwal na kahirapan, dahil hindi nila alam kung paanong gamitin ang Espirituwal na kayamanan, na kung saan ay ipinagkaloob na ng Dios sa kanila! Tulad ni Ginoong Yates, bago matuklasan ang langis sa kaniyang pag-aari, sila ay nabubuhay sa kawalan ng kaalaman ng kanilang walang katapusang pagaari.

At ano ang ibig sabihin niyaon? “Kung wala ang ugnayang ito, walang taong maliligtas. Kung wala ang buhay ni Kristo sa atin, hindi tayo makakatayo sa mga bagyo ng mga tukso. Karamihan ngayon ay nagtatayo sa mga pundasyon na hindi pa nasubukan. Kapag ang ulan ay buuhos,

54 Dr. William R. Bright, *Erfüllt mit dem Heiligen Geist – Wie erfährt man das?* (Neuhausen, 1971), S. 27

at ang unos ay nagngalit, at ang baha ay dumating, ang bahay nila ay babagsak, dahil ito ay hindi nakatayo sa walanghanggang Bato, ang panulok na bato na si Jesu-Kristo.”⁵⁵

Manalangin para sa Banal na Espiritu

Mayroong isang natatanging talata sa Banal na Kasulatan na kung saan ang ating Panginoong Jesus ay mariing nag-utos sa atin ng sampung beses na manalangin para sa Espiritu Santo. Walang ibang talata akong nalalaman na kung saan ay nananawagan si Jesus ng ating atensiyon sa isang bagay na may buong pagmamahal na pagmamadali, maliban sa Kaniyang paanyaya na manatili sa Kaniya. Ang mga talatang ito ay aral sa panalangin. Ang talata sa pagdalangin sa Banal na Espiritu ay nasa Lukas 11:9-13. Hindi lang natin nais na ulitin ang mahalagang pangungusap na ito ngunit paglaanan din natin ng isang natatanging pansin sa mga sumusunod sa kabanatang ito: “*At sa Kaniya kayo’y napuspos.*” (Col 2:10)

Sinabi ni E.G. White: “Kay Jesus ... ang Banal na Espiritu ay ibinigay [arawaraw] ng walang sukat. Gayundin ito ay maipagkakaloob sa bawat tagasunod ni Kristo kapag ang buong puso ay naisuko para sa Kaniyang paninirahan [at araw-araw na hingin sa Panginoon para sa Banal na Espiritu.]” “Ang ating Panginoon mismo ang nagbigay ng utos, ‘*Maging puno ng Espiritu*’ (Efeso 5:18) at ang utos na ito ay isang pangako rin ng kaniyang katuparan. Ito ay ang mabuting kasiyahan ng Ama na kay Kristo na ‘*lahat ng kapunuan ay nananahan*’. ‘*At sa kaniya kayo’y naging lubos.*’ (Colosas 1:19, at 2:10)”⁵⁶

Dito’y ating natutunan:

- ▶ Ang Espiritu Santo ay nanirahan kay Jesus ng walang sukat.
- ▶ Nais Niya na tayo ay mamuhay ng ganap na pagsuko upang ang Espiritu Santo ay makapamuhay sa atin ng gayon din.
- ▶ Sa ganitong kadahilanan ibinigay ni Jesus mismo ang utos: “*Mangapuspos kayo ng Espiritu.*” (Efeso 5:18)
- ▶ Ang Kaniyang layunin ay magkaroon tayo ng buhay na lalong sagana. (Juan 10:10, Colosas 2:10) at buhay na walang hanggan (Juan 3:16)
- ▶ Kaya’t, kinakailangan na tayo ay Sumakanya, Kung si Jesus ay nasa atin, ito ay may dakila at mahalagang kahihinatnan.

⁵⁵ Ellen G. White, *The Desire of Ages*, pp. 599, 600

⁵⁶ Ellen G. White, *Thoughts From the Mount of Blessing*, p. 21

Manalangin ng may pananampalataya

Tayo ay manalangin ng may pananampalataya. "... upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanggapin natin ang pangako ng Espiritu." (Gal. 3:14) – *"Ngunit kung walang pananampalataya ay imposible na mapaluguran ang Diyos."* (Hebreo 11:6) – *"Na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya."* (Efeso 3:17)

Kinakailangang malaman na pagkatapos kong manalangin para sa Banal na Espiritu, ay tunay na aking tinanggap Siya. Ang kahanga-hanga nating Dios ay ipinakita sa atin kung paanong tayo'y madaling magkaroon ng pananampalataya sa Kaniya. Ito ay sa pamamagitan ng pananalangin kasama ng mga pangako. (Tingnan ang aklat *"Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay"*, kabanata 5. "Ang Susi sa Praktikal na Karanasan", kung saan ang paksa ay tinalakay ng higit na malawak.) Si Ellen White man ay nagsabi: "Ang Espiritu ay nag-aantabay sa ating pangangailangan at pagtanggap."⁵⁷

Idinagdag ni David Wolkwitz:

"Naipalagay mo na ba na 'mangailangan' ng isang bagay mula sa Dios? Sa ganitong kalagayan, ang mahalagang regalo ng Banal na Espiritu. Ang gayong isipan ay nagpapangatog sa atin na may kasamang takot. P ara bang kawalang galang at kalapastangan na isipin man lang ang ganoong bagay. At gayon pa man ang katagang ito ay ginamit ng mensahero ng Panginoon sa iba't ibang mga talata ng kaniyang mga sulat. Ano ang kaniyang ibig sabihin? Una, dapat nating alalahanin na ang Dios ay masaya lamang na ibigay sa atin ang handog na ito, dahil tayo'y mahal Niya at ito ang tunay nating kailangan. Ikalawa, nangangahulugan na ang handog na ito ay lubhang mahalaga para sa atin. Yamang sinabi sa atin na ang regalong ito ay maghihintay para sa ating pangangailangan, kung gayon ito ay malinaw na nagpapakita sa atin na kapag tayo ay naghangad para sa patuloy na presensya ni Jesus sa ating mga buhay upang Kaniyang mapangunahan at magabayan tayo, at sa kaalamang tayo ay nagpasakop ng lubusan sa Dios, sa paraan ng tiwala at kumpiyansa ay maaari tayong humiling. Kinakailangang pag-isipan natin ito ng mahusay."⁵⁸

"Ang mangailangan ng isang bagay, ay nagpapahiwatig ng malakas na pagnanais sa isang bagay na iyong lubos na kailangan o nais na magkaroon; ito ay nagpapahiwatig ng kaseryosohan sa panig ng taong humihiling nito.

57 Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, p. 121

58 David Wolkwitz, *Der Weg zu einer kraftvollen Erweckung (The Way to a Powerful Revival)* (NRW, Abt. Heimatmission), S. 205

Kinakailangan nating isantabi ang ating pagpipigil na “hilingin” ang isang bagay. “Siya (Dios) ay ganap na nalulugod kapag sila ay gumagawa ng pinakamataas na paghangad mula sa Kaniya, upang maluwalhati nila ang Kaniyang pangalan.”⁵⁹

Ang taos pusong pagpapasakop ng ating sarili arawaraw kay Jesus , sa pamamagitan ng pananampalataya ay matatamo natin ang dakilang handog ng Dios – ang Banal na Espiritu.

Ang kahanga-hangang panalangin ng pamamagitan ni Apostol Pablo

Para sa paksang ito, nais nating tunghayan ang Efeso 3:14-21, kung saan ay ating nasumpungan ang kamangha-manghang panalangin ng pamamagitan mula kay Pablo para sa iglesia ng Efeso. Ang balangkas ay ang sumusunod:

1. Humiling siya ng pangloob na kapangyarihan ng Banal na Espiritu para sa kanila.
2. Upang si Kristo ay manirahan sa kanilang mga puso.
3. Upang iyong maranasan ang lubusang lawak ng kaniyang pag-ibig at ang banal na pag-ibig ay maitanim at mag-ugat sa kanila.
4. Upang sila ay lubusang mapuspos ng kapunuan ng Dios.
5. Ating makikita dito ng malinaw ang pamamaraan ng Dios: Sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu, si Kristo ay nananahan sa atin at nakakaranas tayo ng isang positibong pagbabago ng ating likas-ang paglagong bunga ng Espiritu.

“Dahil dito ay iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama ng ating Panginoong Jesu-Kristo, na sa Kaniya’y nakapangalan ang bawa’t sangbahayan sa langit at sa lupa, upang sa inyo’y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo’y palakasing may kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa pagkataong loob; na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo’y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig. Ay lumakas upang matalastas pati ng lahat ng mga banal kung ano ang luwang at ang haba at ang taas at lalim, at makilala ang pag-ibig ni Kristo na di masayod ng kaalaman, upang kayo’y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios.” (Efeso 3:14-19)

59 Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 668

Paano ba ako maaaring magtamo ng lakas ng loob?

Ang pundasyon ng ating relihiyosong pamumuhay ay ipinakita sa Efeso 3:16: *“Upang sa inyo’y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo’y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob.”*

Kailangan natin ng laka s araw-araw. Ang buhay na puno ng kalakasan ay nagdadala ng kagalakan. Nais ng ating kahanga-hangang Panginoon na tayo ay magkaroon ng saganang kalakasan sa ating mga buhay. Ang kalakasang ito sa pagkataong loob ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sa libritong *Mga Hakbang Tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay* pahina 60, ay ipinapakita nito kung bakit kinakailangan na italagang banal ang ating mga sarili araw-araw kay Jesus at manalangin araw-araw para sa Banal na Espiritu. At sa pamamagitan ng pananalangin na may kasamang mga pangako ay makasisigurado tayo na makatanggap ng Banal na Espiritu sa sandali na tayo ay humingi. Aking ipinapayo na basahing muli ang libritong ito – ito’y napakahalaga.

Si Kristo’y nasa atin

Ano ang kasunod ayon sa talatang 17? *“Na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.”*

Atin bang sapat na namamalayan ang tungkol sa kahanga-hangang katotohanang ito? Kapag tayo ay namumuhay na kasama ang Banal na Espiritu, kung gayon ito ay isang katunayan na si Jesus ay namumuhay sa ating mga puso. Hindi natin maaaring maramdaman o masukat ito. Kinakailangang paniwalaan natin ito. Kung naniniwala ka dito, kung gayon ay kausapin mo Siya ngayon at muli, at sabihin mo sa Kanya: Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus, na Ikaw ay nananahan sa aking puso. O kaya’y: Panginoon, ako ay lubos na nagagalak na naninirahan ka sa akin.

Sinabi ni Andrew Murray: “Sa pamamaraang ito ay dinadala ka ni Jesus sa Kaniya na may layunin na ang Kaniyang buhay ay maging kabahagi ng iyong buhay”⁶⁰

Dagdag pa ni Ellen White: “Ang impluwensiya ng Banal na Espiritu ay ang buhay ni Kristo sa kaluluwa.”⁶¹ At “sa plano ng pagpapanauli sa mga tao ng makalangit na imahen, ito ay ipinagkaloob upang ang Banal na Espiritu

⁶⁰ Andrew Murray, *Bleibe in Jesus (Remain in Jesus)* (Leun, 2012), S. 14

⁶¹ Francis D. Nichol, ed., *Seventh-day Adventist Bible Commentary, vol. 6* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2001), p. 1112

ay kumilos sa isip ng tao, at maging tulad ng presensiya ni Kristo, isang ahensiya na humuhubog sa likas ng tao.”⁶² At gayundin: “Ang isang malusog na Kristiano ay isa na kung saan ay may Kristo na nabuo sa kalooban, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian (Colosas 1:27).”⁶³

Sinasabi ng talata na si Kristo ay tumatahan sa ating mga puso sa **pamamagitan ng pananampalataya**. Ang pagtitiwala ay ang pundasyon ng pananampalataya. Ito ay isang bagay na ipagkatiwala ang ating buong buhay kay Jesus—ang unang batayan ng ating pagsuko ng ating mga buhay at pagkatapos dahil dito, ang araw- araw na pagsuko kay Jesu-Kristo.

Anong ugnayan mayroon ang pananampalataya at damdamin?

Sinabi ng Salita ng Dios: “*Upang sa inyo’y ipagkaloob Niya, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian, na kayo’y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa pagkataong loob; na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo’y mag-ugat at magtumibaysa pagibig.*” (Efeso 3:16,17) Tayo ay napupos ng Banal na Espiritu sa pananahan ni Jesu-Kristo sa ating mga puso, at ito ay dapat na maganap sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sabi ni Jesus, “*Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, ay mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay.*” (Juan 7:38) Napakahalaga na tayo ay laging maingat na nagbibigay pansin dito. Bakit? Ang batayan ng pananampalataya ay pagtitiwala. Ako ay nagtitiwala sa kung anong sinabi ni Jesus. Sinabi Niya sa Kaniyang Ama, “*Ang salita Mo’y katotohanan*” (Juan 17:17). Sabi ni Ellen White, “Ang pananampalataya ay itinanim ang kaniyang sarili sa mga pangako ng Dios, at inaangkin ang mga ito bilang kasiguraduhan na kaniyang gagawin tulad ng sinabi niyang gagawin niya.”⁶⁴

Ang ibig sabihin ng pagtitiwala sa Diyos ay umaasa sa Kaniyang salita. Ako ay nagtitiwala sa salita ng Dios.

Paano naman kapag ako ay kumikilos ayon sa aking damdamin? Kung gayon ako ay nagtitiwala sa isang bagay na nasa akin. Si Roger J. Morneau, na iniligtas ng Dios mula sa iglesia ni Satanas, ang nagbukas ng aming mga mata: “Ang mga espiritu [ng demonyo] ay hinihimok ang mga tao na makinig

62 Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power*, February 8; p. 47

63 *Ibid.*, February 4; p. 43

64 Ellen G. White, *The Signs of the Times*, May 22, 1884, par. 3

sa kanilang damdamin sa halip na sa salita ni Kristo at sa Kaniyang mga propeta. Walang higit na siguradong daan na ang espiritu ay magkaroon ng kontrol sa buhay ng mga tao na hindi napagtatanto ng bawat indibidwal kung ano ang nangyayari.”⁶⁵ Hindi tayo naghahanap ng maramdamin o kababalaghang karanasan.

Ang kahulugan ng pananampalataya ay pagtitiwala sa Dios at sa Kaniyang Salita, itinataas ang Biblia bilang tagapagbigkis para sa ating mga buhay, at hindi lang isang sangkap o panghalo. Marami ang nagtatalo-talo na hindi natin kayang sundin ang salita ng Dios sa sarili nating kalakasan. Iyan ay totoo sa mga kristiyanong makalaman. Ngunit sinomang nabubuhay kasama ang Banal na Espiritu ay may Jesus sa kanilang mga puso at inihanda upang sundin ang Salita ng Dios. Ang Roma 8:4 ay nagsasabing: “*Upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.*” (higit pa sa paksang ito sa kabanata 4: pagsunod sa pamamagitan ni Jesus)

Ang pagtitiwala sa Dios at nararanasan kung paanong ang Kaniyang mga pangako ay nagaganap sa ating mga buhay ay nakapagpapalakas ng ating pananampalataya sa Kaniya at nagbibigay sa atin ng malalim na mga ugat sa Kaniyang pag-ibig. Sa kahulihan ang pag-ibig na ito ng Dios ay nagpupuno ng pinakamalalim na pangangailangan ng ating mga puso. Ito ay tulad ng isang bata na nakararanas ng kaaliwan at kapanatagan sa bisig ng kaniyang ama. Ang damdamin ng bata ay maaaring mabago dahil siya ay musmos pa. Ngunit kapag ang damdamin ng bata ay nabago, ito ay hindi sadyang nakapagbabago ng pag-ibig ng ama. Habang tayo ay tumatanda sa pag-ibig ng Dios, ating napagtatanto na ang ating panglabas na mga damdamin ay hindi nakapagbibigay sa atin ng kasiguraduhan tungkol sa ating ugnayan sa Dios. Ang damdamin natin ay hindi maaasahan dahil sila ay pabagobago. Ang kasiguraduhan natin ay nagmula sa ating pagtitiwala sa Dios at sa kaniyang di-nagbabagong Salita.

Hindi natin kailangan na mabigo sa paghahanap para sa damdamin. Kapag si Kristo ay naninirahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa gayon ang bunga ng Espiritu ay nadadagdagan at nabubuo sa atin. Ang mga ito ay kaloob ng mas malalim na damdamin mula sa Banal na Espiritu. Ang kagalakan ay may malinaw na bahagi doon. “*Ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan.*” (Neh. 8:10) Sa isang buhay

65 Roger J. Morneau, *A Trip Into the Supernatural*, (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 1999), p. 43

ng pananampalataya, ang kagalakan ay hindi nagkukulang, ngunit sa halip ay lumalakas sa atin sa pamamagitan ng ating buhay kasama ang Dios.

Sa hinaharap, magiging mahalaga para sa atin na alamin ang kaibahan sa pagitan ng pagiging alagad sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Dios at pagiging alagad sa pamamagitan ng mga damdamin. Ang dakilang manunukso ay magpapakita sa atin ng kahanga-hangang mga bagay, kahit patungkol kay Jesus, ngunit sa likod ng pagpapahayag na ito ay pang-aakit sa pamamagitan ng pakiramdam at nakahahalina. Ito ay lalong titindi na ang mga tao ay para bang mayroong kahanga-hangang “mga karanasan sa pananampalataya” at hahantong sa ganap na pagtitiwala sa kanilang mga nararamdaman kaysa sa Salita ng Dios. Maaari rin nilang isipin na hindi nila kailangan ng Salita ng Dios, dahil nga nakikita nila ang kanilang sarili bilang pinangungunahan ng espiritu sa pamamagitan ng kanilang mga karanasang emosyonal. Ang mga salita ni Jesus ay malinaw na salungat dito sa Mateo 7:21-23: *“Hindi ang bawat nagsasabi sa akin, ‘Panginoon, Panginoon ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit’ [ayon sa Kaniyang Salita]. Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, ‘Panginoon, Panginoon, hindi бага nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo’y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo’y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?’ At kung magkagayo’y ipahahayag ko sa kanila, ‘Kailan may hindi ko kayo nangakikilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasan!’”* Maaari lang nating sabihin: Magtatapat at sumunod ka, pagkat walang ibang daan na maging maligaya kay Jesus, kundi ang magtatapat at sumunod. (Tingnan ang Testimonies for the Church, vol. 5, chap. 21, “Looking Unto Jesus.”)

Bakit mahalaga ang patuloy at ganap na pagpapasakop sa Dios?

Sa Roma 12:1 Hinihiling ng Dios ang mga sumusunod sa pamamagitan ni apostol Pablo: *“Kaya nga mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba.”* At sa Kawikaan 23:26 ay ang paanyaya: *“Anak ko, ibigay mo sa akin ang iyong puso.”*

Ang kahulugan ng pagsuko ay ipinaliwanag ng mas detalyado sa kabanata 2 “Pagsuko kay Jesus”. Ito rin ay ipinaliwanag ng lubusan sa aklat na *“Paglapit kay Kristo”* sa kabanata 5 “Pagtatalaga”.

Ang ating pagpapasakop sa pag-ibig ng Dios ay nagdadala ng dakilang pagpapala. Kung si Jesus ay pinapahintulutan na gumabay sa ating mga buhay, kung gayon ay maaari Niyang palayain tayo sa paniniil ng ating pagkamaka-ako (inggit, galit, pagiging palatutol, atbp.) Sinabi ni Ellen White: “Ang pagkakaloob ng Espiritu ay ang pagkakaloob ng buhay ni Kristo. Ito ay bumusog sa taga-tanggap kasama ang mga katangian ni Kristo.”⁶⁶ “Hindi natin makakamit ang tagumpay sa pamamagitan ng dami ng ating bilang, ngunit sa pamamagitan ng lubusang pagpapasakop ng kaluluwa kay Jesus.”⁶⁷

Pag-unawa sa inihayag na lihim

Tayo ay magpatuloy sa Efeso 3:18, unang bahagi: “[na kayo] ... *upang matalastas pati ng lahat ng mga banal.*” Ano ang dapat nating matalastas? Tulad ng ipinaliwanag ng nakaraang talata: ang lihim na si Kristo ay namumuhay sa atin (sa pamamagitan ng Banal na Espiritu) at dahil doon ang ating mga buhay ay nabago, dahil tayo ay nakaugat at pinagtibay sa pag-ibig ng Dios. Ito ay nangangahulugang: Pinalago ni Jesu-Kristo ang Kaniyang likas sa atin.

Isang kapatid na lalaki ang sumulat: “Ang katotohanan tungkol sa ‘pagiging kay Kristo’ at ‘si Jesus sa atin’ ay napakasimple gayunman napakahirap na maunawaan na halos lahat ng Kristiano ay hindi ganap na nauunawaan ito.”⁶⁸

Sinabi ni Pablo sa Colosas 1:25,26: “*Na ako’y ginawang ministro nito, ayon sa pamamahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang maipahayag ang salita ng Dios, maging ang hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi: datapuwa’t ngayo’y ipinahayag sa kanyang mga banal*” **Anong lihim?** Talatang 27: “*Na sa kanila’y minagaling ng Dios na ipinakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito’y si Kristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian.*”

Ang hiwaga na natago sa panahon at ngayon ay nahayag: ay na si Jesus mismo ay nais na mamuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang talata ay nagsasabi na ito ay ating pag-asa sa kaluwalhatian. Ito ay

66 Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 805

67 Ellen G. White, *Sons and Daughters of God* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2003), p. 279

68 Dennis Smith, *Spirit Baptism and Abiding in Christ* (2010), p. 12

nangangahulugan na ang kapunuan ng buhay, na ibig ng Dios para sa ating kasalukuyang buhay at kasabay na ipinagkakaloob sa atin kasama ng walang hanggang buhay, samakatuwid ito’y garantisado.

Pinalawak ni Ellen White itong lihim, na tinawag na “Si Kristo ay nasa inyo”; ang pag-asa para sa kaluwalhatian (Colosas 1:27) bilang sumusunod: **“Ang kaalaman ng hiwagang ito ay nagkakaloob ng isang susi sa bawa’t isa. Ito ay nagbubukas sa kaluluwa ng kayamanan ng sangsinukob, ang mga posibilidad ng walang katapusang pag-unlad.”**⁶⁹

Ang Biblia ay madalas na gumagamit ng pananalita tulad ng “Si Kristo ay nasa inyo” at katulad na mga kataga tulad ng “Kay Kristo”, “sa Kanya”, “sa Panginoon”, at “sa iniibig”. Ang katagang ito ay nagamit ng 170 beses sa bagong tipan. Halimbawa, ang katagang ito ang susing salita sa mga sulat ni Pablo sa mga taga Efeso. Isipin ang tungkol sa kaniyang patotoo: *“At hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.”* (Galacia 2:20) Sa Roma 15:18 kaniyang isinulat: *“Sapagka’t hindi ako nangangahas magsalita ng ano mang mga bagay, maliban na sa mga ginawa ni Kristo sa pamamagitan ko.”*

Ang iba pang kilalang mga talata ay kasama ang: *“Datapuwa’t salamat sa Dios, na laging pinapagtatagumpay tayo kay Kristo.”* (2 Corinto 2:14) – *“Kaya’t kung ang sinoman ay na kay Kristo, siya’y bagong nilalang.”* (2 Corinto 5:17). Ang pokus dito ay inilatag sa pagbabago ng likas sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu: *“Nilalang kay Kristo para sa mabubuting gawa.”* (Efeso 2:10) *“Ang nangamatay kay Kristo ay unang mangabubuhay na mag-uli.”* (1 Tes. 4:16) *“Datapuwa’t ang sinomang tumutupad ng Kaniyang salita, tunay na sa Kanya ay naging sakdal ang pag-ibig ng Dios. Dahil dito’y nalalaman nating tayo’y nasa Kanya.”* (1 Juan 2:5) *“Sa pagsusugo ng Dios sa Kaniyang sariling Anak... upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin.”* (Roma 8:3,4) Kung ating titingnan sa isang concordance, matatagpuan natin ang maraming mahalagang mga talata sa ilalim ng mga susing salita “kay Kristo”, “sa minamahal”, “sa Panginoon”, “sa Kaniya” (Kristo).

Maaaring “na kay Kristo” o labas kay Kristo”

Sabi ni E. Stanley Jones, “Si Pablo ... ay nakatuon sa katagang ‘kay Kristo’ at ginamit ito ng 97 na ulit sa kaniyang mga sulat...kasama ang lubhang pag-iingat kaniyang napagtanto na ang dalawang salitang ito ay naghahati

69 Ellen G. White, *Education* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2002), p. 172

sa sangkatauhan sa dalawang grupo, ‘kay kristo’ at ‘labas kay kristo’ ... Sinomang ‘kay Kristo’ ay ‘nasa buhay’, at sinomang ‘labas kay Kristo’ ay ‘nasa kamatayan.’”⁷⁰

*Ngayon nga’y wala nang
anomang hatol sa mga
na kay Cristo Jesus
na silang hindi nagsisilakad
ayon sa laman ngunit
ayon sa Espiritu.*

Roma 8:1

⁷⁰ E. Stanley Jones, *In Christ* (London: Hodder and Stoughton, 1961), p. 9; re-translated from German

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. Ayon kay Ellen White, ano ang tunay na relihiyon?

2. Ano ang kasing halaga ng pagpapahintulot kay Jesus na sumapuso natin?

3. Anong bahagi ang ginagampanan ng ating pananampalataya o pagtitiwala sa Dios na may kinalaman sa ating pagtanggap ng Banal na Espiritu?

4. Bakit ito ay napakahalaga na ang ating ugnayan kay Jesus ay nakabase sa ating pagtitiwala sa Kaniya at sa Kaniyang Salita at hindi sa ating damdamin?

5. Kapag si Kristo ay nananahan sa atin sa pamamagitan ng banal na Espiritu, sa gayon ang Kaniyang likas ay nabubuo sa atin, na kung saan ito ay bunga ng Espiritu. Ano ang kahalagahan mayroon ito para sa iyong buhay?

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Para sa pagkaunawa at pagtataglay ng tunay na relihiyon—na si Jesus ay nananahan sa pamamagitan ng pananampalataya sa ating mga puso.*
 2. *Para sa pagiging masugid sa pagpapasakop ng ating mga puso kay Jesus.*
 3. *Para sa mas malalim na karanasan ng presensiya ng Banal na Espiritu sa ating mga buhay.*
 4. *Para sa tamang pagpapaunlak ng ating mga damdamin at kung paanong silang pakikitunguhan.*
 5. *Para sa katuwaan na patuloy na lumalago at lalong nakikita—ang katuwaan na dulot ni Kristo.*

*Ang mga epekto ng si “Kristo’y nasa iyo”.
Paano natin makukuha ang paglaya sa
kapangyarihan ng kasalanan? Magiging “sa
laman” ba tayong muli sa pamamagitan ng
pagkakasala?*

Si Ellen White sa “Si Kristo na nasa inyo”

“Kapag ang mga tao ng Dios ay iisa sa pagkakaisa ng Espiritu, lahat ng pagiging Fariseo, lahat ng sariling katuwiran, na kung saan ay kasalanan ng bansang Judeo, ay maaaring alisin mula sa lahat ng mga puso ... Ipakikilala Niya kung ano ang ‘*mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa mga Gentil; na kung saan ay si Kristo ay nasa inyo, ang pagasa ng kaluwalhatian* (Colosas 1:27).”⁷¹

Joseph, Daniel at kaniyang mga kasama

“Kinakailangan kang maging handa na sundin ang mga halimbawa ng mga marangal na mga kabataang ito. Huwag mong ikahiya ang iyong mga kulay, isuot mo ito, iladlad ang mga ito, upang titigan ng mga tao at mga anghel. Huwag magpakontrol sa maling kahinhinan, sa maling kahinahunan na nag-uudyok sayo ng isang gawain na salungat sa payong ito. Sa pamamagitan ng pagpili mo ng salita at hindi pabagu-bagong kilos, sa iyong kagandahang asal, ang iyong maalab na paggalang sa mga magulang, gumawa ng isang pagsasalaysay ng paglalahad ng iyong pananampalataya, determinado na si Kristo ang Siyang luluklok sa trono sa templo ng kaluluwa; at ilagak ang iyong mga talento ng walang itinatago sa Kaniyang mga paa upang gamitin sa Kaniyang paglilingkod.”⁷²

⁷¹ Ellen G. White, *Selected Messages*, book 1, p. 386

⁷² Ellen G. White, *Messages to Young People* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2003), p. 28

Buhay Pamilya

Si Kristo na Nasa Bawa't Puso ay Magdadala ng Pagkakaisa – “Kung ang kalooban ng mga kababalaghan. Ang pagbabago na dulot ng Salita, ito ay isa sa pinakamalalim na hiwaga ng Salita. Hindi natin maunawaan ito; maaari lamang nating paniwalaan, ayon sa ipinahayag ng kasulatan, ito ay ‘*Si Kristo na nasa inyo, ang pag-asa ninyo sa kaluwalhatian.*’” (Colosas 1:27)⁷³

“Ibig ninyo na ang inyong tahanan na maging tulad ng kay Abraham. Kaniyang inutusan ang kaniyang sangbahayan na sumunod sa kanya. Tinuruan niya na sumunod sila sa mga utos ng Dios. Ito ang mga aral, mga ina, na matiyaga mong ituro sa iyong mga anak. Hindi mo kakayaning igugol ang panahon sa pag-aaral ng moda/uso sa araw na yan. Turuan na sila ay pag-aari ni Kristo. Tayo ay gumagawa ng mga katangian ngayon ... Mga kabataang lalaki at kabataang babae, inyong pinagpapasyahan ang inyong bahagi sa hinaharap ngayon. Pahintulutang si Kristo ay pumasok. Kaniyang pangangalagaan ka mula sa tukso.”⁷⁴

Pananagumpay

“Kaya’t kung ang sinuman ay na kay Kristo, siya’y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila’y pawang naging mga bago.” (2 Corinto 5:17) “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo, ang mga lalaki at mga babae ay pinutol ang kadena ng makasalanang nakaugalian. Kanilang tinalikuran ang pagkamakasariili. Ang walang galang ay naging magalang, ang manglalasing ay naging matino, ang napaka bastos naging dalisay. Ang mga kaluluwang naging makitid ang isip na tulad ng kay Satanas ay naging bagong anyo sa wangis ng Dios. Ang pagbabago na nasa kaniyang sarili ay kababalaghan ng mga kababalaghan. Isang pagbabago na hatid ng Salita, ito ay isa sa malalim na misteryo ng Salita. Hindi natin ito maunawaan; maaari lang tayong maniwala, bilang ipinahayag ng Banal na Kasulatan, ito ay ‘si Kristo’y nasa inyo, ang pag-asa ng kaluwalhatian’ (Col 1:27).”⁷⁵

73 Ellen G. White, *The Adventist Home* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2002), p. 120

74 Ellen G. White, *Temperance* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2004), pp. 290, 291

75 Ellen G. White, *The Acts of the Apostles*, p. 476

Mga Sulat ni Jesus

“Sa bawa’t isang Kaniyang mga anak, si Jesus ay nagpadala ng sulat sa sanlibutan. Kung ikaw ay tagasunod ni Kristo, Kaniyang pinadalhan ka ng sulat sa pamilya, sa pook, sa daan, kung saan ka nakatira. Si Jesus na naninirahan sa inyo ay naghahangad na kausapin ang puso ng mga hindi nakakakilala sa Kaniya. Marahil hindi sila nagbabasa ng Biblia, o hindi naririnig ang tinig na nagsasalita sa kanila sa mga pahina; hindi nila nakikita ang pag-ibig ng Dios sa kaniyang mga gawa. Nguni’t kung ikaw ay isang tunay na kinatawan ni Jesus, ito ay maaaring sa pamamagitan mo sila ay maakay na maunawaan ang isang bagay sa Kaniyang kabutihan at mabihag sa pag-ibig at paglingkuran Siya.”⁷⁶

Ang personal na bahagi ng pag-ibig ng Dios

Sa pamamagitan ng matalik na ugnayan, na kung saan nais ni Kristo na pumasok dito sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ipinapakita Niya sa atin sa isang natatanging daan ang personal na bahagi ng dakilang pag-ibig ng Dios. Ito ay hindi kayang unawain na si Kristo ay nananahan sa akin. Ngunit ang Salita Niya ay sinisigurado sa atin ito, na kung saan ito ay nagiging totoo. Isang ama, na nasa ibang bansang pagbibyahe kasama ang kaniyang anak na lalaki, ay ibig na ipaliwanag ang pag-ibig ng Dios. Ang sabi ng ama: Tignan mo ang unahan ng barko – at ngayon ang popa (dulo) ng barko – ito ang haba ng pag-ibig ng Dios. At ngayon tumingin ka sa kaliwa at kanan – ito ang luwang ng pag-ibig ng Dios. Ngayon tumingin ka sa itaas hanggang sa himpapawid – ito ang taas ng pag-ibig ng Dios. Ngayon tumingin ka sa ibabaw ng tubig. Ang dagat ay malalim sa ibaba natin. Ito ang lalim ng pag-ibig ng Dios. Ang kabataan ay nagnilay-nilay ng ilang sandali sa paliwanag at nagbigkas ng may ningning sa mukha: “Ama, alam mo ba ang pinakamagandang bahagi nito? Tayo ang nasa gitna nito.”

Bawa’t isa na itinatalaga ang kaniyang buhay araw-araw kay Kristo at puno ng Banal na Espiritu, ay nasa kalagitnaan ng pag-ibig ng Dios. Walang higit na lugar na maaari tayong mabuhay. Aking dalangin tuwing umaga na ang ating kahanga-hangang Ama ay ingatan ako sa dakong ito.

76 Ellen G. White, *Steps to Christ*, p. 115

Ang Katapusang Kakamtin: Saganang Buhay

Sa Efeso 3:19, ibig ni Pablo na ating maunawaan ang pag-ibig ni Jesus para sa atin at sa pamamagitan ng pag-ibig na ito tayo ay puno ng kapunuan ng Dios. Talatang 19 ay nagsasabi: *“At makikilala ang pag-ibig ni Kristo na di masayod ng kaalaman, upang kayo’y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios.”*

Nakikita ba natin kung anong nakasalalay kay Kristo na namumuhay sa atin? Ito ay ang daan tungo sa kapuspusan ng Dios. Sa Juan 10:10 sinabi ni Kristo na Siya ay dumating upang tayo ay magkaroon ng buhay na lalong sagana. Colosas 2:9,10 ay sinasabing: *“Sapagka’t sa Kaniya’y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka-Dios sa kahayagan ayon sa laman, at sa Kaniya kayo’y napuspos ...”* Mayroon ka bang kapuspusan ng Dios? Ibig ng Dios na ibigay ito sa iyo. Kunin ang kinakailangang mga hakbang!

Mga sagot higit sa ating mga kahilingan

Maaari nating idalangin na ang Panginoon aysagutin ang ating mga dalangin ayon sa Kaniyang pangako sa Efeso 3:20 *“Ngayon sa makapangyarihang gumawa ng lubhang sagana ng higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa atin.”* Maaari tayong humingi, angkinin ang pangakong ito, na ang ating kahanga-hangang Panginoon ay hindi lamang sumasagot sa ating mga dalangin gaya ng ating pakiusap, ngunit sa halip higit sa ating pakiusap, higit sa ating pagkaunawa – ayon sa kayamanan ng Kaniyang kaluwalhatian at kapangyarihan. Sa karagdagan, maaari tayong manalangin ayon sa Jeremias 33:3 na dinggin ng Dios ang ating dalangin at ihayag ang dakila at makapangyarihang mga bagay sa atin: *“Tumawag ka sa Akin, at Ako’y sasagot sa iyo, at Ako’y magpapakita sa iyo ng mga dakilang bagay at mahihirap na hindi mo nangalalaman.”*

Anong mga epekto ang nagawa ng buhay ni Jesus ang mayroon sa akin?

“Datapuwa’t sa Kaniya kayo’y nangasa kay Kristo Jesus, na sa atin ay ginawang karunungan mula sa Dios, at Katuwiran, at kabanalan, at katubusan.” (1 Corinto 1:30) Si Kristo ay ginawang karunungan sa atin. Tayo ay maaaring kumilos ng may katalinuhan na kasama natin si Kristo. *“Sapagka’t ang karunungan ay maigi kaysa mga rubi; at lahat ng mga bagay na ninanasa ay hindi maitutulad sa Kaniya.”* (Kawikaan 8:11) *“Nang magkagayo’y aking nakita, na ang karunungan ay humihigit sa*

kamangmangan, na gaya ng liwanag na humihigit sa dilim.” (Ecclesiastes 2:13) Kung wala ang pagiging kay Kristo, tayo ay maaaring maging napakatalino. Ngunit maaari din tayong maging napakamangmang na magkasabay. Ating alalahanin si Adan at si Eva. Sila ay mataas ang katalinuhan at kumilos ng napakamang-mang habang sila ay kumikilos ng ayon sa sariling determinasyon sa halip na magtiwala sa Dios. Ang aking pagiging ‘kay Kristo’ ay nagpapakilala kung ako ba ay may karunungan at pantas. “Ang karunungan ay nagpapapantas sa tao mas makapangyarihan kaysa sampung tagapamahala ng isang siyudad.”

Si Kristo ay ginawang katuwiran sa atin. Ito ay nangangahulugan na ang katuwiran, na kung saan ay nawala sa pagkahulog, ay maaaring mabawi sa pamamagitan Niya. Isang mahalagang talata ay Roma 8:3,4: “*Sa pagsusugo ng Dios sa Kaniyang sariling Anak ... ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan: upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.*” Pakiusap na tandaan na ang sinasabi ng talata na ang katuwiran ay natupad sa pamamagitan ni Jesus para sa mga lumalakad sang-ayon sa Espiritu. Sa ganitong paraan nabubuhay si Kristo sa atin.

Sinulat ni Dennis Smith: “Ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya ay may isang nakapag-aaring ganap na nakapagpapabanal na aspeto. Ang katuwiran ay nangangahulugan na pinalalaya ng Dios ang mananampalataya mula sa kasalanan at sa parusa at dinadamitan ang nagsisisig makasalanan ng katuwiran ni Kristo (ganap na pagsunod).”⁷⁷

Kung saan ang pinakamalaking pagpapalitan ay naganap: Kinuha ni Kristo ang aking mga pagkakasala at ibinigay Niya sa akin ang Kaniyang katuwiran. Sa pamamagitan ng pagpapalitang ito, maaari tayong tumayo Christ is made unto us sanctification. What does sanctification mean? sa harapan ng Dios Ama na para bagang hindi tayo nagkasala. “*Kung gaano ang layo ng silangan sa kanluran, gayon inilayo niya ang mga pagsalansang natin sa atin.*” (Mga Awit 103:12) Sa pamamagitan ng biyaya ng Dios tayo ay maaaring lumakad sa buhay na malaya sa pagkakasala.

Si Kristo ay ginawa sa ating pagpapakabanal. Ano ang ibig sabihin ng pagpapakabanal? “Ang tunay na pagpapakabanal ay nangangahulugan ng lubos na pag-ibig, ganap na pagsunod, lubos na pagsang-ayon sa kalooban ng Dios.”⁷⁸ Ang kahalagahan ng pananahan ni Kristo para sa buhay ng pagsunod na may kagalakan ay matatalakay ng mas detalyado

⁷⁷ Dennis Smith, *40 Days: Prayers and Devotions to Revive Your Experience With God*, book 2, p. 18

⁷⁸ Ellen G. White, *The Acts of the Apostles*, p. 565

sa kabanata 4 “Pagsunod sa pamamagitan ni Jesus.” Si Kristo ay ginawang kaligtasan sa atin; iyan ay kapatawaran sa lahat ng kasalanan, kalayaan mula sa tali ng kasalanan, buhay na walang hanggan sa kaluwalhatian ng Dios. Binayaran ni Jesus ang katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang pagdurusa.

Sa panahon ng kalakaran ng alipin sa Africa, ang mga bilanggo ay may bakal na kwelyo na nakatanikala paikot sa kanilang mga leeg at pagkatapos ay nakadugtong ito sa iba pang mga bilanggo na may kadena. Paminsan-minsan ang isa sa mga mahirap na mga taong ito ay may tumutubos. Sa sandaling ang tubos ay mabayaran, ang bilanggo ay pinalalaya mula sa kaniyang kuwelyong bakal. Si Jesus ang tumubos sa atin—Siya ay nagbayad para sa atin.

Ang kaisipan ni Jesus ay mabubuo unti-unti sa atin. Maaari nating angkinin ang Filipos 2:5 kapag tayo’y nananalangin: “*Mangagkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip, na ito’y na kay Kristo din naman.*” Kapag ating pinayagan si Kristo na pumasok, kung gayon ay Kaniyang pahihintulutan ang Kaniyang paraan ng pag-iisip at pagkilos na ilahad sa atin. Pagkatapos ay mamahalin natin kung ano ang mahal Niya. Tayo ay aalis sa mga bagay kung saan ay hindi Niya nais.

Tinupad ni Jesus ang mabubuting mga gawa sa pamamagitan ko

Sabi ng Salita ng Dios sa Efeso 2:10: “*Sapagka’t tayo’y kaniyang gawa, na nilalang kay Kristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.*” Ang Dios ay naghanda ng mabubuting gawa para sa iyo at akin—kung tayo ay na “kay Kristo”— upang ating matapos ang mga iyon. Sa pamamagitan ng pagganap sa tungkuling ito, ang Panginoon natin ay nagplano ng maykarunungan pamamaraan. Sa pamamagitan ng pakikipagtrabaho sa Kaniya at sa iba sa gawaing ito, tatlong mga bagay ang magaganap:

1. Ang patuloy na kagalingan sa aking pagmamataas dahil ako ay gumagawa para sa iba
2. Ang iba ay tumatanggap ng pagpapala sa pamamagitan ko
3. Ang Panginoon ay nagpapadala ng dakilang mga pagpapala pabalik sa akin.⁷⁹

79 Book 3 in miniserie *Steps to Personal Revival* entitled “*Spirit-Filled Co-Workers of Jesus—How Can I Become That?*” (2019)

Tayo ay lalago sa pamamagitan nito sa pananampalataya; ang praktikal, pangkaisipan, at espirituwal nating mga kakayahan ay nababago, ang ating katuwaan at kalakasan ay nadadagdagan, at sa proseso, tayo ay gumagawa sa kaharian ng Dios. May isa pang malaking katanungan napapaloob: Ako ba ay gumagawa para sa Dios sa sarili kong kalakasan o ang ating Panginoon ay kayang gumawa sa pamamagitan ko ng Kaniyang mga kakayahan?⁸⁰

Iniaangkop Niya ako upang maging Kaniyang saksi

Sapagka't si Jesus ay dumating "*upang hanapin at iligtas ang mga naligaw*" (Lukas 19:10). Kaniyang likas na aakayin ang mga tao sa kaligtasan sa pamamagitan ko. "Si Jesus na naninirahan sa'yo, ay naghahangad na magsalita sa mga puso ng mga yaong hindi nakakakilala sa Kaniya."⁸¹ "*Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko.*" (Gawa 1:8) Tayo ay babalik sa paksang ito sa kabanata 5 "Kaakit-akit na Pananampalataya sa Pamamagitan ni Jesus".

Hinihimok tayo ng Dios na: "... *manalangin sa Espiritu Santo*" (Judas 20). Kapag si Kristo ay naninirahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon ay maaari din tayong manalangin sa Banal na Espiritu gayon din sa pangalan ni Jesus. Tiniyak ni Jesus sa atin: "*at ang anomang inyong hingin sa aking pangalan ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak.*" Malinaw na sinabi sa atin: "Hindi lang tayo dapat manalangin sa pangalan ni Kristo, nguni't ayon sa inspirasyon ng Banal na Espiritu."⁸²

Anong ibig sabihin ng manalangin sa pangalan ni Jesus? "Ang manalangin sa pangalan ni Jesus ay isang bagay na higit pa sa pagbanggit lang ng pangalang iyan sa simula at katapusan ng panalangin. **Ito ay ang pagdalangin na nasa isip at Espiritu ni Jesus, habang tayo ay naniniwala sa Kaniyang mga pangako, umaasa sa Kaniyang biyaya, at paggawa ng Kaniyang gawain.**"⁸³ Kaya, ang panalangin sa pangalan ni Kristo ay may apat na aspeto:

1. Ang panalangin na nasa Espiritu ni Jesus ay nangangahulugan na pagiging puspos ng Banal na Espiritu.

80 For more particulars, see: www.steps-to-personal-revival.info under "Development"

81 Ellen G. White, *Steps to Christ*, p. 115

82 Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, p. 147

83 Ellen G. White, *Steps to Christ*, pp. 100, 101

2. Maniwala sa Kaniyang mga pangako, inaangkin ang mga pangako habang tayo'y nananalangin.
3. Umasa sa Kaniyang biyaya – ito ay may kinalaman sa pagtitiwala, na may pananampalataya, na may kahanga-hangang pagtitiwalangugnayan sa isa't-isa kasama ang Dios.
4. Gawin ang Kaniyang gawain – sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu na maging masunurin sa lahat ng mga bagay.

Kapag tayo ay nanatili kay Kristo, ang lahat ng kinakailangan ay natupad ng Kaniyang biyaya. Kaya ang pananalangin sa pangalanni Jesus, ibig sabihin ay pananalangin sa Kaniyang kapangyarihan. Ipinangako Niya na sasagutin ang ating mga dalangin. Ipinakita dito na napakalawak ang pagtitiwala ni Jesus sa kanila na nananahan sa Kaniya. Maaari nating samantalahin ang lahat ng mga pangako sa pamamagitan ni Kristo na nasa atin.⁸⁴ *“Sapagka’t maging gaano man ang mga pangako ng Dios, ay nasa Kanya ang oo Kaya nga naman na sa Kaniya ang Siya Nawa.”* (2 Corinto 1:20) *“Yamang ipinagkaloob sa atin ng Kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhatan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa Kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan: (nangangahulugan ito ng isang matalik na ugnayan kay Jesu-Kristo). Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako: upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios.”* (2 Pedro 1:3,4) Tandaan ang kahanga-hangang paraan ng Dios: Ibinigay na sa atin ng Dios kung anong ating kailangan upang mabuhay at para sa maka-Dios na paraan ng buhay. Ating natanggap ang mga regalong ito sa pamamagitan ng isang matalik na ugnayan kay Kristo. Ang mga bagay na ito ay ipinagkaloob sa atin sa ugnayang ito sa pamamagitan ng pagangkin sa mga pangako sa panalangin, sa pamamagitan ng panalangin ng pananampalataya tayo ay maaaring makibahagi ng maka-Dios na likas.

Paglaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan

“Ngayon nga’y wala nang anomang hatol sa mga na kay Kristo. Sapagka’t ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Kristo Jesus ay pinalaya ako sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.” (Roma 8:1,2)

⁸⁴ Ang pag-angkin ng mga pangako sa pananalangin ay tinalakay ng higit na detalye sa *Steps to Personal Revival* ni H. Haubeil, Chapter 5: The Key to Practical Experience

Bakit wala nang anomang hatol sa mga na kay Kristo Jesus? Una, dahil kinuha na ni Kristo ang aking pagkakasala sa pamamagitan ng Kaniyang sarili. Ikalawa, nang Siya ay nasa atin ang pagkaalipin sa kasalanan ay naputol sa atin; ako ay pinalaya mula sa kautusan ng kasalanan. Ibig sabihin na hindi na tayo dapat na magkasala, nguni't maaari pa rin tayong magkasala. Galatia 5:16 ay nagsasabi ng isang bagay na mahalaga tungkol sa paglaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. *“Lumakad sa Espiritu [Ibig sabihin: mabuhay ng patuloy kasama ang Banal na Espiritu], at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman.”*

Ang susunod na mga talata sa Galacia 5, talatang 17 at 18 ay nagpapaliwanag na ito ay may kinalaman sa buhay kasama ang Espiritu Santo. Sa talatang 19-21 ay nakatala ang mga gawa ng laman, na kung saan ay hindi na natin gagawin kapag tayo ay nabubuhay kasama ang Espiritu Santo. Si Kristo na nasa atin ay iingatan tayo mula sa kasalanan at sa mga nalaglag na mga anghel tulad ng pinag-tibay sa 1 Juan 5:18: *“Nalalaman natin na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala; datapuwa't ang ipinanganak ng Dios ay nagiingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama.”* Pinupuno ni Kristo ang ating mga puso ng Banal na Espiritu upang ang masamang espiritu ay walang puwang. Gayon man, sa puntong ito, dapat nating ilagay sa ating isipan na ang *“pangloob na katauhan ay nababago arawaraw”* (2 Corinto 4:16).

Si Kristo na nasa atin ay hinihimok tayo na huwag magkasala

Sa 1 Juan 3:6-9 ating mababasa ang mga sumusunod na solemneng mga salita patungkol sa kasalanan: *“Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala, sinomang nagkasala ay hindi nakakita sa Kaniya, ni hindi man nakakilala sa Kaniya. Mumunti kong mga anak, huwag kayong padaya kanino man: ang gumawa ng katuwiran ay matuwid, gaya Niya na matuwid: Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa ng pasimula ay nagkakasala ang diablo. Sa bagay na ito ay nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios.”*

Ang mga dalubhasa sa sinaunang Griyego ay nagsasabi sa atin na ang mga matatalas na mga salita tungkol sa pagkakasala ay tumutukoy sa nakasanayang pagkakasala. Ayon sa orihinal na talatang griyego ito'y nagsasabing *“... siya ay hindi nagkakasala ng patuloy”* – palagian (nguni't

paminsan-minsan siya ay nahuhulog sa kasalanan). Bilang mga anak ng Dios ginagawa natin ang kung ano ang tama at sinusunod ang utos ng Dios ...”⁸⁵ Ito ay nangangahulugan na si Kristo ay nasa atin at kasama natin, ito ay tumutulong sa atin na isuko ang ating makasalanang gawi. Ang ating buhay na kasama si “Kristo na nasa atin” ay tumutulong din sa atin na magkaroon ng pagtatagumpay laban sa nakaambang mga kasalanan.

Tayo ba ay nagiging nasa “laman” uli sa pagkakasala?

Ating isa-isip na sa pamamagitan ng kahanga-hangang pagbabagong ito ay hindi natin nararating ang kalagayang walang kasalanan. Tayo ay maaaring mahulog sa kasalanan dahil sa kahinaan, pagmamadali o kamang-mangan. Kung ang ganyang pangyayari ay dumating, kailangan nating “huminga sa espiritwal”, tayo ay mananatiling espiritwal na Kristiyano at hindi magiging “laman”. Ang kasalanan ay hindi pumuputol sa ating espirituwal na ugnayan sa Diyos. Ngunit ito ay kaligaligan na dapat nating hanapin.

Tayo ay magiging nasa laman ulit, kung ating pahihintulutan ang hindi pagtitiwala na mag-ugat at tayo ay hihinto sa “paghingang espirituwal”. Ang ating makasalanang likas ay mananatili hanggang sa ikalawang pagdating ni Kristo. Walang apostoles na nag-angkin na hindi sila nagkasala. Gayunman, “Si Kristo na nasa atin” ay gumagawa ng pagbabago sa ating relasyon laban sa kasalanan.

Ang Praktikal na resulta

Ang apostol na si Juan ay sumulat: *“Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay sinusulat ko sa inyo upang kayo’y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesukristo ang matuwid.”* (1 Juan 2:1) Sa gayon, ninanais ng Diyos tayo ay akayin sa isang buhay na walang kasalanan kay Kristo, nguni’t kung tayo’y magkasala, sa oras na iyon ay maaari nating hingin ang ating tagapagtanggol para sa kapatawaran at tanggapin ito. Sinabi ni Ellen White: *“Ang kasalanan ay maaaring paglabanan at mapananagumpayan lamang sa pamamagitan ng makapangyarihang ahensya ng ikatlong persona ng Ka-Diyosan, na darating na walang binagong kalakasan, nguni’t sa kapunuan ng makalangit na kapangyarihan.”*⁸⁶

⁸⁵ Werner E. Lange, Hrgb., *Unser größtes Bedürfnis* (Lüneburg: 2011), S. 31

⁸⁶ Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power*, January 5, p. 13

Sa pamamagitan ni Kristo na namumuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang Kapangyarihan ng kasalanan sa atin ay naputol at ito ay tiyak na mababawasan ang dalas na kung saan tayo ay nagkakasala.

Mabuting kalusugan

Si Kristo na nasa atin ay mag-iingat para sa ating kalusugan: *“Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay at guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa.”* (3 Juan 2) *“At pakabalanin kayong lubos ng Diyos din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Kristo. Tapat yaong sa inyo’y tumatawag, na gagawa rin naman nito.”* (1 Tesalonica 5:23, 24)

Sa isang lektura na ipinagkaloob ng isang genetisista na si Dr. Sang Lee, kaniyang binigyang diin na sa pamamagitan ng isang nagtitiwalang ugnayan kay Kristo ang ating “genes” ay nagtatrabaho ng maayos at gumagawa ng isang hormone na malusog.

Ang koneksyon sa pagitan ng pananampalataya at kalusugan – ito ay ang mensahe na talagang kinakailangan ng sanlibutan. Ang mensaheng ito ay maaari lamang dalahin ng mga alagad ni Jesus, na araw-araw na nagtatalaga ng kanilang mga sarili kasama ng lahat ng sa kanila at ng mayroon sila, na siyang araw-araw na humihingi para at tumanggap ng Banal na Espiritu at siyang personal na namumuhay sang-ayon sa repormang pangkalusugan na payo.

May pag-aaral na isinagawa sa 35,000 na mga tao sa ilalim ng edad na 30 sa pangangasiwa ng propesor ng Grossarth-Maticek ay ipinakita na ang pinakamalakas na sanhi ng kalusugan ay isang mapagmahal, kusang-loob na relasyon sa Diyos. Kapag ang ugnayan ay umiral, kung gayon ang ibang sanhi ng kalusugan, tulad ng malusog na pagkain, pagehersisyo at kagalingan, ay maraming panahon na mas malakas.⁸⁷ Ito ay malinaw na nagpapakita ng kahulugan ng mga sumusunod na talata sa Biblia: *“Sapagka’t sa pagsasanay ng katawan ay kaunting pakinabang, nguni’t ang kabanalang sa lahat ng mga bagay ay pinakikinabangan, na may pangako sa buhay na ito at sa darating.”* (1 Timoteo 4:8) Sa ikatlong aklat ng kaniyang *40-days* na serye ni Dennis Smith (*40 Days God’s Health Principles for His Last-Day People*) ay nagpakita ng kakaibang pamamaraan para sa kalusugan kaysa sa kung anong laging ating nalalaman. Kaniyang ibinahagi

87 Ayon sa *Medical Wellness mit Newstart—Plus*, by Drs. Heide (Leipzig, 2014), pp. 333, 334

kung paanong ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang umudyok at gumawa na baguhin ang pamumuhay. Kaya, ang kalusugang emosyonal ay may malaking kahalagahan.

Iniugnay ni Smith: “Itong 40-days na debosyon ay magpapakita sa atin kung paano tayo maaaring makipagtulungan sa Diyos upang matamo ang buong pisikal, emosyonal, at espiritwal na pagbabago na kung saan ay ibig niyang ating maranasan.”⁸⁸

Isang negosyante ang sumulat: “Aking tinanggap ang mensahe ng kalusugan sa pamamagitan ng araw-araw na pagiging puspos ng Banal na Espiritu. Bago ito, walang ni isang seminar tungkol sa kalusugan ang nagkaroon ng epekto sa akin. Mahal ko ang karne at hindi masyadong particular tungkol sa kung ano ang aking kinakain; ako rin ay uminom ng kape at itim na tsaa. Hindi ko inisip na ito ay isang problema. Paminsan- minsan ako ay uminom rin ng serbesa. Mula ng 2009 ako ay nananalangin araw-araw upang mapuspos ng Banal na Espiritu. Ako ay Kaniyang kinumbinsi na umiwas mula sa paggamit ng karne, kape, itim na tsaa at serbesa. Ako ay naging vegetarian. Ako ay dumating sa pagkatanto na ang buhay na may Espiritu Santo ay ang pundasyon para magtagumpay sa lahat ng mga bagay, kasama ang pagpipigil at pamumuhay.”⁸⁹

Isang kapatid na babae ay sumulat sa ilalim ng pamagat na “Ganap na pagpapasakop bumago sa aking buhay” (amin lamang ibinahagi ang aspeto ng kalusugan dito): “Inaanyayahan ko araw araw ang Espiritu Santo na manirahan at gumawa sa aking puso. Hindi na ako kumakain palagi. Iyan ay imposible para sa akin sa aking sariling kalakasan. Aking natutugunan ang araw-araw na pangangailangan ng higit na may kapayapaan at ang pagkabalisa ay hindi na nagagawang buhulin ang aking tiyan. Binigyan din ako ng Dios ng kalakasan na itigil ang pag-inom ng kape. Dati, ito ay hindi sukat akalain, dahil kapag ako ay huminto sa pag-inom ng kape, ako ay nagkakaroon ng napakatinding sakit ng ulo sa loob ng limang araw – ito ay ang matinding sintomas ng paghinto. Sa panahong ito hindi ko manlang inisip kung ano ang kahihinatnan na maaari para sa akin. Ang alam ko lang ay ayaw ko na itong muling gawin. Ngayon, wala na akong pagnanasa para dito. Ako ay may parehong karanasan sa karne. Ang aking pamilya at ako ay

88 Dennis Smith, *40 Days: God's Health Principles for His Last-Day People*, book 3 (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2012), Day 1

89 E-mails mula sa isang lalaking negosyante March 3 at 21, 2013, pinaikli at pinagtibay

hindi ibig na umiwas mula sa pagkain ng karne. Ngayon ito ay napakadali para sa akin – wala na akong pagnanasa para dito.”⁹⁰ Isa sa mga pangunahing dalubhasa sa kalusugan ay sumulat: “Ang tunay na kailangan ng panahon natin ay hindi isang simpleng edukasyong pangkalusugan—tayo ay may napakahusay na impormasyon. Ang kailangan, ay impormasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa kapangyarihan na ito ay ilagay sa pagsasagawa. Ito’y patungkol sa kapangyarihan na magbago.”⁹¹

Ang ebanghelyo ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan na magbago, dahil si Kristo na nasa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu

Ang dakilang pagbabago sa buhay ni Hudson Taylor

Nang si Hudson Taylor ay naging pinuno ng China-Inland Mission, siya ay nakatanggap ng isang sulat mula sa kaniyang misyonerong kasamahan na si McCarthy. Ginamit ng Diyos ang sulat na ito upang mabuksan ang kanyang mga mata sa kahanga-hangang katotohanan ng ating pananatili kay Kristo at ng kaniyang pananatili sa atin. Ito ay may kinalaman sa katotohanan tungkol sa lihim ng samahan sa pagitan ng mananampalataya at ni Kristo. Mula ng araw na ito at ang landas ni Taylor kasama ang Diyos ay landas ng kapayapaan, kapahingahan, at pagtatagumpay. Ang kaniyang kasamahang misyonero ay napansin ang kamangha-manghang pagbabago na ito. Sila ay nagbigay ng pananaw kung paanong si Taylor ay naglalakbay sa isang bagong landas bilang isang bagong tao sa bagong mundo upang ibahagi ang kaniyang patotoo sa kung anong ginawa ng Panginoon para sa kanya.

Si Taylor ay sumulat ng isang liham sa kaniyang kapatid na babae sa England. Kaniyang sinubukan ipaliwanag ang kahanga-hangang katotohanan na kaniyang nadiskubre at ang kahanga-hangang karanasan na kaniyang nagawa kasama ang kaniyang Dios. Sinulat niya: “Ang aking gawain ay hindi naging kasing malawak, kasing puno ng responsibilidad at kasing hirap tulad ngayon, ngunit ngayon ang presyon at hirap ay lubusang naglaho. Ang nakalipas na mga buwan ay marahil ang pinakamasayang buwan ng aking buhay. Ako ay nananabik na sabihin sa iyo ang kaunti sa kung anong ginawa ng Panginoon para sa akin. Hindi ko alam kung ako ay may kakayanan na gawin ito ng malinaw, dahil wala naman talagang anumang bago o kakaiba o kahangahanga at ngayon ang lahat ng bagay

90 Ang kompletong patotoo ay maaaring mabasa sa German sa www.missionsbrief.de – Archiv – Missionsbrief Nr. 42, S. 17, *Völlige Hingabe veränderte mein Leben*

91 Don Macintosh, Director Newstart Global, Weimar, USA, in *D’Sozo*, (Remnant USA), Foreword

ay bago! Sa isang maikling salita: ‘Kung saan ako ay bulag ngayon ako ay nakakakita!’ Nang ang aking pasan ay napakalaki, ginamit ng Diyos ang isang pangungusap sa isang sulat mula kay McCarthy upang maalis ang mga kaliskis na mahulog mula sa aking mga mata. Inihayag ng Espiritu ng Diyos sa akin ang katotohanan tungkol sa ating pagiging-isa kay Jesus na hindi ko nalalaman dati.”

Nagpatuloy si Taylor sa kanyang sulat upang ilarawan kung paanong binuksan ng Panginoon ang kaniyang pang-unawa para sa salita ni Kristo – na Siya ay ang puno ng ubas at ang mga mananampalataya ay ang mga sanga. Sinulat niya: “O ang kaligayahan na makita itong katotohanan!” Pagkatapos siya ay nagpatuloy: “Ang pinakamatamis na bahagi – kung ang isa ay makapagsalita ng isang bahagi na mas matamis kaysa iba, ay ang natira ba na kung saan ay puno ng pagkakakilanlan (pinagkaisahan at pagpapasakop) na dala ng pagiging kay Kristo. Ako ay hindi na balisa tungkol sa anumang bagay, nang aking mapagtanto ito, dahil Siya, alam ko, ay may kakayahan na isakatuparan ang kaniyang kalooban, at ang kaniyang kalooban ay akin. Wala nang halaga kung saan Niya ako ilagay, o paano. Ito ay higit na kinakailangan na kaniyang isaalang-alang ito kaysa akin. Dahil sa pinakamadaling katayuan ay kinakailangang bigyan Niya ako ng Kaniyang biyaya, at sa pinakamahirap ang Kaniyang biyaya ay sapat.”

Sinabi ni Dennis Smith ang mga sumusunod tungkol sa karanasan ni Taylor:

Natagpuan ni Hudson Taylor ang lihim ng pagtatagumpay sa kaniyang landas kasama ang Diyos. Kaniyang natuklasan kung paano siya magkakaroon ng malaking kapayapaan sa bawa’t sitwasyon ng kaniyang paglilingkod para kay Kristo. Iniaalok din ng Diyos ang parehong pagtatagumpay at ang katulad na kapayapaan sa lahat ng Kaniyang mga anak. Ikaw ba ay naghahangad ng gayon ding tagumpay at kapayapaan? Ito ay aking dalangin na ang lahat na makababasa ng aklat na ito ay matagpuan ng wasto itong pagtatagumpay at kapayapaan kay Kristo isang kaligayahan na para bang hindi kayang maabot dati.⁹²

Ako ay sumali sa panawagang ito at ninanais na ang bawa’t isa, na kung saan si Kristo ay nananahan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, isang

92 Dennis Smith: *Spirit Baptism and Abiding in Christ*, p. 10, 11 Recoended further readin: Dennis Smith, *40 Days: Prayers and Devotions to prepare for the Second Coming, book 1* (Hagerstown, MD : Review and Herald Publishing Association , 2009) , Especially Day 4: “Christ in you” (p. 18) gayundin ang ika-4 na bahagi ng aklat-*Spirit Baptism and Abiding in Christ*” (p .81-102)

nag-uumapaw at mabungang buhay para kay Kristo, na kung saan ay nailarawan ng higit na kapangyarihan ng Banal na Espiritu.” *“Ang nananatili sa Akin, at Ako’y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami.”* (Juan 15:5)

Sinabi ni Jesus tungkol sa Kaniyang sarili: *“Ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng Kaniyang magagawa.”* (Juan 14:10b) Si Jesus ay may malaking pagnanasa na ikaw at ako ay maaaring magsabi: Si Jesu-Kristo, na naninirahan sa akin, ang tatapos ng Kaniyang gawain. “Si Kristo na nasa puso, si Kristo na nasa buhay, ito ang ating kaligtasan.”⁹³

Panalangin: *“Panginoong Jesus, ako ay nagtataka sa katotohanan na nais mong ibahagi sa aking buhay, kapag aking ibinigay ang aking buhay sa Iyo at ako ay mapuspos ng Banal na Espiritu. Nais kitang purihin at salamat na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ikaw ay naging karunungan, katuwiran, kabanalan at katubusan para sa akin. (1 Corinto 1:30) Pakiusap, bigyan mo ako ng maligaya at nakikitang paglago sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa Iyo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Amen.”*

93 Ellen G. White, *The Ministry of Healing*, p. 511

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang mga magkakaibang resulta ng pagiging isa kay Kristo?*

2. *Anong ibig sabihin na manalangin sa Espiritu ni Jesus?*

3. *Ano ang nakamit ni Kristo sa atin na may kinalaman sa kasalanan?*

4. *Naabot ba natin ang kalagayan ng pagiging walang kasalanan sa pamamagitan ni Kristo?*

5. *Ano ang kaugnayan sa pagitan ng pananampalataya at kalusugan?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Na si “Kristo’y nasa atin” ay magkaroon ng malinaw at nakikitang resulta sa ating araw-araw na buhay.*
 2. *Para sa pang-unawa at kakayahang manalangin sa Espiritu ni Jesus.*
 3. *Para sa nakakapagpalayang karanasan ng pagtatagumpay sa makasalanang mga nakasanayan.*
 4. *Na Kaniyang iingatang tayong ligtas mula sa espirituwal na pagmamataas at hindi pagiging mahinahon.*

Hinihintay tayo ng Diyos na maghangad ng Banal na Espiritu

“Ang kapangyarihan ng Dios ay nag-aantay ng kanilang paghahangad at pagtanggap. Itong ipinangakong pagpapala, angkinin sa pamamagitan ng pananampalataya, ay nagdadala ng lahat ng iba pang pagpapala sa kasunod nito. Ito ay ipinagkakaloob ayon sa kayamanan ng biyaya.” DA 672.1 #13

Mga mag-asawa at ang Banal na Espiritu

Lalong naging malapit bilang isang mag-asawa

Ang aking asawa at ako ay lubos na pinagpala nang aming mabasa ang Steps to Personal Revival. Aming binabasa ito ng magkasama sa pangatlong pagkakataon! Inilagay nito ang aming karanasan sa buhay sa salita at nagpakita ng mga kaparaanan para sa mga komplikadong sitwasyon sa buhay. Ang pagbabasa at pananalanging magkasama ang nag-akay sa amin na lalong maging malapit at pagkakaisa na hindi namin naranasan noon! Kahanga-hangang maging isang pangkat! Paggawa, panalangin, pagtuturo at paglilingkod sa iba ay tunay na isang kasiyahan! Saan kami maaaring bumili ng isang kahon ng mga aklat na ito? A.C. pinaikli, #119

Kahanga-hangang mga Karanasan

Ang aklat na 40 Days ay nagbigay sa amin ng kahanga-hangang mga karanasan. Una sa lahat dumating ang personal na pagpapanibagong buhay. Sa pamamagitan ng pag-aaral na magkasama at sa palitan ng mga kaisipan sa umaga, kami ay naging malapit na magkasamang lumago sa espirituwalidad bilang isang mag-asawa. Pagkatapos na manalanging magkasama naranasan namin ang pangunguna ng kamay ng Dios araw-araw—kahit na sa mahirap na mga sitwasyon. Hindi maipaliwanag kung gaanong kalakasan ang aming natanggap upang makaraos sa bawat araw. C.a.K.R. (pinaikli), #3

Nakipaglaban ako sa aking Buhay May-asawa

Pinupuri ko ang Dios na binuksan Niya ang mga mata ko sa espirituwalidad mula nang magbasa ako ng Steps to Personal Revival. Hindi na ako katulad ng dating kristiyano. Bilang isang Adventista, akala ko ako ay marami nang karanasang Kristiyano, ngunit sa loob ko aking napagtanto na may kulang. Nakipaglaban ako sa aking buhay mayasawa para sa isang mabuting ugnayan sa aking asawa, na isa ring miyembro ng iglesia. Ngayon kami ay nananalanging magkasama at nagpapalakasan sa isa’t-isa upang dalawin ang iglesia. #120

Ang aklat na ito ay tumutulong rin sa mga mag-asawa

Ako ay pumunta sa Adventistang tindahan ng aklat. Doon ay inalok sa akin ang aklat, Steps to Personal Revival. Ayaw kong magkaroon nito. Ang tagapag-tindang babae ay pinilit ako at sinabing, “Ang aklat na ito ay nakakatulong sa mga mag-asawa. Ang aking pamangking babae ay nakipaghiwalay sa kaniyang asawa. Ang aklat na ito ang nagdala sa kanila na magsamang muli. Ngayon sila ay nananalanging magkasama at pumupunta sa simbahang magkasama.” Kaya binili ko ang aklat at naranasan ito bilang isang napakahalagang kayamanan. #120 a

PAGTALIMA SA PAMAMAGITAN NI JESUS

*Paano ako mamumuhay sa
pagtalimang may kagalakan?
Bakit ito ay isang kagalakan?
Bakit ang pagsunod ay para sa aking
sariling kabutihan?
Paanong ang pagsunod sa pamamagitan ni
"Jesus na nasa akin" ay gumagawa?
Ang Pagtalima ba sa pamamagitan ng
pananampalataya ay isang pagtutulungan sa
pagitan ng Dios at tao?
Anong gawain ng Dios? Anong gawain ng Tao?*

Ang Biblia at ang isang talaorasan ng riles

Sa panahon ng komperensya sa Frankfurt am Main, Germany, ang mga mag-aaral ay nagtanong sa isang matandang misyonero ng China na si Hudson Taylor, "Paano mo pinaniniwalaan ang bawat salita sa Biblia?"

Angsagotniya ay, "Kung nais mong magbiyahe pauwi bukas, ay bubuksan mo ang talaorasan ng riles at sisiyasatin ang pag-alis. At kung matagpuan mo na ang tren ay aalis ng ika-7 ng umaga; hindi kana magtatanong ng ano pa man na susunod na mga katanungan, sa halip pupunta ka sa himpilan ng tren sa susunod na araw at matatagpuan mo ang iyong tren na nakahanda upang umalis. Tulad ng paggamit mo ng talaorasan ng riles, aking ginawa ang tulad nito sa Biblia at ang mga kautusan nito at mga pangako sa loob ng nakaraang 50 na taon. Aking naranasan ang mga tagubilin na naging tama sa aking mahabang buhay at sa gitna ng sandaang nakamamatay na mga panganib. Halimbawa, kapag sinabi ng Biblia na: '*Datapuwa't hanapin muna ninyo ang Kaniyang kaharian, at ang Kaniyang katuwiran at*

ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa iyo.’ (Mateo 6:33) Sinunod ko ang mga direktiba at hindi kailanman naging bigo sa anomang mapanganib na mga sitwasyon. Kung gagawin mo ang katulad, kung gayon ikaw ay magkakaroon ng katulad na mga karanasan.”⁹⁴

Ang pagbabalik tanaw sa pagsunod sa pamamagitan ni Kristo ay magbibigay sa atin ng dakilang katuwaan. Ibig nating gawin ito ngayon. Itong pagsunod ay may natatanging pangalan: pagtalima sa pananampalataya.

Sa anong katapusan tumatawag ang Dios sa mga ministro?

Sa Roma 1:5 aking natagpuan ang isang direktiba na may malaking kahalagahan para sa akin bilang ministro ng ebanghelyo: *“Na sa pamamagitan niya’y [Jesu-Kristo] tinanggap namin ang biyaya at pagkaapostol, sa pagtalima sa pananampalataya sa lahat ng mga bansa, dahil sa Kaniyang pangalan.”*

Ibig sabihin na tumatawag ang Dios ng mga tao sa Kaniyang paglilingkod upang akayin ang iba sa pagtalima sa pananampalataya. Nangangailangan na maunawaan ang bagay na ito ng lubos, at sa tulong ng Dios ako ay isang mabuting halimbawa. Kapag ginawa ko ito, kung gayon ako ay kumikilos sa Kaniyang pangalan, na ang ibig sabihin ay nasa kapangyarihan ni Jesu-Kristo.

Paano mangyayari ang pagtalima sa pananampalataya?

Ang pangwakas na mga salita ng sulat sa mga taga Roma ay nagdagdag ng isa pang isipan. Kung paanong nais ng Dios na makamit itong pagtalima sa pananampalataya. *“At ngayon sa Kaniya na makapangyarihan na sa inyo’y makapagpapatibay ayon sa aking ebanghelyo at sa pangangaral ni JesuKristo, ayon sa pahayag ng hiwaga na kung saan ay natago sa katahimikan nang panahong walang hanggan. Datapuwa’t nahayag na ngayon, at sa pamamagitan ng mga kasulatan ng mga propeta, ayon sa ipinag-utos ng Dios na walang hanggan, ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa upang **magsipagtalima sa pananampalataya**. Sa iisang Dios na marunong, sa pamamagitan ni JesuKristo, na sumasa kaniya ang kaluwalhatian magpakailanman. Siya nawa.” (Roma 16:25-27)*

Ang mga talata ito ay nagpapaliwanag na ang hiwaga ay nahayag para sa isang tiyak na layunin – upang itaas ang pagtalima sa

⁹⁴ Ulat ni Prof. Dr. Karl Heim sa isang devotional, na kung saan sa ngayon ay wala akong hawak.

pananampalataya, bagaman hindi nito ipinaliliwanag kung ano ang hiwaga. Ating matatagpuan ang paliwanag sa Colosas 1:27: *“Na sa kanila’y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito’y si Kristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian.”*

Ang hiwaga ay: si Kristo ay nasa atin, at ano ang resulta kapag ang pagtalima sa pananampalataya ay nakamit kay Kristo? *“Kaya’t kung ang sinoman ay na kay Kristo, siya’y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila’y pawang naging mga bago.”* (2 Corinto 5:17) Tayo ay may bagong buhay kay Kristo na nasa atin. Maaari ba nating matuklasan ito sa pamamagitan ng tiyak na pagbabago sa ating ugali? Ang pagtalima sa pananampalataya ay nakamit sa pamamagitan ni “Kristo na nasa atin”. Isa pang talata ay naglalarawan nitong bagong buhay kagaya ng sumusunod: *“Upang kayo’y mangapuno ng lahat ng kapunuan ng Dios.”* (Efeso 3:19)

Paano natin maiintindihan ang isang buhay na may pagtalima sa pananampalataya?

Nababago ang mga pag-uugali natin patungo sa Kaniyang mga utos. *“Ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat.”* (1 Juan 5:3) – *“Sapagka’t malambot ang aking pamatok,”* sabi ni Jesus (Mateo 11:30). *“Ako’y maaaliw sa iyong mga utos”* (Awit 119:47), dahil sila ay *“lalong mabuti sa akin kaysa libong ginto at pilak”* (t. 72) *“matamis kaysa pulot sa aking bibig”* (t. 103), *“ako’y nagagalak sa iyong salita”* (t. 162), *“dakilang kapayapaan”* (t. 165). Oo, pagtalima sa pananampalataya ay isang kaayaayang bagay.

Kailangan natin ang isang matatag na pundasyon para sa ating buhay

Ang isang makatang Aleman na si Matthias Claudius ay sumulat: “Kailangan ng tao ang isang matatag na angkla, isang bagay na hindi nakaasa sa kanya, sa halip ay isang bagay na maaari niyang asahan.”⁹⁵ Sa panahon ngayon, maraming mga tao ay nagdurusa sa ilalim ng pagkabalisansang emosyonal, yamang sila ay walang matatag na pundasyon na dulot ng kakulangan ng pananampalataya. Sa pamamagitan ng isang malapit na relasyon, ibig ng Dios na bigyan tayo ng isang matatag na pundasyon na nakabase sa Kaniyang salita.

⁹⁵ *Matthias Claudius* (Edition Steinkopf, 1982), S. 10.

Ipinakita sa atin nitong Kristiyanong makata na kailangan natin ng isang matatag na pundasyon at maaasahang mga pamantayan sa ating mga buhay. Saan natin matatagpuan ang isang matatag na pundasyon? Inilatag ng Dios ang pundasyong ito, mahabang panahon na ang nakalipas. Ang Kaniyang pangalan ay: Jesu-Kristo. *“Sapagka’t sinoman ay hindi makapaglalatag ng ibang pinagsasaligan, kundi ang nalalagay na, na ito’y si Kristo Jesus.”* (1Corinto 3:11) Si Jesus lang ang nagjiisa na maaaring magbigay ng isang matatag na pundasyon para sa ating buhay.

Saan natin maaaring matagpuan ang pinakamahusay na mga pamantayan para sa ating buhay?

Sino ba ang angkop na magtakda ng mga pamantayan? Sino ang maaaring magdikta? Sino ang maaaring makatiyak kung ano ang matuwid? Ang Biblia ay nag-aalok ng isang maliwanag na kasagutan na nakasulat sa Mga Awit 99:4 *“Ikaw (Dios) ay nagsasagawa ng kahatulan at katuwiran.”* At Mga Awit 111:7,8 ay nagdagdag: *“Ang mga gawa ng kaniyang mga kamay ay katotohanan at kahatulan: Lahat niyang mga tuntunin ay tunay. Nangatatag magpakailan-kailan man, mga yari sa katotohanan at katuwiran.”* (Mga Awit 148:6)

Ang Dios, ang Manlalalang, at ipinasiya kung ano ang matuwid: pamantayan o mga patakaran. Ang Manlalalang lamang, ang dakilang mayari ng lahat ng mga bagay, at mayroong karapatan nito. At saka, walang ibang tao ang may malinaw na pangkalahatang-ideya. Ang Dios lamang ang marunong ng lahat ng bagay at matalino sa lahat.

Ang katangian ng Isa na Siyang nagtatakda ng mga pamantayan, ay may dakilang kahalagahan. Ang Biblia ay ipinapakita sa atin na ang Dios ay pag-ibig; Siya ang pinanggagalingan ng pag-ibig, katotohanan, katuwaan at katarungan. Dahil sa Kaniyang kahanga-hangang katangian, sa Kaniyang walang katapusang abilidad at walang hanggang karunungan, ang Dios ay may kakayahang maglatag ng mga alituntunin ng may kahustuhan para sa mga anghel, sa mga nakatira sa ibang mga mundo, sangkatauhan at mga hayop. Ang mapagmahal na Manlalalang ay naglikha ng pinaka-sang-ayon na mga kondisyon para sa buhay.

Hindi lamang Niya ginawa ito kasama ang mga batas ng kalikasan, halimbawa ay ang mga palagian sa mundong ito, ang distansiya mula sa araw at buwan, ang paglagay sa lugar ng aksis ng mundo, nguni’t gayon din ay inilatag ang mga batas para sa kaligayahan ng sangkatauhan sa wasto at mabuting aral na pamamaraan (Jeremias 7:23). Ang ating mapagmahal

na Amang nasa langit ay itinatag ang kahanga-hangang mga alituntunin para sa atin.

Nais nating ingatan ang kaisipang ito sa ating pag-iisip habang ating tatalakayin ang isang kakaibang pangyayari sa katapusan ng panahon – ang dakilang pagkalito na may kinalaman sa pagsunod sa mga utos ng Dios.

Pagkalito tungkol sa pagsunod sa mga panuntunan ng Dios

Sinabi ni Pablo sa 2 Corinto 4:3,4 *“At kung ang ating ebanghelyo ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa mga napapahamak: na binulag ng dios ng sanglibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila’y huwag sumilang ang kaliwanagan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, na Siyang larawan ng Dios.”*

Si Satanas ay bumubulag at nagpapanggap. Ang isang binulag na isipan ay maaaring magpahiwatig ng dalawang mga bagay: Una, na ang tiyak na mga bagay ay hindi nakikita kahit noon pa man. Ang mga tiyak na bagay ay “ikinubli” o “nakatago”. Sa kabilang banda, ito ay maaari ding mangahulugan ng “nabighani.” Hindi natin natanto kung paanong tuso na naipasa ang mga ito sa atin. Sa alin mang pangyayari, ang pagpapanggap at pambubulag ay humahadlang sa tamang pananaw. Ang talata ay nagsasabi na ito ay nangyayari sa mga hindi mananampalataya. Nguni’t ang kagulat-gulat ay ang talagang parehong bagay na nangyayari sa Kristiyano sa laman. Hindi nila ganap na isinuko ang kanilang mga sarili kay Jesus. Kung kaya ang “dios ng sanlibutang ito” ay maaari silang bulagin.

Ako ay kumbinsido na si Satanas ay nagtatangka rin ng pambubulag sa mga Kristiyanong Espirituwal. Sinabi ni Jesus sa Mateo 24:24 *“ano pa’t ililigaw, kung maaari, pati ang mga hirang”*. Sa 1 Juan 5:18 ay nagsasabi ayon sa German Luther Version *“... sinomang ipinanganak ng Dios ay iniingatan siya at ang masama ay hindi siya magagalaw.”*⁹⁶

“Si Satanas ay hindi lang inaakay ang sanlibutan na maging bihag, subali’t ang kaniyang mga pandaraya ay lumalaganap sa mga naghahayag na mga iglesia ng ating Panginoong Jesu-Kristo.”⁹⁶

Malinaw na inilarawan ni Jesus ang pangyayaring ito sa Kaniyang mensahe sa mga taga Laodicea sa Apocalipsis 3:17.

Sa Kaniyang pagtalakay sa mga kaganapan sa huling mga araw sa Mateo 24 at 25, apat na ulit na binanggit ni Jesus ang isang natatanging tanda ng katapusan: pandaraya. Ang pandaraya ay laging handa napakalakas,

96 Ellen G. White, *Christ’s Object Lessons*, p.414

nguni't ito ay lalago pa. Silang mga binulag ay mahirap na mapansin ito. Sa tingin ko ang bawat isa sa atin ay suriin ang kaniyang sarili. Kinakailangan nating matanto na tanging ang Banal na Espiritu ang maaaring magbukas ng ating mga mata upang maalaman ang katutuhanan at pandaraya. Isang lugar, na kung saan ay mayroong napakalaking pandaraya, ay may kaugnayan sa pagsunod sa kalooban ng Dios, tungo sa Salita ng Dios at tungo sa kautusan ng Dios. Marami ang walang malinaw na kaisipan kung anong uring pagsunod ang nais ng Dios at paano ito maaaring maging posible para sa atin na maging masunurin. Ito ay may kinalaman sa pagtalima sa pananampalataya – ito ay isang tanging uri ng pagsunod.

Ano ang pagtalima ng pananampalataya?

Nakakasalamuha natin ang ilang mga posibilidad upang ipaliwanag ang katagang ito na nilikha ni Apostol Pablo. Ito ay tiyak na isang pagsunod na ginagampanan nang tumpak ang plano ng Dios para sa pagtubos. Ito ay may kinalaman sa pagpasok sa isang tunay na pagtitiwalang-ugnayan kay Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang resulta ay ang aking kaligtasan sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo. Ang pagsuko ko kay Jesus ay kabilang ang pag-iingat sa mga kautusan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ito ay hindi pagsunod sa pamamagitan ng aking sariling pagsisikap.

Kinuha ni Pablo ang sadyang paninindigan laban sa pagtalima sa batas-pagka-fariseo, kung saan ay nangangahulugan na maaari i itong matamo sa sarili ng kapamaraan patungo sa kaharian ng Dios sa pamamagitan ng wastong pagsunod sa utos ng Dios. Kaniyang nilinaw na ang pagsunod ay kinakailangan para sa tunay na pagiging alagad, nguni't ang pagsunod na ito ay iba kaysa sa mga Fariseo. Ito ay nagmumula sa isang may kaligayahang pagtanggap ng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesu-Kristo. Ito ay lumilikha ng kilos ng pagsunod sa buhay ng isang tao bilang isang alagad ni Jesus.

Ang pagsunod na ito ay nakabase sa pagtitiwala, na nagmumula sa puso. Isinulat ni Dennis Smith: “Kapag ang isang tao ay nabubuhay sa isang malapit na ugnayan sa Dios sa pamamagitan ng Espiritu, kung gayon ang pagsunod ay dumarating na natural at mula sa puso, na hindi na pinagiisipan ng lubha.”⁹⁷ Ito ay ang pagsunod na ginagawang posible sa pamamagitan ng isang makalangit--taong pagkikipagkaisa.

97 Dennis Smith, *40 Days: Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming, book 1*, pp. 21, 22

Inihayag ng Dios ang isang hiwaga

Upang ibuod ang Roma 16:25,27: Sa pamamagitan ng walang hanggang utos ng Dios, isang hiwaga ay naihayag, upang itatag ang pagtalima sa pananampalataya. Sa kautusan ng Dios ang hiwagang ito – na si Kristo ay nasa atin – ang nagtatamo ng pagtalima sa pananampalataya. Ang pananampalatayang may pagsunod samakatuwid ay isang pagsunod na kusang-loob na nakabatay sa pananampalataya, pagtitiwala at pag-ibig. Tayo ay pumapasok sa isang relasyon ng pagtitiwala sa Dios at batay sa pagtitiwalang ito at sa ating pagkaunawa na ang Kaniyang mga utos ay nasa ating pinakamahusay na kapakanan, tayo ay nagpasya na maging masunurin.

“Sa halip na palayain ang tao mula sa pagsunod, ito ay pananampalataya, at pananampalataya lamang, na tayo ay maging kalahok ng biyaya ni Kristo, na kung saan ay nagbibigay-daan sa atin na magbigay ng pagsunod.”⁹⁸

Ano ang bumubuo ng hiwagang ito?

Si Apostol Pablo ay ipinapakita sa atin sa Colosas 1:25-27 na Siya ay *“ginawang ministro nito, ayon sa pamamahala na mula sa Dios ... upang maipahayag ang salita ng Dios; maging ang hiwaga ng inilihim sa lahat ng panahon at lahi; datapuwa’t ngayo’y ipinahayag sa kaniyang mga banal.”* Anong uri ng hiwaga ito? *“Na sa kanila’y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito ... na ito’y si Kristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian.”*

Itong hiwaga, na kung saan ay natago at ngayon ay nahayag, na si Jesus mismo ang nais na manirahan sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang talata ay nagsasabi na ito ay ang pag-asa sa kaluwalhatian para sa atin. Ito ay nangangahulugan na ang kapunuan ng buhay na ibig ng Dios na ipagkaloob sa atin ngayon at buhay na walang hanggan sa kaluwalhatian ay maaaring makamit at ito ay garantisado. Itong matalik na ugnayan, na kung saan ay nais ni Kristo sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay nagpapakita ng dakilang pagibig ng Dios sa ganap na kakaibang pamamaraan. “Si Kristo ay nasa atin” ay ang puso ng hiwagang ito; sa malawak na kahulugan ito ay ang ebanghelyo o ang plano ng pagtubos.

Ang Roma 16:25,26 ay nagsasabi sa atin na sa pamamagitan ng hiwagang ito, ang pagsunod bunga ng pananampalataya ay naitatag o naganap.

98 Ellen G. White, *Steps to Christ*, pp. 60, 61

Ibig sabihin nito, na sa pamamagitan ni Kristo tayo ay may kakayahan, at gayundin nais nating sumunod.

Paanong si Kristo ay nasa atin?

Paano i t o naging posible na si Kristo ay maaaring tumira sa atin? Ating basahin sa Efeso 3:16-17,19: *“Upang sa inyo’y ipagkaloob Niya [ng Ama] ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo’y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa pagkataong loob, na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo’y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig ..., upang kayo’y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios.”*

Sa atin ay sinabi:

1. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ating matatanggap ang saganang kapangyarihan para sa ating pagkataong loob.
2. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo, si Kristo ay namumuhay sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya.
3. Nang sa gayon, tayo ay mamalagi at sanayin ng mabuti sa pagibig. Kapag si Jesu-Kristo ay nananahan sa atin, kung gayon ay Kaniyang pinalalago ang Kaniyang likas ng pag-ibig sa atin. Tinatawag ito ng Biblia na *“ang bunga ng Espiritu”* (Galatia 5:22).
4. Ito ay umaakay sa atin sa isang buhay na “puno ng lahat ng kapuspusan ng Dios” (Tingnan din ang Juan 10:10; Colosas 1:9,10).

Si Kristo na nasa atin ay nangangahulugan na ang ating pagsunod ay posible ngayon, dahil ito ay dinala sa atin ni Jesus. Sinabi ni E.G. White: “Sa oras na ang isang kaluluwa ay tumanggap kay Kristo, ay tumanggap siya ng kapangyarihan na ipamuhay ang buhay ni Kristo.”⁹⁹

Siya ay nananahan sa atin kapag tayo ay ganap na nagtiwala sa Kaniya, – kapag ating ganap na itinilaga ang ating mga sarili sa Kaniya. Ang nagbubungang pagsunod ay pagsunod ng may pananampalataya. Nais ni Kristo na mamuhay ang Kaniyang matagumpay na buhay sa atin.

Isang karagdagang mahalagang kaisipan ang matatagpuan sa Galatia 4:19. Sinabi ni Pablo doon: *“Maliliit kong mga anak, na muli kong ipinagdaramdam sa panganganak hanggang si Kristo ay magka-anyo sa inyo.”* Si Pablo ay labis na nababahala na si Kristo ay mamuhay sa mga

99 Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, p. 314

mananampalataya. Kaniyang sinabi: “hanggang si Kristo ay magka-anyo sa inyo.” Gaano katagal para sa isang tao na maging ganap na lumago? Hanggang sa labing –anim o labing-pitong taon. Ako ay naniniwala na si Pablo ay tumutukoy sa isang proseso ng paglago dito. Ibig sabihin kapag tayo ay araw-araw na nagtatalaga ng ating mga buhay kay Kristo at araw-araw na hingin na may pananampalataya para sa Banal na Espiritu, kung gayon si Kristo ay nasa atin, nguni’t mayroong proseso ng paglago sa relasyong ito.

Kalabuan

Sa kasamaang palad, may ilang hindi malinaw na mga puntos sa pagsunod. Una, nais nating tumingin sa kung anong mahalagang mga puntos na binanggit ni Jesus tungkol sa ating buhay pananampalataya: “*Kung kayo’y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.*” (Juan 15:5) Ito ay tiyak rin na tumutukoy sa mga mahahalagang bahagi ng pagsunod.

Ikalawa, tayo’y titingin sa isang nauugnay na pangungusap mula kay Ellen G. White na nagpapaliwanag ng mahalagang prinsipyo tungkol sa pagsunod: “Siya sinoman na nagsisikap na marating ang langit sa pamamagitan ng kaniyang sariling mga gawa sa pagsunod ng kautusan, ay nagtatangka ng isang imposible. Ang tao ay hindi maaaring maligtas kung walang pagsunod, nguni’t ang kaniyang mga gawa ay hindi dapat sa kaniyang sarili; si Kristo ay dapat na gumawa sa kaniya sa kalooban at upang gawin ang kaniyang mabuting kasiyahan.”¹⁰⁰

Tatlong mahalagang mga puntos ang nagawa:

1. Imposible na marating ang langit sa pamamagitan ng aking sariling mga gawa. Ibig sabihin nito na ibig na magkamit ng isang bagay mula sa Dios (tulad ng katuwiran sa pamamagitan ng mga gawa) ay isang pagkakamali.
2. Gayunman, ang pagsunod ay isang bahagi na hindi maaaring wala sa isang buhay kasama ang Dios, mula ng tawagan ang mga alagad ni Jesus na mamuhay ng sang-ayon sa kalooban ng Dios.
3. Ang pagsunod ay hindi dapat sariling gawain natin, hindi mula sa ating sariling kalakasan, nguni’t sa halip sa kalooban at sa paggawa ay maaaring matapos ni Kristo na nasa atin.

Ngayon, nais nating tingnan ng mas malapit kung paano ito nakamit.

100 Ellen G. White, *The Review and Herald*, July 1, 1890, par. 11

Marami ang mayroong paniniwala na kailangan nilang makamtan ang langit maging ito man ay bahagya o lubos. Iniisip nila na kinakailangan nilang sundin ang maling paraan na ito, dahil hindi nila alam ang kahangahangang pamamaraan, na kung saan ay inilaan ng Dios para sa kanila. Kanilang sinusubok na marating ang isang bagay na imposible. Ang bawa't isa, kung saan hindi nananahan si Jesus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay sumusubok ng isang hindi ikapangyayari, kahit gaano kahaba o kaikli ang kanilang listahan na mayroon ng puntos ng pagsunod.

Ang Banal na Kasulatan ay nagtuturo ng malinaw na tayo ay hindi maaaring maligtas sa pamamagitan ng ating sariling mga katangian (mga gawa ng kautusan) sa halip sa pamamagitan ng pananampalataya lamang sa Dios. Roma 3:28: *“Kaya nga maipapasiya natin na ang tao ay inaaringanap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan.”*

“Walang ni isamang punto na kailangang pagtuonan ng husto, laging uulitin, o itatatak ng matibay sa kaisipan ng lahat maliban sa imposibilidad ng nagkasalang tao na siya ay maligtas sa pamamagitan ng sarili niyang pinakamabubuting mga gawa. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Kristo lamang.”¹⁰¹

Kailangang-kailangan ang pagsunod

Binigyang diin ni Jesus ang pagsunod. Ang kaniyang huling mga salita ay: *“Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo.”* (Mateo 28:20) Dito Siya ay maliwanag na nagsasalita tungkol sa pagsunod. Ang mga kautusan, na kung saan ay isinulat ni Jesu-Kristo sa pamamagitan ng Kaniyang sariling kamay at ibinigay kay Moses sa Sinai, ay hinihiling ang ating pagsunod. Itong inaasahan mula sa Dios na kung saan ay pinatutunayan ng Biblia, ay sinabi sa maikling pangungusap ni E.G. White bilang sumusunod: *“Lahat ng Kaniyang kaloob ay ipinangako sa kondisyon ng pagsunod.”*¹⁰²

Sa *Christ's Object Lessons* atin ding mababasa: *“Ang katangian ng Dios ay ipinahayag sa Kaniyang utos; at upang ikaw ay maging katugma sa Dios, ang mga prinsipyo ng kaniyang kautusan ay kinakailangang maging pinagmumulan ng iyong bawa't kilos.”*

¹⁰¹ Ellen G. White, *Faith and Works* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 1999), p. 18

¹⁰² Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, p. 145

“Hindi babawasan ni Kristo ang kahilingan ng kautusan. Sa hindi nagkakamaling wika ay Kaniyang ipinakilala ang pagsunod dito bilang kondisyon ng buhay na walang hanggan.”¹⁰³

Ipinakikita sa atin ni Apostol Juan na ang pagsunod ay nagpapahiwatig kung ating nakikilala ang Dios: “*At sa ganito’y nalalaman natin na siya’y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos. Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya.*” (1 Juan 2:3, 4) “*At ang tumutupad ng Kaniyang mga utos ay mananahan sa Kaniya, at Siya ay sa kaniya.*” (1 Juan 3:24)

Ang pagsunod ay isa ring nagpapahiwatig at nagpapakita kung mahal natin ang Dios: “*Sapagka’t ito ang pag-ibig sa Dios na ating tuparin ang Kaniyang mga utos: at ang Kaniyang mga utos ay hindi mabibigat.*” (1 Juan 5:3)

Ang Biblia ay nagpapakita sa atin na ang pagsunod ay isang tanda ng nalabi na iglesia sa huling panahon. Sinasabi ito sa kanila “*na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios.*” (Apocalipsis 12:17) “*ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios.*” (Apocalipsis 14:12)

Si Charles Finney, marahil ang pinakamatagumpay na mangangaral ng pagpapanibagong buhay sa ating panahon, ay nagsabi: “Ang pagpapanibagong-buhay ay isang bagong pasimula ng pagsunod sa Dios.”¹⁰⁴ Nais din nating sumipi sa Adult Bible Study Guide noong August 31, 2011: “Ang pagsunod ay hindi nangangahulugan ng kaligtasan, nguni’t sa halip ay isang paraan kung saan ay naghahayag ng mga kalalabasan at mga pagpapala ng kaligtasan sa buhay ng mga tinubos.”

Pagsunod ng na kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo

Tayo ay maaari lamang maging masunurin sa pamamagitan ni Kristo na nasa atin. Siya lamang ang maaaring magkamit nito. Bilang isang tao, si Kristo ay naging isang modelo ng pagsunod para sa atin. “*Bagama’t Siya’y Anak, gayon ma’y natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis.*” (Hebreo 5:8)

“*At siya’y mapaging sakdal, ay Siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga nagsisitalima sa kaniya.*” (Hebreo 5:9)

¹⁰³ Ibid., p. 391

¹⁰⁴ Cited in *Unser größtes Bedürfnis (Our Greatest Need)*, Lüneburg, Werner E. Lange, 2011, S. 102

Ang Mga Gawa 5:32 ay kinukumpirma ito: Ibibigay ng Dios ang Espiritu Santo sa mga nagsisitalima sa Kaniya. Nangangahulugan ba ito na ang ating pagtalima sa kautusan ng Dios ay isang kondisyon para sa ating katubusan? Hinding-hindi! Sa halip, ibig ni Pablo na muling bigyang diin: Ang landas sa pagtubos ay sa pamamagitan ng pananampalataya lamang at sa landas na ito tayo ay kinakailangang maging “masunurin” sa Dios. Pagkatapos Siya ay gagawa sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu sa isang nakamamanghang paraan upang maluwag sa ating loob na tayo ay mabuhay gaya ng nais ng Dios sa atin.

Ito ay tumpak sa kung ano ang isinulat ni Pablo sa Roma 8:3,4 *“Sapagka’t ang hindi magawa ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman, sa pagsusugo ng Dios sa kaniyang sariling Anak na naganyong lamang salarin at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan: **Upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.**”* *“At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahalatan, at isasagawa.”* (Eze. 36:27)

Namumuhay ng patuloy na nasa Banal na Espiritu

Sa “paglakad batay sa Espiritu” ibig sabihin ay upang mabuhay ng patuloy na nasa Banal na Espiritu. Ang talatang ito ay ipinapakita sa atin ng malinaw na ang kinakailangang pagsunod ay natupad sa pamamagitan ni Kristo na nasa atin, lalo na sa kanila, sa kanino man na ang Banal na Espiritu ay naninirahan. Isinugo ng Dios ang Kaniyang Anak upang ang katuwiran na hinihiling ng kautusan ay matupad sa pamamagitan Niya na nasa atin. Paki tandaan na ang talata ay hindi nagsasabi na ang katuwiran ay natupad sa pamamagitan natin, sa halip na nasa atin.

Ano ang sinabi ni Pablo sa Galatia 2:20 tungkol sa kaniyang buhay? *“At hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.”* Ginawa ni Pablo itong malinaw na si Kristo ay nangunguna sa kaniyang buhay. Sa Ezekiel 36:27 ay sinabi ng Dios sa atin: *“At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahalatan, at isasagawa.”*

Malinaw ba ang ibig sabihin ng talatang ito? Nais ng Dios na puspusin tayo ng Kaniyang Espiritu at kaya gagawin Niya tayong mga tao na tumutupad ng Kaniyang mga utos. Ibig sabihin nito na ang Dios ang nag-iingat ng ating pagtalima sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Dito ay malinaw nating makikita na ang pagtalima ay nangyayari sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at ni Kristo na nasa atin. Ito ay isang taos-pusong pagtalima. Sa labas ng pagsasamang ito maaari lamang tayong gumawa ng hindi sapat at pakunwaring pagsunod. “Ito ay tunay na maaaring mayroong panlabas na kawastuhan ng kilos kahit wala ang nakapagbabagong kapangyarihan ni Kristo. Ang pag-ibig ng impluwensya at ang pagnanasa para sa pagpapahalaga ng iba ay makagawa ng isang maayos na buhay. Respeto sa sarili ay makapag-aakay sa atin na iwasan ang anyo ng masama. Ang isang sakim na puso ay makagagawa ng mapagbigay na mga kilos.”¹⁰⁵ Marahil na ibig nating sundin ang mga utos ng Dios dahil sa isang diwa ng tungkulin o dahil ito ay inaasahan mula sa atin. “Ang tao na sumusubok na sundin ang mga kautusan ng Dios mula sa isang diwa ng obligasyon lang – dahil Siya ay kinakailangan na gawin ito – ay hindi makapasok sa kalagayan ng pagsunod. Siya ay hindi susunod. Kapag ang alituntunin ng Dios ay binibilang na isang pasanin dahil ito ay pumuputol ng ugnayang pantao, malalaman natin na ang buhay ay hindi isang Kristiyanong buhay. Ang tunay na pagsunod ay ang pagsasakatuparan ng isang pumapaloob na prinsipyo.”¹⁰⁶

Paano makapamumuhay si Kristo sa atin?

Ang ugnayan kay Jesus ay nagmumula sa ganap na pagpapasakop sa Kaniya. Kaniyang sinasagot ito kasama ang ating espirituwal na pagkapanganak na muli (Juan 3:1-21). Ang bagong buhay na ito na ipinagkaloob ng Dios ay napapanatili sa araw-araw na pagbabago ng ating ugnayan kay Kristo. Ito ay may kinalaman sa ating araw-araw na pagpapakabanal gaya din ng ating araw-araw na paghiling na mapuno ng Banal na Espiritu – at napapasiglang muli. “*Na kayo’y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Espiritu ...na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.*” (Efeso 3:16,17)

Suriin ang iyong sarili, kung si Kristo ay tumatahan sa iyo

Ang banal na kasulatan ay nag-aanyaya sa atin na suriin kung si Kristo ay tumatahan sa atin. “*Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo’y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili. Hindi бага ninyo*

¹⁰⁵ Ellen G. White, *Steps to Christ*, p. 58

¹⁰⁶ Ellen G. White, *Christ’s Object Lessons*, p. 97

nalalaman sa ganang inyong sarili, na si Jesu-Kristo ay nasa inyo?– Maliban na nga kung kayo ay hindi angkop.” (2 Corinto 13:5)

Nais ng Dios na malaman natin ang ating espirituwal na kalagayan. Kailan ang panahon na tayo ay hindi angkop o hindi karapat-dapat? Tayo ay naging angkop sa pamamagitan ni Kristo na nasa atin. Kapag tayo ay puspos ng Banal na Espiritu. Kung gayon ang pagiging hindi karapatdapat ay isang buhay na hindi napuspos ng Espiritu Santo. Ang Biblia ay tinatawag ito na isang mahalay (carnal) na isipan.

Kailan ba na ang ating kotse ay hindi na “akma”, o kalian hindi tatakbo? Halimbawa, kapag ito ay wala ng gasolina. Ano ang maaari nating gawin? Kahit alin sa dalawa, subukan na ito ay itulak o bumili ng gasolina. Siyempre, ating lalagyan ng gasolina ang kotse. Kung wala si Jesus sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang ating pagsunod ay kahawig ng isang tao na sinusubukang itulak ang kotse.

Mas nagiging maliwanag ba ito kung gaano kahalaga si Jesus para sa ating pananampalataya at buhay? Si Jesus ay hindi maaaring mapalitan. *“Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay.” (1 Juan 5:12) “Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinomanay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.” (Juan 14:6)* Kailangan natin si Jesus. Kung wala siya ay hindi tayo maaaring maligtas. Alinma’y hindi tayo magkakaroon ng isang ganap na buhay dito o buhay na walang hanggan.

Naunawaan mo ba ng mas mabuti kung paanong ang pagsunod ay naganap? Ating ipinapakita kay Jesus ang ating pagpapahintulot sa pamamagitan ng ating araw-araw na pagsuko at paghiling para sa Banal na Espiritu na Kaniyang ganapin ang pagsunod na nasa atin. Ating lubos na mauunawaan ito kapag ating binasa ang 1 Corinto 1:30: ***“Datapuwa’t sa Kaniya kayo’y nangasa kay Kristo Jesus, na sa atin ay ginawang karunungan mula sa Dios--at katuwiran at kabanalan, at katubusan.”*** Ang lahat ng mga ito ay nais ni Kristo at maaaring maganap sa atin. At kapag sinabi na si Kristo ay naging kabanalan para sa atin, kung gayon ito ay malinaw na nangangahulugan na ito ay nangyari upang tayo ay mabuhay sa pagsunod.

Kailan tayo ligtas?

Bakit labis na mahalaga ang sagot sa katanungang ito? Kapag ako ay ligtas na, sa gayon ito ay maliwanag na ang aking pagsunod ay darating bilang isang resulta ng aking kaligtasan. Ito ay hindi isang kinakailangan para sa aking kaligtasan. Ako ay ligtas sa sandaling ako ay nagpasakop kay Jesu-Kristo. *“Sapagka’t sa biyaya kayo’y nangaligtas sa pamamagitan ng*

pananampalataya, at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri." (Efeso 2:8,9)

Nang si Apostol Pablo ay sumulat sa mga taga Efeso, kaniyang ipinaalam sa kanila na sila ay ligtas na. Gayunman, sa Roma 8:24 ay kaniyang isinulat: "*Sapagka't tayo'y iniligtas sa pag-asa.*" Tayo ay mayroong kalayaan na manatili sa Dios o hindi.

Pagkatapos ng ating kaligtasan (sa pag-asa) na ang ating pangunahing tungkulin ay upang manahan kay Kristo hanggang sa katapusan ng ating mga buhay o hanggang sa kaniyang ikalawang pagdating. "*Tayo ay naligtas sa pamamagitan ng panananampalataya.*" (Efeso 2:8) Pagkatapos niyaon, ito ay kinakailangan na manatili sa pananampalatayang ito. "*Kung paano nga na inyong tinanggap si Kristo Jesus na Panginoon, ay magsilakad kayong gayon sa kaniya.*" (Colosas 2:6) Kaya ang punto ay upang manatili kay Kristo sa pamamagitan ng pagpapasakop. Sinulat ni Dennis Smith ang mga sumusunod tungkol sa pananatili kay Kristo: "Ang pananatili sa Kaniya ay hindi isang gawain na dapat nating gawin bilang kinakailangan para sa ating kaligtasan. Sa halip ito ay ang ating pagpayag na hayaan natin Siyang gawin ang lahat ng bagay para sa atin, na nasa atin at sa pamamagitan natin."¹⁰⁷

Bakit kinakailangan ang ating ganap na pagpapasakop ? At para saan ito mabuti?

Ang ganap na pagpapasakop ay may kinalaman sa ating paglaya mula sa kalupitan ng ating pagkamakasarili. Ang ating pagkamakasarili ay siyang dahilan ng ating mga problema. Ang isang salawikain ay nagsasabi ng: Ang bawa't taong malaki ang problema, ay problema ang kanilang sarili. Ang ating pagkamakasarili ay nasasaktan ang damdamin, nasusugatan, nasisira, ibig na magpahayag ng kaniyang awtoridad, naninibugho, at iba pa.

"Hangarin ng Dios na pagalingin tayo, na tayo ay palayain. Nguni't yamang ito ay nangangailangan ng lubusang pagbabago, isang pagpapanumbalik ng ating buong likas, kinakailangan nating isuko ang ating sarili ng buo sa kaniya ... Kaniyang inilagay sa harap natin ang taas ng pagpapala na kung saan Kaniyang ninanais na dalhin tayo sa pamamagitan

¹⁰⁷ Dennis Smith, *40 Days: Prayers and Devotions to Revive Your Experience With God, book 2* (Hagerstown, MD: Review and Herald Publishing Association, 2011), p. 35

ng Kaniyang biyaya. Kaniyang inaanyayahan tayo na ibigay ang ating mga sarili sa Kaniya, upang Kaniyang magawa ang Kaniyang kalooban sa atin. Nananatili para sa atin ang pagpili kung tayo ay mapalalaya sa pagkaalipin ng kasalanan, na ibahagi ang maluwalhating kalayaan ng mga anak ng Dios.”¹⁰⁸

Ang buhay sa ilalim ng paghahari ng ating pagkamakasarili ay isang buhay ng pagkaalipin sa kasalanan. Ang buhay na si Kristo ay nasa atin, ay isang buhay ng maluwalhating kalayaan para sa mga anak ng Dios. Kaya, ito ay may kinalaman sa ating pagpapasakop. Ang isang manggagawa ng palayok ay maaari lamang na ihulma ang putik na nasa kaniyang kamay.

Pagkatapos ng ating pagpapasakop ay darating ang pananatili kay Kristo. At kapag tayo ay nanatili sa Kaniya, kung gayon ang kaligtasan ay magpapatuloy hanggang sa walang hanggan, gayunman ito ay magiging ganap na bagong sukat pagkatapos ng ikalawang pagdating ni Jesus.

Pagsunod ayon sa Biblia

Ang pagsunod ayon sa Biblia ay walang kinalaman kahit alin man na mga katangian o katuwiran sa pamamagitan ng pag-gawa. Ito ay isang makatwirang resulta ng aking pagtitiwala sa Dios, ng aking pagpapasakop, ng aking kaligtasan, at ng aking ugnayan kay Kristo. Ang pagsunod na naayon sa Biblia ng isang Kristiyano na naipanganak na muli, na siyang napuspos ng Banal na Espiritu, ay walang katuturan maliban sa pag-ibig sa Dios, na ipinahayag sa mga gawa. Ang pagsunod sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay nagbibigay ng kaligayahan at galak.

“Lahat ng tunay na pagsunod ay dumarating mula sa puso. Ito ay gawain ng puso na kay Kristo, at kung ating papayagan, Kaniyang kikilalanin ang Kaniyang sarili sa ating mga pag-iisip at mga layunin, kaya ilahok ang ating mga puso at mga isipan sa pagsang-ayon sa Kaniyang kalooban, na sa pagsunod sa Kaniya hindi natin madadala ang ating sariling simbuyo. Ang kalooban, dalisay at pinabanal, ay matatagpuan ang kaniyang pinakamataas na kagalakan sa paggawa ng paglilingkod sa Kaniya.”¹⁰⁹

Ito ay dapat na maging malinaw para sa atin na hindi tayo maaaring maging masunurin kung sa ating pagsisikap. Sinasabi sa atin ng Panginoon tungkol sa mga tao ng Israel: “Sila ay walang tunay na pagkaintindi ng kabanalan ng Dios ng lubhang pagiging makasalanan ng kanilang sariling

¹⁰⁸ Ellen G. White, *Steps to Christ*, pp. 43, 44

¹⁰⁹ Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 668

mga puso, ang kanilang salitang walang kakayahan, sa kanilang sarili, na magawa ang pagsunod sa kautusan ng Dios.”¹¹⁰

Hindi natin kayang sundin ang kautusan ng Dios sa ating sariling kapangyarihan. Ang lihim sa pagsunod ay si Jesus na nasa atin sa pamamagitan ng paninirahan ng Banal na Espiritu. Kung tunay na nagmamahal at nagtitiwala t a y o kay Jesus, kung Siya ay namumuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon ang pagsunod ay nagdadala ng malaking kagalakan. Kapag si Jesus ay nananahan sa atin, kaniyang tinitiyak na ang Kaniyang utos ay nasa ating mga puso. Ang utos na ito ay utos ng kalayaan, ang Sampung Utos (Santiago 2:12).

¹¹⁰ Ellen G. White, *Patriarchs and Prophets* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2005), p. 371

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang tapat na pagsunod at paano ito nauunawaan?*

2. *Paano at kalian naligtas? Ang kaligtasan bang ito ay hindi nababawi?*

3. *Ano ang natural na kahihinatnan ng pananampalatayang batay sa Biblia patungkol sa mga bagay na ating ginagawa o di ginagawa?*

4. *Umaasa ba ang Dios ng bagay mula sa atin? Anong bahagi ang ginagampanan ng mga gawa na may kinalaman sa kaligtasan?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Para sa isang malalim na pang-unawa sa kaligtasan at pagtalima.*
 2. *Para sa kagalakan na umuusbong mula sa ating ugnayan sa Dios.*
 3. *Para sa kasiguraduhan ng kaligtasan mula sa Biblia.*
 4. *Para sa pag-ibig ng Dios na naipahahayag sa mga kilos.*
 5. *Para sa tamang pang-unawa ng pag-ibig ng Dios at kabanalan.*

*Paanong ang pagsunod sa pamamagitan
ni “Jesus na nasa akin” ay gagawa?
Ang Dios ay may desenyó:
Pagtutulungan sa pagitan ng Dios at Tao*

Isang himala ng pagsunod sa kasalan

Alam nating lahat ang kwento ng kasalan sa Cana, kung saan si Jesus ay nagsagawa ng Kaniyang unang himala. Ginawa Niya ang tubig na alak, hindi maasim na alak, kung saan atin itong tinatawag na katas ng ubas. Ano ang nangyari doon?

Si Maria, ina ni Jesus, ay narinig na wala ng alak at ipinaalam kay Jesus. Nguni’t si Jesus ay hindi nagpaapekto tulad ng kaniyang inaasahan. Gayunman, kaniyang ipinalagay na si Jesus ay tutulong sa sitwasyong ito kahit papaano, sapagkat kaniyang sinabi sa mga alila: “*Gawin ninyo ang anomang sa inyo’y kaniyang sabihin.*” (Juan 2:5) Sa gayon, itinatag ni Maria ang tiwala ng mga alila kay Jesus.

Nang si Jesus sa wakas ay nagwika: “Punuin ang mga tapayan ng tubig”, ipinasya nilang gawin ito ng tama. Pagkatapos ay Kaniyang sinabi: “*Kunin ninyo ngayon, at inyong iharap sa pangulo ng pistahan,*” at kanila itong ginawa (talatang 7,8).

Nais nating bigyan ng diin ang mga sumusunod: Yamang ang mga alila ay nagtamo ng pagtitiwala kay Jesus, sila ay nagdesisyon na sundin ang kaniyang mga utos ng bukal sa kalooban. Sa ibang mga salita, ang kanilang bukal sa kalooban at desisyon ay naiintindihan na mga hakbang sa pagsunod – sa paggawa kung anong hiniling ni Jesus. Sa pamamagitan ng kanilang pagsunod, ginawa ni Jesus ang tubig na isang masarap na inumin, kaniyang isinagawa ang kaniyang unang himala.

Anu-ano ang indibiduwal na mga hakbang?

- ▶ Sa kaniyang tagubilin, si Maria ay nagtatag sa mga alila ng pagtitiwala kay Jesus.
- ▶ Ang mga alila ay nagpahayag ng kanilang pagtitiwala at bukal sa kalooban na paggawa sa anomang sinabi ni Jesus.

- Si Maria ni ang mga alila ay hindi bahagi ng pagbaling ng tubig sa alak. Si Jesus lang ang nagsagawa ng himalang ito.

Nguni't ang himala bang ito ay mangyayari kung walang paghahandang mga hakbang? Napakahalaga na tayo ay nagtitiwala kay Jesus, na ating inilalagay ang ating kalooban at pagpili sa kaniyang pagkakaayos at ipahayag ito kasama ng mga hakbang ng pagsunod. Sa paggawa nito, si Jesus – at si Jesus lamang – ang makapagsasagawa ng himalang ito. Siya lang rin ang makapagsasagawa ng himala ng pagsunod sa ating buhay. Ito ay kung paanong ang pagsunod ng may pananampalataya ay gumawa! Si Jesus ay ginawang karunungan, katuwiran, kabanalan, at katubusan para sa atin (1 Corinto 1:30). Ang ating pasya na tanggapin ang kaniyang kalooban at ang ating mga paghahandang mga hakbang sa pagsunod ay ang tagapagbukas ng pinto para sa mga himala ng pagsunod, na kung saan ay isinasagawa ni Jesus sa ating mga buhay.

Pakikipagtulungan sa pagitan ng Dios at tao

Ipinaliwanag ni Ellen White kung paanong ang mga hakbang sa pagsunod ay gumawa sa buhay ni Daniel: “Habang ang Dios ay gumagawa kay Daniel at sa kaniyang mga kasamahan sa “pagnanasa at sa paggawa ng kaniyang mabuting kalooban,” sila ay gumagawa para sa kanilang sariling kaligtasan (Filipos 2:13). Dito ay ipinahayag ang paggawa ng makalangit na prinsipyo ng pakikipagtulungan, na kung wala ito ay walang tunay na tagumpay ang maaaring makamtan. Ang pagsisikap ng tao ay walang kahihinatnan kung wala ang banal na kapangyarihan: at kung wala ang pagsisikap ng tao, ang banal na pagsusumikap ay walang kahihinatnan sa karamihan. Upang ang biyaya ng Dios ay maging sa ating sarili, kinakailangang gawin natin ang ating bahagi. Ang kaniyang biyaya ay ipinagkaloob upang gumawa sa atin sa pagnanasa at sa paggawa nguni't hindi bilang kapalit para sa ating pagsusumikap ...

At sa pamamagitan ng pagkaloob ng Kaniyang Espiritu, Kaniyang palalaksin ang bawa't tunay na layunin, at ang bawa't marangal na pasya. Yaong lumalakad sa landas ng pagsunod ay makakatagpo ng maraming hadlang ... sa kaniyang kalakasan ay maaari nilang mapanagumpayan ang bawa't tukso, lupigin ang bawa't kahirapan.”¹¹¹

111 Ellen G. White, *Prophets and Kings*, pp. 486, 487

“Idinesenyo ng Panginoon na ang banal na kapangyarihan ay makikipagtulungan sa pagsisikap ng tao.”¹¹² Isinulat ni Mark Finley: “Ang gumawa kasama ang Dios ay nagdadala ng malaking kaligayahan at kaganapan.”

Anong bahagi ang ating ginagampanang papel? Anong bahagi mayroon si Jesus sa atin?

1. Ito ay may kinalaman sa ating tiwala kay Jesus na siyang gumagawa sa atin sa pagnanasa at sa paggawa. Kaniyang nilikha sa atin ang isang kapaligiran ng may pagkukusa at malalaman natin kung anong dapat nating gawin. Nguni’t Siya ay naghihintay ng ating pagpapasya.
2. Tungkulin natin na tayo ay magpasya upang sundin ang kalooban ng Dios. Yamang ang Dios ay ganap na iginagalang ang ating personalidad at kalooban, Siya ay maaari na mamagitan lamang matapos na tayo ay nakagawa na ng ating pasya. Hinihintay niya ito.
3. Tungkulin natin na ipakita ang ating pagpapasya na magtiwala kay Jesus at upang ipahayag ito sa ating mga hakbang ng pagsunod. Ang mga hakbang ng pagsunod ay maaaring magkaiba ng labis sa kalakihan.
4. Ginampanan ng Dios ang napakahalagang bahagi ng Siya lang magisa at Kaniya din tayong itinataguyod sa ating pagtiwala at paghahanda. Nguni’t hindi natin dapat na kaligtaan na mayroong malaking kaibahan kung ang aking pasya at mga hakbang ng pagsunod ay ginawa sa aking sariling lakas o kung sila ay ginawa sa kalakasan ng Dios. Ang aking bahagi ay natapos sa kalakasan ng Dios nang si Jesus ay nanahan sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ginagawa nito na ang pagsunod ay isang kaligayahan, maging sa maliit na bagay o malaking bagay.¹¹³

Mga Katanungan

Mayroon iba’t-ibang mga pananaw tungkol sa kung sino ang gumagawa na ang pagsunod ay posible. Pinanghahawakan ng ilan ang pananaw na ang pagsunod ay resulta ng pagtutulungan ng Banal – at ng tao. Sinasabi ng iba na ang Dios at si Kristo ang gumawa nito mag-isa. Kung gayon paano ito nagagawa?

¹¹² Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power*, January 2, p. 10

¹¹³ Mark Finley, *Decisions: Persuading People for Christ* (Silver Spring, MD: General Conference of Seventh-day Adventists, 1984)

Sa panahon ni Jesus maraming tao ang naniwala na sapat na ang malaman ang katotohanan. Sa *Bukal ng Buhay* ating mababasa:

“Ang pinakadakilang pandaraya ng isip ng tao sa panahon ni Kristo ay ang isang pagpayag lamang sa katotohanan ang bumubuo ng katuwiran.”¹¹⁴

Hindi inaasahan ng Dios na tayo ay magbatang walang kibo ng Kaniyang kalooban, nguni’t sa halip ay Kaniyang inaasahan tayo na tumugon dito upang maging muling aktibo. Nangangahulugan ito na kapag kasama natin si Kristo sa ating mga puso tayo ay gumagawa ng positibong desisyon at ipinatutupad ito ng praktikal. “Siya [tao] ay nahalal upang gamitin ang paraan na inilagay ng Dios sa loob ng kaniyang maaabot ... Siya ay inihalal na magkaroon ng patuloy na pananampalataya.”¹¹⁵

“Huwag pahintulutan ang sinoman na maglahad ng kuro-kuro na ang tao ay may maliliit o walang magagawa sa napakalaking gawain ng pananagumpay; sapagka’t ang Dios ay walang ginawa para sa tao na wala ang Kaniyang pakikipagtulungan ... mula sa una hanggang sa huling tao ay upang maging isang kamanggagawa ng Dios ... Ang pakikipagtulungan kay Kristo ay nangangahulugan ng isang tagumpay. “Huwag mag-iwan ng impresyon sa isipan na mayroong maliit o walang magagawa sa bahagi ng tao; nguni’t sa halip ay turuan ang tao na makipagtulungan sa Dios, na siya ay maaaring magtagumpay sa pakikipaglaban.”¹¹⁶

Kapag ating isinasama ang ating pasya at panimulang mga hakbang, kung gayon maliwanag na ito ay isang banal – at pantaong pagtutulungan, kahit na ang panimulang mga hakbang ay nakuha rin sa kalakasan ng Dios, kapag si Kristo ay nasa atin sa pamamagitan ng Espiritu. Sa aking kaalaman, ito ay ang tamang pananaw, yamang ang Dios ay lubos na iginagalang ang tao at hindi gumagawa na wala ang kaniyang pagpayag. Ang tao ay dapat na ipakita ang pagpayag na ito sa pamamagitan ng mga hakbang ng pagsunod. Malinaw na ang Dios ang gumagawa ng mahalagang bahagi. Kinakailangang makita natin ang lahat ng bahagi ng gayong paraan at makita yaong mga sangkot (Dios at tao) gumawang magkasama.

Natagpuan natin ang mabuting halimbawa ng pagtutulungan ng banal – at pantao sa labanan sa pagitan ng Israel at Amalek sa disyerto (tignan ang Exodo 17:8-16). Si Josue ay lumaban kasama ang kaniyang hukbo,

114 Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 309

115 Ellen G. White, *Testimonies to Ministers and Gospel Workers* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2003), p. 454

116 Ellen G. White, *A New Life* (Revival and Beyond) (Payson, AZ: Leaves-of-Autumn Books, 1972), pp. 38, 39

nguni't sila ay naging matagumpay dahil si Moses ay nanalangin kasama ang suporta ni Aaron at Hur.

Magkakaibang sukat ng mga hakbang ng pagsunod

Maria, ina ni Jesus.

Nang ang anghel na si Gabriel ay inihayag ang kapanganakan ni Jesus kay Maria, kaniya lamang ipinahayag ang kaniyang pagpayag sa kalooban ng Dios. At sinabi ni Maria, *“Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita.”* (Lukas 1:38) Lampas diyan, ay wala na siyang maaaring gawin, maliban na maghintay sa pakikialam ng Dios. Sa sandaling ito, ito lamang ang magagawa ayon sa kaniyang pagpayag. Itong pagtanggap ng kalooban ng Dios ay nagdala ng dakilang pagbabago sa kaniyang buhay at mula sa pananaw ng tao ay isang mataas na panganib. Tulad ng ating nakikita, si Maria ay nabuhay sa ganap na pagpapasakop.

Ang sampung ketongin.

Ang mga ketungin ay nagsisigaw na nagsisipagsabi: *“Jesus, Guro, maawa ka sa amin.”* Nakita ni Jesus ang kanilang panananampalataya at sumagot: *“Magsihayo kayo at magpakita kayo sa mga saserdote. At nangyari, na samantalang sila’y nagsisiparoon, ay nangalinis sila.”* (Lukas 17:13,14)

Ang mga lalaking ito ay nagpahayag ng kanilang tiwala at pasya sa pamamagitan ng mabilisang pag-alis. Si Jesus ay hindi sumama sa kanila. Sila ba ay gumaling dahil sa pag-alis? Tunay na hindi! Sila ay gumaling dahil pinagaling sila ni Jesus ayon sa kanilang pagsunod na may pagtitiwala. Sila ay walang bahagi sa kanilang tunay na paggaling. Gayon pa man, ang kanilang tiwala at ang paghahayag ng kanilang pagtitiwala sa pamamagitan ng mga hakbang ng pagsunod at ang pinto ay nabuksan para sa himala na ginawa ni Jesus para sa kanila – si Jesus lang ang nagsagawa ng himala.

Ang kagalingan ni Naaman.

Naalala nyo kung paano gumaling si Naaman mula sa sakit na ketong? Ang tagubilin ng Dios sa pamamagitan ni Elias ay ang sumusunod: *“Ikaw ay yumaon, at maligo sa Jordan na makapito, at ang iyong laman ay sasasuli sa iyo, at ikaw ay magiging malinis.”* (2 Hari 5:10) Si Naaman ay nagalit hinggil sa utos na ito. Nguni't matapos na siya ay mahikayat ng kaniyang mga alagad siya ay nagkaroon ng sapat na tiwala na gawin ito. Hindi na nanguna ang Dios patungo sa Jordan at inilubog ang kaniyang sarili sa tubig. Matapos na kaniyang inilubog ang kaniyang sarili sa tubig ng pitong

beses, siya naman ay gumaling sa sakit na ketong. Ang ikapitong beses na paglubog niya ang nagpagaling sa kaniya? Hindi! Ang mga hakbang ng pagsunod na kaniyang ginawa bilang isang resulta ng kaniyang maliit na pananampalataya ang nagpakawala ng kagalingan ng Dios. Muli natin makikita na ang munting pananampalataya sa Dios at mga hakbang ng pagsunod ay humantong sa himala ng Dios.

Si Naaman ay walang bahagi sa kababalaghang ito. At kung wala ang kanyang panimulang mga hakbang ay walang maaaring mangyari.

Rudi at Marie Anne Hirschmann

Pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig, isang batang magasawa na kung saan ay kabibinyag pa lamang sa iglesia ng Adbentista, ay nakatira sa isang maliit na bayan malapit sa Bad Aibling, Germany. Inaasahan ni Marie Anne ang pagkakaroon ng unang anak at kailangan na huminto sa kaniyang trabaho bilang isang sa kadahilanan na ukol sa kalusugan.

Sa paghahanap ng trabaho, si Rudi ay araw-araw na nagtutungo sa Munich at sa mga sumunod na mga linggo, at sa kahuli-hulihan, ito ay walang kabuluhan. Ang kanilang mga ipon ay paubos na hanggang sila ay mayroon na lamang 6 na marks (salapi ng Alemanya sa panahong iyon) na natira. Sa karagdagan, sila ay mayroon pang sobre na pag-aari ng Dios. Ito ay ang kanilang ikapu, na kanilang naitabi. Ano ang dapat nilang gawin?

Si Marie Anne ay nagwika, “Rudi, kapag ang ating pera ay wala nang lahat tayo ay matutuksong gamitin ang pera ng Dios. Kaya ang mas mabuti ay huwag natin itong ingatan sa ating tahanan. Kapag ikaw ay sumakay ng tren patungong Munich bukas. Dalahin mo ang pera at ihatid mo sa ingat-yaman ng komperensiya.”

Kaya iyon ang kaniyang ginawa. Dinala niya ito sa ingat-yaman ng komperensiya. Natural lamang na siya ay kamustahin at tanungin kung ano ang kanilang kalagayan, at kaniyang ipinaliwanag ang sitwasyon.

“Sandali lang” ang kaniyang nabigkas at tumawag sa telepono. Pagkatapos ay kaniyang sinabi: “Sa tingin ko ay mayroon kaming trabaho para sa’yo. Pumunta ka sa tirahang ito at hanapin mo si Mr. Bauer.” Pagkatapos ng kalahating oras si Rudi ay may trabaho na. Ang magasawang ito ay nagtapat sa kanilang ikapu, kahit sila ay walang-wala nang pananalapi. Sila ay nagpahayag ng kanilang pananampalataya sa pagkuha ng isang hakbang ng pagsunod at namagitan ang Dios sa sandaling yaon.¹¹⁷

117 Maria Ana Hirschmann, *I Changed Gods* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 1968), p. 156

Isang kumpanya ng paglalakbay sa isla ng Guam

Isang mag-asawa, na nagmamay-ari ng isang malaking kumpanya ng paglalakbay sa isla ng Guam, ay naging mga Kristiyano. Ang asawang babae ang unang nabautismuhan, pagkatapos ay ang asawang lalaki noong January 2004. Sila ay nanalangin ng lubusan sa paghahanda para sa pangingilin ng Sabbath sa kanilang kumpanya, kinansela nila ang lahat nilang paglilingkod sa mga hotel sa araw ng Sabbath. Ang asawang lalaki ay ipinaliwanag ang mga dahilan para sa mga panukala sa ahensya ng paglalakbay, sa mga hotel, at ahente ng pagbebenta. Sila ay tumugon na kinakailangan nilang ibigay ang kanilang negosyo sa pakikipagsapalaran. Ang kanilang mga trabahador ay natakot na mawalan sila ng trabaho. Ang desisyong ito ay wari bang tulad ng isang sentensya ng kamatayan para sa kanilang kumpanya. Nguni't pakinggan natin kung ano ang ikukuwento ng ating kapatid na lalaki: “Naaalala ko pa ang unang Sabbath na kami ay nagsara. Noong Biyernes ng gabi, aming binuksan ang makinang panagot (answering machine) para sa tawag ng pagpapareserba. Nang unang Sabado kami ay sarado, ang panahon ay hindi inaasahang nagbago at ang ulan ay bumagsak ng malakas sa buong araw. Sa kinagabihan aming nadiskubre na ang makinang panagot ay puno ng reserbasyon para sa Linggo.

Sa loob ng sumunod na anim na mga buwan, ang panahon ay nagpatuloy ng kaparehas na kondisyon; napakagandang panahon ng Biyernes, malakas na pagbuhos ng ulan sa araw ng Sabbath, at napakagandang panahon ng Linggo. Iningatan kami ng Dios.”¹¹⁸

Ang bahagi ng mag-asawa ay pagtitiwala sa Dios at pagkuha ng panimulang mga hakbang. Ang mga himala na sumusunod ay maaari lamang maisagawa ng Dios.

Alalahanin natin ito: “Kapag ang kalooban ng tao ay nakikipag-kaisa sa kalooban ng Dios, ito ay nagiging makapangyarihan. Anomang dapat na magawa sa Kaniyang pag-utos ay maaaring maisakatuparan sa kaniyang lakas. Lahat ng Kaniyang atas ay makakaya.”¹¹⁹ Ang Dios ay naglatag ng dakilang pagpapala sa pagsunod ng may pananampalataya-ang pagsunod ay may kinalaman sa pamumuhay ng pagtitiwala sa Dios at pagpapasakop sa Kaniya.

¹¹⁸ Steve Kasperbauer, *Gott ist treu* (Braunau/Austria: Copyright Brigitte Kinder, 2013). A full report about this experience is published in German in the *MISSIONSBRIEF (mission letter) No. 40*, March/April 2014

¹¹⁹ Ellen G. White, *Christ's Object Lessons*, p. 333

Bakit ang pagsunod ay para sa ating sariling kabutihan?

Dinisenyo ito ng Dios upang ang pagsunod ay ang pinaka-mabuti para sa atin. Sinabi sa Jeremias 7:23: *“Inyong dinggin ang aking tinig, at ako’y magiging inyong Dios, at kayo’y magiging aking bayan; at magsilakad kayo sa lahat ng daan na iniutos ko sa inyo, sa ikabubuti ninyo.”* Sinomang medikal doctor na nais patunayan na ang isang lunas ay maaari lamang makagaling kung ito ay may katapatang napangasiwaan. Ibig sabihin nito na kinakailangan natin na sundin ang tagubilin ng doctor kung ibig natin na gumaling. Ang pinakamahasag na manggagamot ay hindi makatutulong kung ang kaniyang tagubilin ay hindi sinunod ng wasto. Ang pagsunod ay hindi lamang makatwirang resulta ng aking pagtitiwala at pagpapasakop, nguni’t gayundin ang pagsunod ay para sa ating pinakamabuting kapakanan, yamang lahat ng kautusan ng Dios ay ipinagkaloob para sa ating sariling kabutihan.

Anong nangyari sa tansong ahas sa parang (tignan ang Mga Bilang 21:4-9)? Nang ang mga tao ay tumingin sa ahas tulad ng iniutos ng Dios, sila ay gumaling. Ang pagbaling ba ng kanilang mga ulo ang naging dahilan ng paggaling? Siyempre hindi! Sila ay gumaling dahil kanilang ipinakita ang pananampalataya sa Dios sa pamamagitan ng pagtingin sa ahas. Ang Dios lang ang nagpagaling sa kanila. Ang pagsunod ay para sa kanilang sariling kabutihan.

“Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan ...” (Hebreo 11:7)

Ang pagtatayo ng arka ay isang resulta ng pagtitiwala ni Noe sa Dios at kaniyang ipinakita na ang kaniyang pananampalataya ay tunay. Kaniyang ipinuhunan ang lahat ng kaniyang kapalaran at panahon sa kaniyang pagtatayo. Tiyak na hindi niya pinagsisihan ito. Hindi ba ang kaniyang pagsunod ay para sa kaniyang sariling kabutihan? Hindi niya alam sa simula pa, nguni’t siya’y umasa. Isang bagay ay malinaw, ang pagtatayo ng sasakyang ito ay ginawa sa pamamagitan ng pamamatnubay at kapangyarihan ng Dios.

May pinapanigang mga opinyon

Sa kasamaang palad, ngayon, ang mga kautusan ng Dios ay nakita sa napaka hindi-balanse na liwanag. Ang utos ng Dios ay itinuturo lamang sa tuntunin ng kautusan at madalas sa kahulugan ng pagbabawal, na kung saan ay dapat na sundin. Gayunman, ang mga utos ng Dios ay nagpapakita

sa atin, kung ano ang kaniyang maaaring gawin sa ating buhay, kapag tayo ay nakaugnay sa kaniya sa pamamagitan ng isang pagtitiwala at mapagmahal na relasyon. Ang mga kautusan ng Dios ay batas ng mga pagpapala. Ang pagsunod ay takdang isipan kung saan maaari tayong magkaroon makalangit na karunungan at kapangyarihan para sa ating araw-araw na mga alalahanin. Kapag nakita natin ang pagsunod mula sa pananaw na ito, kung gayon nawawala ang ating takot at nakikita ito bilang isang kagalakan.

Pagsunod, isang regalo mula sa Dios

Nang si Jesus ay gumawa ng pagsunod sa atin, kung gayon ito ay nangangahulugan na ang pagsunod ay isang regalo. Kung ating nakita ang pagsunod bilang isang regalo, ito ay tutulong na maiwasan ang dalawang panganib: (1) ang kamalian ng “mumurahing biyaya” at (2) ang tukso ng legalismo.

“Ang mumurahing biyaya” ay karaniwang nangangahulugan na ang isang tao ay ligtas, kapag kanilang tinanggap si Jesus at wala nang pagsunod ang kinakailangan, dahil ang kautusan ay wala nang bisa yamang hindi natin ito masunod sa anomang paraan. Ito ang pinaniniwalaan ng mga Kristiyano na nasa laman. Nguni’t sa kapangyarihan ng Dios nais natin at maaari na sundin.

Sa kabilang banda, ang layunin na matamo ang kaharian ng Dios ay hindi lamang isang bitag, nguni’t gayundin – kung kukunin ng mataitim – isang mabigat na pasanin. Ito ang pandaraya ng legalismo.

Nang si Jesus ay gumagawa ng pagsunod sa atin kaugnay ng ating desisyon at pagnanais, kung gayon ating makikita na ang pagsunod ay mahalaga at ating mapagtatanto na ito ay walang ugali na karapatdapat sa gantimpala, dahil ito ay ibinigay sa atin bilang isang regalo.¹²⁰

Ang pagsunod ay kinakailangan bilang isang resulta, bilang isang bunga ng ating relasyon sa Dios at ating kaligtasan, nguni’t hindi isang pangunahing kailangan. Ang bawa’t isa ay maaaring lumapit kay Jesus na walang anumang pangunahing kailangan, bilang siya lamang. Nguni’t walang isa man na maaaring manatili bilang siya. O atin bang iniisip na kapag ang isang magnanakaw ay maging mananampalataya – ligtas – na maaari niyang ipagpatuloy na nakawan ang mga tao?

¹²⁰ Tingnan ang *Adult Bible Study Guide*, March 31, 2011

Paglalagay ng ating sarili at ating mga pagkabalisa sa lalong dakilang mga kamay

Napakahalaga na ating pakawalan ang ating mga sarili at ating mga pagkabalisa at ipagkatiwala sila sa pangunguna ng Dios. Hindi natin dapat tingnan ang ating mga sarili bilang mahalaga. Ito ay naaangkop sa bawa't bahagi ng ating buhay. Hindi natin dapat pigilin ang anumang bagay. Kinakailangan ko bang pigilin ang isang, yamang maaari kong ilagay ito sa loob ng higit na dakilang mga kamay– kamay ng Dios? Di ba iyan ay pagiging isang matalino?

Kung nais natin na ang Panginoon ay ingatan tayo, na tugunan ang ating mga kailangan, ingatan tayo mula sa ating mga kaaway, na akayin tayo sa pinakamabuting daan, kung gayon ito ay makatuwiran na ating sundin ang kaniyang tinig at pumaroon sa daan na kaniyang pinili para sa atin. *“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan. Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.”* (Mga Kawikaan 3:5,6)

Maaari nating maunawaan ng lubusan ang mga payo na ito ngayong mga panahon. Tayo ay umaasa sa mas malaking pangkalahatang ideya ng sistema. Nguni't iyon ay hindi nanganga-hulugan na ang ating mga pag-iisip ay hindi na pinapagana. Ito ay kailangan pa din. Tungkulin pa din natin na magmaneho. Nguni't tayo ay nakaugnaysa isang lider na kung saan ay may mas higit na kaalaman sa lahat at sinasabi sa atin kung saan tayo liliko, kung tayo ba ay dapat na lumiko dahil sa siksikang trapiko, o kung tayo ba ay nagmamaneho ng sobrang bilis, atbp. Sa biyaya ng Dios makapupunta tayo sa buhay na may “makalangit na sistema ng paglalakbay”. Kaya nga, mahalaga na umasa ng ating buong puso sa ating Kahanga-hangang tagalangit na Gabay at Tagapagbigay ng katuwiran. Kaniyang ipinapangako na tayo ay gagabayan ng tama. Kaniya pa nga itong pinanagutan ng kaniyang reputasyon. *“Kaniyang inakay ako sa landas ng katuwiran alang-alang sa Kaniyang pangalan.”* (Mga Awit 23:3) Dito ang pagsunod ay lubos pati sa ating sariling kapakanan.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa banal na kautusan – maging batas ng kalikasan, o espirituwal na kautusan – ay mayroong mga positibong resulta para sa lahat. Kahit ang hindi mananampalataya ay maaaring makaranas ng mga positibong resulta, kung sila'y susunod sa mga banal na kautusan. Ito ay aking tinatawag na natural na pagpapala. Nguni't marami pang nangyari, maging mga himala, kapag ang espirituwal na kautusan ay nasunod. Ito ay aking tinatawag na supernatural na pagpapala.

Ang pagtitiwala at ang pagsunod ay pinagyayaman ang isa't-isa. Sa Santiago 2:22 ating mababasa: *“Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya.”* Ang pagtitiwala sa Dios ay naghihikayat ng pagsunod, at ang pagsunod ay naghihikayat ng ating pagtitiwala sa Dios.

Nais kong ulitin ang malaman na kaisipan mula kay Dennis Smith: *“Kapag ang isang tao ay namumuhay sa isang malapit na relasyon sa Dios sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon ang pagsunod ay dumarating ng natural at mula sa puso, na hindi na ito pinaguukulan ng labis na pag-iisip.”*¹²¹

Kapag ating naunawaan ang pagsunod ng tama, kung gayon ating lubos na mauunawaan ang kahanga-hangang pangungusap sa Mga Awit (lalo na sa Mga Awit 19 at 119) tungkol sa kautusan ng Dios. Kanilang ipinapakita na ang kaligtasan, katubusan, at ang kautusan aypag-aaring magkakasama. Ang tao, na kung saan ay ligtas, ay pinahahalagahan ang kautusan ng Dios at sa pamamagitan ng kanilang buhay sa Banal na Espiritu at si Jesus sa kanilang mga puso, sila ay masaya na maging masunurin. Ako ay naniniwala na ang Kristiyanong laman ay hindi man lang nauunawaan ang mga pangungusap sa Mga Awit 119. Marahil, maaari nilang isaalang-alang ito bilang isang pagmamalabis. Sa kabilang banda, ang espirituwal na Kristiyano ay maaaring makiramay sa kung anong isinulat ng mang-aawit.

Sinabi ng Dios sa atin: *“Habang tayo ay lumalakad araw-araw sa liwanag na kaniyang ipinadala sa atin, sa pagsunod ng may pagkusa sa lahat ng kaniyang mga kahilingan, ang ating karanasan ay lumalago at lumuluwang hanggang ating maabot ang kapunuan ng tayog ng mga lalaki at mga babae kay Jesu-Kristo.”*¹²²

Gaanong karaming pagsunod ang inaasahan ng Dios?

Gaano karaming pagsunod ang nais ni Jesus na makamit sa akin? Kaunti lang, marami, o lubusan?

Mayroong isang malinaw na halimbawa sa buhay ni Moses sa Exodo 4:24-26. Sa disyerto ng Midian, si Moses ay inatasan na pangunahan ang bayan ng Israel palabas ng Egypt. *“At nangyari sa daan, mula sa Midian (patungo sa Egypt), Si Moses ay nakatanggap ng isang kagulat-gulat at*

¹²¹ Dennis Smith, *40 Days – Prayers and Devotions to Prepare for the Second Coming* (R&H 2009) pp. 21, 22

¹²² Ellen G. White, *Messages to Young People*, pp. 15, 16

matinding babala ng Panginoon na hindi Niya ikinalulugod. Isang anghel ang nagpakita sa kaniya sa nakakatakot na paraan, na para bang siya'y pupuksain agad. Walang ibinigay na paliwanag; ngunit naalala ni Moses na kaniyang isinawalang bahala ang isa sa mga hinihiling ng Dios; sa pagpapaubaya sa panghihikayat ng kaniyang asawa, kaniyang nakaligtaan na gawin ang pagtutuli sa kaniyang bunsong anak."

Ang kabataan ay tinuli agad. "... Pagkatapos ang anghel ay pinayagan si Moses na magpatuloy sa Kaniyang paglalakbay. Sa kaniyang misyon kay Paraon, si Moses ay kinakailangan na ilagay sa isang posisyon na lubhang mapanganib; ang buhay niya ay maiingatan lamang sa pamamagitan ng pag-iingat ng banal na mga anghel. Ngunitin habang namumuhay sa pagpapabaya sa isang alam na tungkulin, siya ay hindi ligtas; dahil siya ay hindi masasanggalangan ng mga anghel ng Dios."¹²³

Ang aral na maaaring makuha mula sa pangyayaring ito ay maaaring matagpuan sa *Patriarka at mga Propeta*: "Sa panahon ng kabagabagan bago ang pagdating ni Kristo, ang matuwid ay maiingatan sa pamamagitan ng pagtulong ng mga anghel ng kalangitan, nguni't walang katiwasayan para sa sumusuway ng kautusan ng Dios. Ang mga anghel ay hindi makakapag-ingat sa mga hindi nagpapahalaga kahit sa isang banal na utos."¹²⁴

Ang pagtupad sa lahat ng kautusan ng Dios ay para sa ating kaligtasan, ang ating kasiyahan at ating kabutihan. Alam natin na si Adan at Eba ay kinakailangang iwanan ang Eden dahil sa isang tanging kasalanan. Sa akin gisipan, ito ay isang malinaw na kasagutan sa tanong na gaano karaming pagsunod ang inaasahan ng Dios. Ito ay maliwanag na ang Panginoon ay umaasa ng pagsunod sa lahat ng mga bagay, kapag ating iniingatan ... sa ating isipan na si Jesus ay ginaganap itong pagsunod sa atin at ito ay sa ating pinakamabuting kapakanan. Nais ni Jesus na ganapin ang kalooban ng Dios sa atin, tulad ng Kaniyang ginawa bilang isang tao dito sa mundo. Ang Kaniyang saloobin bilang isang tao ay "*Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, Oh Dios ko; Oo ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.*" (Mga Awit 40:8) Kaniyang sinabi sa Kaniyang mga disipulo: "*Gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng Aking Ama.*" (Juan 15:10)

Bukod pa dito, kung ang ganap na pagsunod ay nagdadala ng ganap na kasiyahan, buhay sa kasaganaan dito at sa walang hanggan, kung gayon ito ay halata na ang isang pagbawas sa pagsunod ay nangangahulugan ng pagkawala ng mga pagpapala. Ang bawa't isa ay at mapapasa kaharian

¹²³ Ellen G. White, *Patriarchs and Prophets*, pp. 255, 256

¹²⁴ *Ibid.*, p. 256

ng Dios, ay maligayang susunod sa Dios. Tinitiyak n itoang pag-ibig at kaayusan para sa lahat ng mga nilalang.

Pangwakas na Isipan

Ibnuod ng Jeremias 7:23 ang buong topikong ito. Ang mga salitang ito ay ibinigay sa Israel habang umaalis sa Ehipto. *“Inyong dinggin ang aking tinig, at ako’y magiging inyong Dios, at kayo’y magiging aking bayan; at magsilakad kayo sa lahat ng daan na iniutos ko sa inyo, sa ikabubuti ninyo.”*

Dito ang Panginoon ay nagbigay ng sa atin ng napakamahalagang pangako. Ano ang kaniyang ipinangako kung ating susundin ang kaniyang salita? “Ako ay magiging inyong Dios at kayo’y magiging aking bayan.” Ngunit kaniyang idinagdag na kinakailangan na tayo ay magtungo sa buong pamamaraan para sa ating sariling kapakanan. Maaari nating gamitin ang talatang ito bilang isang pangako sa isang panalangin para sa isang masunuring puso.

Ano ang nangyari kay Apostol Juan?

Maaari nating makita ang kahangahangang resulta ng pagtalima sa pananampalataya sa buhay ni Juan, na alagad ni Jesus. Sa *“Paglapit kay Kristo”* ating mababasa: “Sa bawat araw ang kaniyang kalooban ay inilalabas patungo kay Kristo, hanggang sa mawala sa kaniyang paningin ang kaniyang sarili dahil sa pag-ibig sa kaniyang Panginoon. Ang kaniyang maramdamin, ambisyosong pag-uugali ay isinuko sa humuhubog na kapangyarihan ni Kristo. Ang impluwensiya na nagbibigay ng bagong buhay mula sa Banal na Espiritu ay binago ang kaniyang puso. Ang kapangyarihan ng pag-ibig ni Kristo ay gumawa ng isang pagbabago sa pag-uugali. Ito ang siguradong resulta ng pakikipagkaisa kay Kristo. Kapag si Kristo ay nananahan sa puso, ang buong likas ay nababago. Ang Espiritu ni Kristo, ang kaniyang pag-ibig, ay nagpapalambot ng puso, sinasakop ang kaluluwa, at itinataas ang isipan at pagnanasa tungo sa Dios at sa langit.”¹²⁵

“Determinado ang Panginoon na ang bawat kaluluwa na susunod sa kaniyang salita ay magkakaroon ng kaniyang kaligayahan, kaniyang kapayapaan, kaniyang patuloy na nag-iingat na kapangyarihan.”¹²⁶ Ito ang

¹²⁵ Ellen G. White, *Steps to Christ*, p. 73

¹²⁶ Ellen G. White, *In Heavenly Places* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 1999), p. 53

aking nais at dalangin na ang lahat ng mananampalataya ay magsumikap na maranasan ang dakilang kaligayahan ng pagtalima sa pananampalataya. Nawa'y magkaloob ang Dios sa atin ng dakilang pagtatagumpay sa pagsunod sa pananampalataya sa pamamagitan ni Jesu-Kristo at ng Banal na Espiritu. "... *datapuwat ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailanman.*" (1 Juan 2:17)

"Ngunit ang kagandahang-loob ng Panginoon ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa natatakot sa kaniya ... sa gayong nag-iingat ng kaniyang tipan, at sa nagsisialala ng kaniyang mga utos upang gawin." (Mga Awit 103:17-18)

Nais nating pakinggan ang tungkol dakilang hakbang ng pagsunod.

Ang Banal na Espiritu ay humihimok sa isang takas na bilanggo na bumalik sa bilangguan. Ako ay ipinaganak sa isang Adventistang pamilya. Sa gulang na 19, ako ay nabinyagan. Noong 2016, ako ay nahatulan ng 43 taon sa bilangguan sa pagpatay. Ito ay pang-limang taon ko na sa bilangguan. Ako ay nakatakas sa bilangguan noong March 2017. Pagkatapos ng unang Sabado, nakilala ko ang isang babae na ipinakita sa akin ang aklat na *Steps to Personal Revival*. Pagka- Lunes, binili ko ito sa Adventist na tindahan ng aklat. Sa aking sariling pagkasurpresa, natapos ko ito sa sanglinggong yaon. Naramdaman ko ang lubos na kawalan, na kung saan ay nasa akin sa buong buhay ko—kawalan ng Banal na Espiritu. Sumunod ay aking itinalaga ang buong buhay ko kay Jesus. Ako ay bumalik sa bilangguan noong 2018. Ang aking pagtakas ay hindi ipinatong sa akin. Ang pinakamabuti sa lahat, ang paglilitis ko ngayon ay nangyayari sa harap ng Makapangyarihang Dios. Ako ay umapila sa Supreme Court. Pagkatapos na mabasa ang aklat na ito, ako ay lubos na pinagpala na ako ay nakumbinsi ng malalim. "Walang anumang kaso na walang pag-asa para sa Dios! Ako ngayon ay lider ng paglilingkod sa pananalangin. Ang munting aklat ay naipamahagi dito sa Baragawi Prison sa mga bilanggo. Maraming bilanggo ang nabagbag ang damdamin sa pamamagitan ng aklat na ito matapos nilang basahin. Ako ay nagagalak na ako ay makapaglingkod sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Kristo. Ito ay naging at ngayon ay isang tunay na pagpapala para sa amin."¹²⁷

127 E. E. EE260419 Experience # 91 at www.steps-to-personal-revival.info - Experiences

Panalangin: *“Ama, salamat na sa iyong walang hanggang kaalaman at sa iyong kamangha-manghang kakayahan at maluwalhating pag-ibig, iyong ipinagkaloob ang lubos na paggabay para sa amin upang maabot ang posibleng pinakamabuting buhay. Iyong nilalang ang lahat ng bagay para sa aming pinakamabuting kapakanan. Ibig kong purihin ka at pasalamat ka sa mga ito. Paki-usap bigyan mo ako ng ganap na pagtitiwala sa iyong mga pamamaraan at tulungan mo ako na sundan ka ng buong pusong pagpapasakop at pagsunod sa lahat ng mga bagay. Amen.”*

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang ating bahagi sa banal na gawain na ginampanan sa atin, kabilang ang ating mga kilos?*

2. *Ano ang kaibahan sa pagitan ng pananampalataya at isang pagpayag ng katotohanan?*

3. *Kailan mahalaga ang pagpayag mula sa atin?*

4. *Bakit isang dakilang pagpapala para sa atin ang pagsunod?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kapareha sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Upang maging higit na maalaman ang ating bahagi sa banal na gawain.*
 2. *Para sa pananaw na makilala kung naroon ang tunay na pananampalataya o pagpayag lang sa ating mga buhay.*
 3. *Para sa matapat na pagsunod at sa susunod pang pagpapala.*
 4. *Para sa ganap na pagtitiwala sa pangunguna ng Dios at sa panuntunan.*

PANANAMPALATAYANG KAAKITAKIT SA PAMAMAGITAN NI JESUS

*Paanong ang pagiging isa ay makakamtan
ng mga mananampalataya?*

*Sa anong paraan nagiging kahali -
halina ang ating pananampalataya sa
ating pamilya at sa mundo?*

*Anong pagbabago ang nasa atin na tayo'y
naging mga saksi?*

*Paanong ang pagpapanibagong buhay
ay lumilikha ng misyon?*

Ang kasama ko sa panalangin sa 40-araw ng oras ng debosyon ay minsang nagsabi: “Ako ay naghahangad ng isang kaakit-akit na pananampalataya upang ang aking mga anak ay sumunod rin kay Kristo.”

Si Mary Jones, isang batang babae mula sa Wales, ay nagagawang pumunta sa isang malayong pamilya upang basahin ang kanilang Biblia. Ito ay nangyari mula sa gulang na sampu hanggang labing-lima. Mahal niya ang Biblia ng buong puso. Gumawa siya ng maraming karagdang gawain upang kumita ng pera para makabili ng isang Biblia. Sa loob ng anim na taon ay inipon niya ang bawat sentimo na kaniyang kinita.

Nang siya ay maglalabing-anim na, siya ay nakayapak na naglakadng 25 milya patungo sa isang pastor, kung saan ibig niyang bumili ng Biblia. Sinabi ng pastor na mayroon pa siyang dalawang Biblia, ngunit ang mga ito ay naipangako na sa tiyak na mga tao. Nagsimulang umiyak ng masaklap si Mary. Ang pastor ay nagtanong kung bakit siya umiiyak. Sinabi niya kung paanong inipon niya ang pera sa loob ng anim na taon upang makabili ng

isang Biblia. Ang pastor ay wala nang pusong tumanggi at ibinigay sa kanya ang isang Biblia. Lubos ang kagalakang umuwi siya.

Ang Biblia ba ay kaakit-akit sa kanya? Ang pananampalataya ba ay kaakit-akit sa batang babaeng ito?

Hindi sinasadya, ito ay nangyari noong 1800. Ang karanasang ito ay kumintal ng lubos sa pastor na siya ay gumawa ng hakbang upang simulan ang unang pansanlibutang Bibliyang samahan. “Ang British at Foreign Bible Society.” Kinalaunan maraming iba pang Bible Societies ang naitatag.

At ang lahat ng ito ay dahil sa isang batang babae na nagmahal sa Biblia. Ang kaakit-akit na pananampalataya ay may dating.¹²⁸

Ang kahulugan ng “kaakit-akit”

Ipinaliwanag ng diksyunaryo ang kaakit-akit bilang sumasamo, mapagmahal, nakakahalina, kanais-nais. Sino ang hindi ibig na magkaroon ng ganitong pananampalataya? Naniniwala ako na ang sinuman na tunay na iniisip ang tungkol dito ay nagnanais na magkaroon ng sumasamo, kahalihalinang pananampalataya.

Paano ako maghahangad ng gayong pananampalataya? Ano ba dapat ang tulad nito?

- ▶ Ito ay dapat na nag-aalok ng isang matatag at maaasahang pundasyon para sa buhay.
- ▶ Ito ay dapat na nakabase sa katotohanan, hindi sa kamalian o kasinungalingan.
- ▶ Ito ay dapat na nakabase sa ipinahayag ng ating Diyos na mapagmahal at puspos ng karunungan, na hindi hinaluan ng mga doktrina ng tao, upang ito ay maglingkod sa ating pinakamahusay na kapakanan.
- ▶ Ito ay dapat na lubos na kapani-paniwala at nagdadala ng dakilang kagalakan.
- ▶ Ito ay dapat na magdala ng tiyak na pakinabang para sa ating sariling buhay
- ▶ Ito ay dapat na may kakayahang umalalay sa akin sa mahirap na pagkakataon – sa pagkakasakit, sa pagkabalisa, sa kamatayan.
- ▶ Ito ay dapat na naghahatid ng itinatang na pag-asa para sa kawalang-hanggan.

¹²⁸ Kinuha sa Wikipedia, “Mary Jones.”

Lahat ng mga nabanggit na puntos ay may kinalaman sa kung anong nangyari ating mga sarili. Ngunit ang pananampalatayang kaakit-akit ay dapat na mayroong higit pang impluwensiya. Sabi ng aking kasama sa panalangin: “Hinahangad ko ang isang pananampalatayang kaakit-akit upang ang aking mga anak ay sumunod rin kay Kristo.”

- ▶ Ang pananampalatayang kaakit-akit ay dapat na nag-aakay sa ating mga mahal sa buhay at sa ibang tao upang magkaroon ng pagnanais nito at gustong magkaroon nito para sa kanilang sarili.

Ano ang kahulugan ng pananampalatayang kaakit-akit?

Ang pananampalatayang kaakit-akit ay Espirituwal na Kristiyanismo--buhay na si Jesu-Kristo ay nasa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Dapat nating ingatan sa ating isip ang sumusunod na talata sa Biblia: *“Upang sa inyo’y ipagkaloob Niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo’y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob; na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo’y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig ...upang kayo’y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios.”* (Efeso 3:16,17,19)

Ang mga talatang ito ay nagsasabi na ang Espiritu ng Dios ay pinalalakas tayo at sa gayon si Kristo ay naninirahan sa atin at hangad na ilahad ang Kanyang likas ng pag-ibig sa atin. Ito ay nagpapalaya sa atin sa pagkaalipin sa ating mga sarili. Ating naranasan ang maluwalhating kalayaan ng pagiging mga anak ng Dios.

Sinabi ni Jesus: *“Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.”* (Juan 14:6) Kapag si Jesus ay nasa aking puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, kung gayon Siya rin ang aking daan sa Ama, ang aking gabay sa katotohanan at Siya ang buhay; Siya ang dahilan ng pinakamataas na kalidad ng buhay.

Paano inilarawan ni Jesus ang pananampalatayang kaakitakit?

Sinabi ni Jesus ng may kapuspusan na walang tao ang maaaring magbigay. Ito ay malalim, kapayapaang pangloob at tunay na kagalakan, sapagkat ang Dios ng pag-ibig at kapayapaan ay pinahintulutang manirahan sa puso. Ang kalagayang ito ay hindi nakasalalay sa panlabas na mga pangyayari; gayon man, ito ay nakasalalay sa pagtitiwala tulad ng isang bata at pananampalataya sa Kapangyarihan ng Dios. Si Pablo ay sumulat

sa mga tagasunod ni Jesus: *“upang kayo’y mangapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Dios.”* (Epeso 3:19b)

Si Jesus sa ating mga puso. Iyan ang ating kailangan, *“Sapagkat sa kaniya’y nananahan ang buong kapuspusan ng pagka Dios sa kahayagan ayon sa laman. At sa kaniya kayo’y napuspos.”* (Col 2:9-10) ito ang pinakamataas na tuktok na maaari nating maabot sa buhay na ito. Ito ang nais ng Dios na ipagkaloob sa atin dahil sa Kaniyang dakilang pagbig.

Ang babae sa balon ni Jacob ay naranasan ito. Si Jesus ay gumamit ng halimbawa mula sa pang-araw-araw na buhay upang ilarawan ang kaganapan ng paghahangad na ito. Sa mga panahong yaon, ang tubig ang pinakamahalagang bagay na kailangan ng tao. Sa pamamagitan ni Jesus tayo ay pumaparoon sa *“isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan”* (Juan 4:14) na ibig sabihin ay maaari tayong uminom mula sa balong ito at ang ating pagnanasa ay malulubos.

Ang lahat ng tao ay nagnanasa ng kasiyahan. Hindi nila alam na sa katotohanan ito ay ang pagnanasa para sa personal na relasyon sa Dios, dahil sinasabi sa Ecclesiastes 3:11 *“inilgay Niya (Diyos) ang walanghangan sa kanilang mga puso.”* Sinomang hindi nakatagpo ng matalik na relasyon sa Dios ay may bakyum sa kaniyang puso ayon kay Blaise Pascal. Bilang resulta, ang mga tao ay mayroong palagiang paghahangad ng higit pa at higit pa.

Inaanayahan tayo ni Jesus na magkaroon ng pananampalataya sa Kaniya, upang magtiwala sa Kaniya. Ang resulta ay makikita sa isang gumawa nito, dahil *“aagos ang mga ilog ng tubig na buhay”* (Juan 7:38). Sila ay mayroong nag-uumapaw na buhay, isang kaakit-akit na panghalina, at sila ay nagpapakita ng impluwensiya na nakapagpapalakas sa iba.

Ang pananampalatang kaakit-akit ay isang mayaman at ganap na buhay sa mundong ito at sa mas higit, hindi malirip na antas ng walang hanggan.

Ang Salita ng Dios ay nagpapahayag na ang aking pananampalataya ay kaakit-akit sa iba

Basahin natin ang dalangin ni Jesus sa Juan 17:20-23: *“Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita; Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako’y sa iyo, na sila nama’y suma atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako’y sinugo mo. At ang kaluwalhati nang sa aki’y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; upang sila’y maging isa, na gaya naman natin na iisa--ako’y sa kanila, at ikaw ay sa*

akin-upang sila’y malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan na ikaw ang sa akin ay nagsugo, at sila’y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo.”

Idinalangin ni Jesus na ang kaniyang mga alagad ay maging isa hanggang sa lahat ng panahon. Sa ganiyang kalagayan, Siya rin ay nanalangin para sa iyo at akin. Si Jesus ay hindi lang nanalangin para sa ating pagkakaisa, upang maramdaman natin ang mabuti sa ating pagsasamasama at pagtutulungan sa isa’t isa, ngunit Kaniya ring sinabi na ang pagkakaisa ng mga alagad ay kaakit-akit sa mga tao sa sanglibutan: *“Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinibigay ko, na kayo’y mangag-ibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa’t isa. Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pag-ibig sa isa’t-isa.”* (Juan 13:34-35)

Ipinakita Niya sa atin na dahil sa pagiging isa ng mga alagad, ang sanglibutan ay maniniwala at malalaman ang tatlong mahalagang mga bagay na ito.

Ano ang nakikilala ng sanglibutan sa atin?

1. Alam ng sanglibutan na ang mga tao ay mga alagad ni Jesus sa pamamagitan ng pag-ibig sa loob grupo ng mga mananampalataya at sa loob ng iglesia. Ibig sabihin nito na ang sanglibutan ay nakamasid sa atin. Napagtanto ng sanglibutan na ang mapagmahal na pag-uugali sa mga alagad ay isang resulta ng kanilang ugnayan kay Jesus. (*“Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pag-ibig sa isa’t isa.”* (Juan 13:35))
2. Dahil sa kaisahan sa gitna ng mga alagad ni Jesus, ang sanglibutan ay naniwala na si Jesus ay ambasadador ng Dios. (*“upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako’y sinugo mo.”*) Ang mga tao sa sanlibutan ay napagtanto na si Jesus ang manunubos na sinugo ng Dios dahil sa nagmamahalang pagsasamasama ng Kaniyang mga alagad.
3. Kamangha-mangha, ang mga tao sa sanglibutan ay kinilalang mahal sila ng Dios, dahil sa mapagmahal na pag-uugali ng mga alagad. (*“Upang makilala ng sanglibutan na sila’y (ang sanglibutan) iyong inibig, na gaya ko na inibig mo.”*)

Sa pagbubuod, sa pamamagitan ng kaisahan sa gitna ng mga alagad ni Jesus, ang mga tao ay: (1) kikilalanin ang kanilang relasyon kay Jesus, (2) kikilalanin na si Jesus ay sinugo ng Dios, (3) Kikilalanin na mahal sila ngDios. Si Jesus ay makikilala ng sanglibutan sa pamamagitan ng pag-

uugali ng mga alagad sa isa't-isa na puno ng Espiritu. Maaaring gamitin ni Jesus itong nagsusumamong impluwensiya sa pamamagitan ng mga Kristiyanong espirituwal. Ang pagpapanibagong buhay ay lumilikha ng misyon.

Bakit natututunan ng mga tao ang tungkol sa Dios dahil sa mapagmahal na asal ng mga alagad?

Pagkatapos ng lahat, bawat tao ay tunay na magkakaiba. Tayo ay mayroong magkakaibang mga talento at mga abilidad; may mga kalalakihan, kababaehan, bata at matatanda. Kadalasan tayo ay magkakaiba ng edukasyon o pinanggalingang kultura. Tayo ay may magkakaibang ugali, pananaw at mga karanasan. Sa sanglibutan ang mga pagkakaiba ay madalas na nag-aakay sa malamig na samahan sa pagitan ng mga tao. Ito ay maaari ring mag-akay sa paligsahan at alitan. Kung kaya ang mga tao ay namamangha at naaakit sa mga grupo ng mga tao, na kung saan ang pag-ibig, kaayusan at pagtutulungan ay umiiral.

Noong ako ay isang pastor sa Munich, dinalaw ko ang isang dating kaibigan sa negosyo sa isang maliit na bayan sa di kalayuan.

Siya ay nakatira sa isang kalye, kung saan mayroong isang malaking Adventistang pamilya na samasamang naninirahan sa isang bahay. Sa kaalamang ako ay isang Adventista kaniyang sinabi sa akin: “Ang buong kalye ay nagtaka ng labis na itong labi ng-l i ma hanggang d a lawampung mga tao ay nagagawang mamuhay ng magkakasama sa iisang bahay ng may kaayusan at walang anumang hindi pagkakasundo.” Ang mga kapitbahay ay may napansing isang bagay. – Ito ay pananampalatayang kaakit-akit.

Si Walter Schlund, na ngayon ay isang miyembro ng isang maliit na iglesia sa Germany, ay nagkuwento ng isa pang halimbawa ng pangyayaring ito: “Bago ako naging kristiyano ibig naming dalawin ang Romania at humantong sa isang rehiyon na lubog sa tubig. Kami ay mayroon pang 75 milya tungo sa aming destinasyon, ngunit hindi na kami makaalis pa. Kung kaya kami ay nagtanong ng direksiyon. Sa pagkakataon, ang nakausap namin ay isang Adventist, na nag-akay sa amin sa pamilya ni Pastor Biró. Inanyayahan kami ng pamilya na matulog roon ng isang gabi na malugod naming tinanggap. – Sa panahong ito kasama ang pamilyang ito na ako ay gumawa ng isang desisyon na isuko ang aking buhay kay Kristo at naging isang Adventista. Ito ay ang pamamaraan ng pamilya sa pagkilos para sa isa't isa – ang magkakasundong buhay may-pamilya, ang nananatiling

kapayapaan, ang palakaibigang kapaligiran, ang pagsambang pam-pamilya. Naranasan ko ang isang kalidad ng buhay, na kung saan ay malalim na kumintal sa akin. Ibig ko rin na magkaroon ng ganito.”¹²⁹ Ito ay ang pananampalatayang kaakit-akit.

Naalala ko ang panahong ako ay nasa Regensburg, Germany, na sa kahabaan ng panahon na ako ay dumalaw sa ilang mga tao sa isang residente ay aking napansin ang kanilang mga tahanan na laging puno ng igting at di pagkakasundo. Mas higit na nakalulugod kapag ikaw ay may pribilehiyo na makaranas ng pagdadalaw sa mga tao na kakaiba, na ang kanilang mga puso ay puno ng pag-ibig.

Bakit ang pananampalatayang kaakit-akit ay maari magmula lamang sa salita ng Dios?

Ang pananampalatayang kaakit-akit ay nakabase lamang sa salita ng Dios-ang Luma at Bagong Tipan.

Nang sinabi ni Jesus, “*Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan.*” (Juan 7:38) Ibig sabihin Niya ay ang Lumang Tipan, yamang yaon palang ang nag-iisang mayroon noon. Sa Juan 7:14 Kaniyang ginawang malinaw ito nang Kaniyang sinabi: “*Ibinigay ko sa kanila ang lyong mga salita.*” At sa talatang 17 Kaniyang itinuro: “*Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo’y katotohanan.*”

Ang bawat relihiyon sa mundong ito ay isang daan tungo sa dios na nabuo ng mga tao. Ang tanging pananampalataya na hindi nabuo ng tao, sa halip ay isiniwalat ng Dios, ay ang pananampalatayang Biblikal. Sapagkat ang Dios ay pag-ibig at Siya ay may kaalamang walang katapusan at kakayanan, Kaniyang itinatag ang lahat ng bagay para sa ating lubos na pakinabang. Sa makatuwid, ang pananampalatayang biblikal ay siyang pananampalatayang kaakit-akit sa sanglibutan, sa kondisyon na ating naunawaan ang biblikal na doktrina ng tama at mamuhay ng ayon dito. Ayon sa talinghaga ng sampung birhen, nasa kalahati ng miyembro ng iglesia ay walang gayong pananampalataya.

Sa pamamagitan ng ating pagtitiwala kay Jesus, mararanasan natin ang katuwaan at kapayapaan at mararanasan natin na ang pagkauhaw sa espirituwal na buhay ay mapupunuan. Ang ating Dios ay naghahangad

¹²⁹ *BWgung*, news magazine from the Seventh-day Adventists in Baden-Württemberg (Germany), Nr. 6/2012, S. 24

na ang kaniyang pag-ibig ay makita ng iba sa ating mga buhay. Diyan, ang pananampalataya natin ay magiging kaakit-akit sa kanila.

Paano naging possible ang pagkakaisa sa mga disipulo?

Patungkol ito sa pagiging-isa sa pag-aasawa at pamilya, sa iglesia, at sa ministryo. Sinabi ni Jesus: *“At ang kaluwalhatian sa Aki’y ibinigay Mo ay ibinigay ko sa kanila; upang sila’y maging isa, na gaya naman Natin na iisa.”* (Juan 17:22)

Ano ang ibinigay ni Jesus sa atin? Kaluwalhatian!

Anong ibig sabihin nito? Ang katagang kaluwalhatian ay ginamit sa magkakaibang paraan sa Biblia. Una, ito ay ginamit para sa kamahalan at kadakilaan ng Dios, ikalawa, para sa kaluwalhatian ng paglalang, at ikatlo, para din sa kahangahangang likas ng pag-ibig ng Dios. Sa puntong ito tingnan natin ang Exodo 33:18-19 kung saan sinabi ni Moises sa Dios: *“Idinadalangin ko sa Iyo, ipakita Mo sa akin ang Iyong kaluwalhatian.”* At sumagot ang Panginoon: *“Aking papangyarihin ang Aking buong kabutihan sa harap mo.”*

Ang kaluwalhatian ng Dios ay ang Kaniyang katangian, na kung saan nailalarawan ng pag-ibig at kabutihan. Ang kabutihan ay tumutulong sa pag-ibig sa kilos. Ito ay tumutulong sa atin na maunawaan ang pangungusap ni Jesus na Kaniyang ibinigay sa atin ang kaluwalhatian ng Dios upang tayo ay maging isa sa Kaniya. Ang pinakamahalaga at kinakailangan para sa pagkakaisa ay pag-ibig sa isa’t isa, kapares ang respeto at pagtiwala. Ang paraan ng Dios sa misyon ay mahalín ang sangkatauhan sa pamamagitan natin, sa ngalan ng pagibig na dalisay – agape, pag-ibig ng Dios. Ito ang uri ng pag-ibig na ibig ng Dios na ibahagi sa pamamagitan natin.

Pagkatapos ng pagbuhos ng Banal na Espiritu kapansin-pansin na mga bagay ang sinabi tungkol sa naunang iglesia: *“At nang sila’y makapanalangin na ..., nangapuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at kanilang sinalita na may katapangan ang salita ng Dios. At ang karamihan ng nagsisampalataya ay nangagkakaisa ang puso at kaluluwa ... at pinatotohanan ng mga apostol na may dakilang kapangyarihan ... at dakilang biyaya ang sumasa kanilang lahat.”* (Mga Gawa 4:31-33)

Ang kaisahan ay hindi isang homogenization

Ito ay pagkakaisa ng isipan, layunin, at pinakadiwa. At kasabay nito ang personalidad ng bawat isa ay nananatili. Hindi nito inaalis ang ating

personalidad. Ito ay kaisahan ng magkakaibang mga tao at mga katangian. At ito ang tiyak dito na pukawin ang labis na pagtataka: ang kaisahan ng magkakaibang mga tao.

Sinabi ni E.G. White: “Sa kabilang banda, ang pinakamalakas na saksi na sinugo ng Dios ang Kaniyang Anak sa sanglibutan ay ang pagkakaroon ng kaayusan at pagpipisan sa mga katauhan ng may mga iba’t ibang disposisyon na siyang bumubuo ng Kaniyang iglesia ... Ang hindi mga mananampalataya ay nagmamasid upang makita kung ang pananampalataya ng mga nagpapahayag na mga Kristiano ay nakikita ang isang nakapagpapabanal na impluwensiya sa kanilang mga buhay.”¹³⁰ Sa ibang dako sinulat niya: “Ang pagbabago ng katangian (sa mga alagad) ay ang patotoo sa sanglibutan ng nananahang Kristo.”¹³¹

Papaano makakamit ang Kaisahan?

Ang kaisahan ng alagad ay nakamit sa pamamagitan ni Kristo na naninirahan sa kanila sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Sinabi ni Jesus:

Juan 17:21: “... *na sila nama’y suma atin.*”

Juan 17:23: “... *Ako’y sa kanila, at ikaw ay sa akin.*”

Juan 15:4: “... *Kayo’y manatili sa akin, at ako’y sa inyo.*”

Ang apostol na si Pablo ay inilagay ito ng ganito:

Col 1:27: “*si Kristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian.*”

Gal 2:20: “*hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.*”

Kaya, ang kaisahan ay posible kapag si Kristo ay nasa iyo at akin. Ito ay hindi maaari kung wala ang pagiging puspos ng Banal na Espiritu. Kung gayon maaari lamang tayong maging mabuti sa isa’t isa. Sinulat ni E.G. White: “Ating saliksikin ng pinaka-masugid na maging isang isipan, isang layunin. Ang bautismo ng Banal na Espiritu, at wala nang iba pa ang maaaring makapagdala sa atin sa ganitong dako. Sa pamamagitan ng pagtatakwil sa sarili, ay ating ihanda ang ating mga puso upang tanggapin

¹³⁰ Ellen G. White, *The Acts of the Apostles*, pp. 549, 550

¹³¹ Ellen G. White, *Prophets and Kings*, p. 233

ang Banal na Espiritu, upang ang malaking gawain ay magawa para sa atin ...”¹³²

Sa ibang dako sinulat niya: “Kapag ang Bayan ng Dios ay isa sa pagkakaisa ng Espiritu, lahat ng pagiging fariseo, lahat ng sariling katuwiran, na siyang kasalanan ng bansang Hudyo, ay maalís mula sa lahat ng mga puso. Ang hulma ni Kristo ay mapasa bawat indibidwal na miyembro ng Kaniyang katawan, at ang Kaniyang bayan ay maging isang bagong botelya na kung saan maari Niyang ibuhos ang Kaniyang bagongtalak, at ang bagong alak ay hindi babasagin ang mga botelya. Ipahahayag ng Dios ang misteryo na nakatago sa haba ng panahon. Ipakikilala Niya kung ano ang “mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito’y si Cristo na nasa inyo, na pag-asa ninyo sa kaluwalhatian” (Colosas 1:27).”¹³³

¹³² Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power*, November 5, p. 318

¹³³ Ellen G. White, *Selected Messages, book 1*, p. 386

Kanilang Natagpuan ang Pagkakaisa

Ang ikalawang karanasan na aming naranasan sa isa pang komunidad mula sa aming distrito. Sabi ng aking hinalinhan, “Kailangan mo ng maraming lakas ng loob para sa iglesyang ito dahil ikaw ay pupunta sa isang tunay na bukid ng mina!” Mabilis naming natanto na ang mga alitan ay masyadong mataas. Mayroong pag-aaway, pagkabaha-bahagi, mga nasaktan at hindi pagpapatawad. Ang hindi mapigilang damdamin ay sumiwalat at personal na mga pag-atake ay pumuno sa buong komunidad ng isang madilim na ulap. Nakakalungkot tingnan kung paanong nagkabuhol-buhol ang mga miyembro ng iglesia sa isang sapot ng hindi pagpapatawad at hindi napagtatanto na hindi nila kayang lumabas sa kanilang sarili. Matapos na ang mga grupo sa mga bahay ay natagpuan, ang pulyeto na Steps to Personal Revival ay ipinamahagi upang mapag-aralan ng mga grupong ito. Ang mga grupo ay sumagot ng positibo at sila’y labis na nagpasalamat para sa mga aklat.

Dito rin, ang mga miyembro ay nagsimulang magsagawa ng 10 araw na pananalangin at pag-aayuno na mag-isa. (*10 Araw- Panalangin at Debosyon upang Maranasan ang Bautismo ng Banal na Espiritu* ni Dennis Smith) Sa wakas, ang paghahangad ay nailahad na gawin ito ng sama-sama bilang isang iglesya. Ang pagpupulong ay muling naisagawa sa ganap na ika-4 ng umaga. Sa simula ay hindi marami ang nakilahok, ngunit unti-unti mas marami ang nakilahok at doon ay may kahangahanga, mapayapa, espirituwal na kapaligiran. Naramdaman ng isa na gumagawa ang Dios. Kababalaghang inihanda Niya ang iglesya para sa huling hakbang na napakahirap para sa kaniya: ang hakbang ng tunay na pagpapatawad. Hanggang sa ang dingding ay bumagsak at sunodsunod na ang bawat isa na humingi ng tawad sa karamihan. Ang iba ay diretsong lumapit sa kanilang mga nakasagutan upang humingi ng tawad. Niyakap nila ang isa’t-isa. Tumulo ang mga luha. Ang mga malulungkot na mukha ay naging masaya muli at ang pag-ibig ay bumalik sa kanilang mga puso. Ito ay laging kahanga-hangang karanasan na makita at maranasan. Tanging Dios ang makakapaggabay sa mga tao sa pamamagitan ng Kaniyang Banal na Espiritu. May pag-asa sa bukid ng mga mina! Pastor F. H. at kaniyang asawa, #85b

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

- 1. Anong ibig sabihin ng “kaakit-akit”? Ano ang pananampalata-yang kaakit-akit*

- 2. Saan natin mababasa ang pananampalatayang kaakit-akit sa Biblia?*

- 3. Paano naipapakita ang uri ng pananampalatayang ito sa praktikal na buhay?*

- 4. Ano ang mga bagay na nalalaman ng mga tao kapag nakikita nila ang pagkakaisa sa mga mananampalataya?*

Oras ng ating Panalangin

- Magpakita sa iyong kasama sa panalangin at talakayin ang paksa*
- Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin.*
 - 1. Para sa pananampalatayang kaakit-akit, na kung saan ay pagpapala sa atin at maaring maging pagpapala para sa atin at maaari ring maging isang pagpapala para sa iba.*
 - 2. Para sa pananaw upang makita kung saan itong pananampalatayang kaakit-akit ay nawawala sa pang-araw-araw na buhay.*
 - 3. Para sa pangunguna ng Dios at kalakasan upang tumulong sa atin na gumawa ng mas maraming lugar para dito sa pananampalatayang kaakit-akit.*
 - 4. Na ang iyong pananampalataya ay makapagpalakas sa iba na maging bukas sa paggawa ng Dios.*
 - 5. Upang si Kristo ay manahan sa atin at lagi pang maging lalong mahayag.*

*Anong mga pagbabago sa atin ang dahilan upang
tayo’y maging mga saksi?
Paanong ang pagpapanibagong buhay ay lumilikha
ng misyon?*

Paano mabubuhay si Kristo sa akin?

Ang paliwanag ay matatagpuan sa Epeso 3:16-17: “Upang sa inyo’y ipagkaloob Niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo’y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob; na si Kristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo’y magugat at magtumibay sa pag-ibig.” Ating naobserbahan dati, na si Kristo ay nabubuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Yamang ang ating pagkataong loob “ay nababago sa araw- araw” (2 Cor 4:16), napakahalaga na isuko natin ng panibago kay Jesus sa bawat umaga at hilingin sa Kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya – mas mabuti sa pamamagitan ng pag-angkin ng isang pangako, halimbawa Lukas 11:13 – upang mapuno ng Banal na Espiritu.¹³⁴ Ang pagiging isa ng bawat indibidwal kay Kristo ay nag-aakay sa mga alagad na maging malapit sa isa’t isa. Kaya, ang ating “pagiging kay Kristo” ay basehan para sa kaisahan.

“Itong (kaisahan, pagkakaisa) ay isang kaloob, na ibinigay sa mga mananampalataya sa pamamagitan ni Kristo na nananahan sa kanila. (Juan 17:22-23) ... Sa makatuwid, ang kaisahan ay nagmumula sa bawat indibidwal.”¹³⁵

¹³⁴ Lukas 11:13: “Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting 3kaloob sa inyong mga anak, gaano pa akaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?”

¹³⁵ *Adult Bible Study Guide*, November 21, 2012

Anong epekto mayroon sa atin kapag si Jesus ay nananahan sa atin?

May tatlong malalaking mga epekto: ang bunga ng Espiritu, ang mga kaloob ng Espiritu, at kakayahan na sumaksi.

Ang bunga at ang kaloob ng Espiritu ay mahalaga para sa pagtatagumpay ng pagsasama-sama. Ang dalawang bahaging ito ay may makabuluhang impluwensiya sa ikatlong bahagi: ang ating patotoo tungol kay Jesus. Ang ating personal na pagbabago ay kinakailangan para sa ating patotoo at ating kaisahan bilang mga alagad. Ang asal na ito ay ginamit ng Panginoon upang makaakit ng mga taong hindi ligtas at upang tayo ay makapagsaksi. Sa pamamagitan ng ating mga patotoo tayo ay nagiging kamanggagawa ni Jesus, dahil Siya ay naparito *“upang hanapin at iligtas ang nawala”* (Lukas 19:10).

Ating tingnan ng mas malapit ang tatlong mga bahaging ito:

1. Ang bunga ng Espiritu – *“Datapuwa’t ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil.”* (Gal. 5:22-23) Lahat ng mga katangiang ito ay gumaganap ng mahalagang papel. Ito ay ang mga mahalagang kinakailangan para sa pagkakaisa sa pag-aasawa at pamilya, sa mga grupo ng pagdidisipolo, sa mga iglesia at paglilingkod. Si Pablo ay nagsalita tungkol sa pangkalahatang kahalagahan ng isang bunga, na siyang paglalahad ng likas ng Dios sa atin. Sa Epeso 3:17 ating mababasa: *“Na si Kristo ay nanahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya; upang kung kayo’y mag-ugat at magtumibay sa pag-ibig.”* Ang bunga na kaniyang tinutukoy ay pag-ibig. Sa Griyego ito ay tinatawag na agape. Ang pag-ibig na ito ay likas ng Dios. Ito ay hindi makasariling pag-ibig, na kung saan ay naghahangad ng pinakamahusay para sa Dios at tao. Si Eva von Tiele-Winckler ay ipinaliwanag ang bunga ng pag-ibig ng Dios bilang sumusunod:

- ▶ Katuwaan ay nagsasayang pag-ibig.
- ▶ Kapayapaan ay nagpapahingang pag-ibig.
- ▶ Pagpapahinuhod ay umaalalay na pag-ibig.
- ▶ Kagandahang-loob ay nagliliwanag na pag-ibig.
- ▶ Kabutihan ay tumutulong na pag-ibig.
- ▶ Pagtatapat ay nagtitiwalang pag-ibig.
- ▶ Kaamuan ay walang pagtatanggol na pag-ibig.
- ▶ Kawanggawa ay dalisay na pag-ibig.

Sa aking pananaw ay malinaw na ang bunga ng mga katangiang bigay ng Espiritu ay pag-ibig. Kaya ito ay nagsasabi tungkol sa bunga na nasa kaayusang pang-isahan at hindi sa kaayusang pangmaramihan. Sinabi ni

Ellen White tungkol sa mga katangiang ito: “Ang pagbabago ng katangian ay ang patotoo sa sanglibutan ng nananahang Kristo”¹³⁶

2. Ang kaloob ng Espiritu – Ang isa pang mahalagang epekto ng buhay ni Jesus na nasa atin ay ang pagtanggap ng kaloob ng Espiritu. Binigyan tayo ng Dios ng magkakaibang talento. Sa 1 Corinto 12, inihalintulad ni Pablo ang iglesia, ibig sabihin ay isang tiyak na bilang ng mga tao, sa katawan ng tao. Ang katawan ay binubuo ng napakaraming magkakaibang mga sangkap. Napakahalaga sa buhay at kalusugan na ang bawat sangkap ay kumikilos ng mabuti. Ipinakikita rito na tungkulin natin na maglingkod sa isa’t isa na kalakip ang iba’t iba nating mga talento nang sa gayon ay mag-ambag sa pangkabuuang tagumpay ng pamilya, ng grupo, at ng iglesia. Ang bawat isa ay nakatalaga sa ibatibang gawain. Binigyan tayo ng Dios ng magkakaibang kakayahan.

Ang mga listahan ng mga kaloob sa Bagong Tipan ay hindi nauubos. Mayroon pang mas maraming kaloob sa naunang iglesya; at sa ating modernong panahon, may mga karagdagang kaloob.

Kaloob ng Salita	Kaloob ng Himala	Kaloob ng Paglilingkod
Salita ng Kaalaman <i>1 Cor 12:8</i>	(himala) Pananampalataya <i>1 Cor 12:9</i>	Kaloob ng Pamamahala <i>Roma 12:8; 1 Cor 12:28</i>
Salita ng Karunungan <i>1 Cor 12:8</i>	Kaloob ng Pagpapagaling <i>1 Cor 12:9,28</i>	Pangkalahatang paglilingkod <i>Roma 12:7</i>
Salita ng Hula <i>1 Cor 12:10,28; Roma 12:7</i>	Iba’t-ibang wika (dila) <i>1 Cor 12:10,28</i>	Kaloob ng Pagtulong <i>1 Cor 12:28</i>
Kaloob ng Pagtuturo <i>1 Cor 12:28; Roma 12:7; Efeso 4:11</i>	Pagpapaliwanag ng mga wika <i>1 Cor 12:10,30</i>	Kaloob ng Pagbibigay <i>Roma 12:8</i>
Kaloob ng Evangelista <i>Efeso 4:11</i>	Pagkilala sa mga espiritu <i>1 Cor 12:10,28</i>	Kaloob ng Kaawaan <i>Roma 12:8</i>
Kaloob ng Apostol <i>1 Cor 12:28; Efeso 4:11</i>	Himalang Kapangyarihan <i>1 Cor 12:10,28</i>	Kaloob ng Pagpapatuloy <i>1 Pedro 4:9</i>
Kaloob ng Pagpayo <i>Roma 12:8</i>		Kaloob ng Pagpapastor <i>Efeso 4:11</i>

Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes* (Lüneburg, Advent-Verlag, 1999), p. 121

¹³⁶ Ellen G. White, *Prophets and Kings*, p. 233

Mahalaga na itong dalawang elemento – bunga ng Espiritu at kaloob ng Espiritu – ay mahayag sa ating likas – sa ating pananalita, mga damdamin, mga isipan, at mga gawa. May isa lamang paraan na ito ay mangyari. Kinakailangan na tayo ay mapuspos ng Banal na Espiritu.

Ang susing aspeto sa pagkakaroon ng isang buhay na may Banal na Espiritu ay ang araw-araw na pananalangin ng lubos na pagpapasakop sa Dios at humiling ng may pananampalataya upang mapuno ng Banal na Espiritu. Isang halimbawa ng gayong dalangin ay maaaring matagpuan sa libritong “*Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*” (kabanata 4.). Sinabi sa akin ng mga bumasa ang mga karanasan na maaring maglarawan ng epekto ng ganitong uri ng dalangin. Itong isa ay mula sa Rheinland, Germany: “Kami ay may naging kamanghamanghang karanasan sa libritong ‘*Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong Buhay*’. Maraming mga kapatid na lalaki at babae ang nanalangin ng halimbawang dalangin ng samasama araw-araw at aking idinadalangin ito kasama ng isang kaibigan sa loob ng limang buwan. Hindi lamang ang mga bagay ang nagiging mabuti para sa amin pansarili, kundi pati sa aming mga tahanan, mga relasyon, pag-aasawa, sa espirituwal na bahagi, sa iglesia, ngunit hindi sa paraang na lumilikha ng malaking hindi pagkakasundo, sa halip ito ay nangyayari sa isang tahimik, natural na pamamaraan. Kami ay namangha at nakita rito ang proseso ng pagdadalisay ng Dios, na nagiging mas madali ang buhay, mula ng maramdaman namin ang presensya ng Dios ng higit pa.”

Nakita mo ba sa patotoong ito kung paano nagpapakita na kung “si Kristo ay nasa atin” sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay may positibong epekto sa ating pagsasama-sama?

Ang ulat ay nagpatuloy:

“Kamakailan lang sinabi sa akin ng isang kapatid na babae: ‘ito ay kung paanong lagi kong naiisip na nagaakay sa isang buhay na mabuti at nakalulugod sa Dios, ngunit laging napakaraming kahirapan sa daan. Sa wakas, ang pangarap ko ay nagkatotoo. At ito ay pasimula pa lang!’”¹³⁷ Natagpuan ng kapatid na babae na ito ang pananampalatayang kaakit-akit.

3. Upang maging saksi kay Jesus. – “*Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuhilang hangganan ng lupa.*” (Mga Gawa 1:8) Sinabi ni Jesus sa

¹³⁷ E-mail message sent to H. Haubeil on December 18, 2012

kaniyang mga alagad na sila ay magkakaroon ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang maging mga saksi.

Kapag tayo ay puspos ng Banal na Espiritu mararanasan natin ang Espirituwal na pagkagising at pagpapanibagong buhay. Ano ang pagpapanibagong buhay? Ipaliliwanag ni Dennis Smith: “Ito ang panahon na ang buhay ng isang Kristiyano ay nabago kay Jesus. Ang katuwaan tungkol sa kaligtasan ang pumupuno sa kaniyang puso; isang pagnanasa para sa kaligtasan ng iba ay nagsisimulang mag-alab sa kaniya. Ibig sabihin na bilang nabagong mga Kristiyano naghahangad tayo ng kaligtasan ng ibang tao.”¹³⁸

Sinabi ni Ellen White: “... kung wala ang presensiya ng Espiritu ng Dios, walang pusong mababagbag, walang makasalanan na mahihikayat kay Kristo. Kapag ang Kaniyang mga disipulo ay nakaugnay kay Kristo, kapag ang kaloob ng Espiritu ay nasa kanila, kahit ang pinakamahirap at pinakawalang alam sa kanila ay magkakaroon ng kapangyarihan na magpapahayag sa puso. Sila ay ginawa ng Dios na daluyan para sa pagsasakatuparan ng pinakamataas na impluwensiya sa buong uniberso.”¹³⁹

Ang kilalang mangangaral na si R. A. Torrey ay naghayag ng isang kapansin-pansing karanasan. Isang babaeng may kakayahang tumulong sa pagpapastor ay nakipagusap sa isang lalaki tungkol sa kaniyang kaligtasan sa loob ng dalawang oras at walang naging resulta. Kaya kaniyang tinanong si Torrey na kausapin ang lalaki. Pagkatapos ng sampung minuto ang lalaki ay gumawa ng isang positibong desisyon. Ang babae ay walang masabi, gayong ginamit ni Torrey ang parehong talata sa Biblia na mayroon siya. Nagpahayag si Torrey ng sumusunod: “Dahil wala siyang nagawa, natakot ako na baka mangyari rin sa akin. Kaya ako ay humingi ng tulong sa Dios dahil sa aking kawalang kakayahan na magkaroon ng Banal na Espiritu upang gawin ang gawaing ito – at ginawa Niya ito.”¹⁴⁰

138 Dennis Smith, *40 Days: Prayers and Devotions to Revive Your Experience With God, book 2, Day 6*; p. 24.

139 Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power*, October 25; p. 307

140 R. A. Torrey, *Der Heilige Geist* (Frankfurt/Main: 1966), S. 37, 38; a short summary

Ang Pagpapanibagong Buhay ay nagdadala ng misyon

“Hanggang sa matanggap nila ang Banal na Espiritu, hindi nila madadala ang mensahe ng may kapangyarihan. Hanggang sa matanggap nila ang Espiritu, hindi nila mauunawaan kung ano ang magagawa ng Dios sa pamamagitan nila.”¹⁴¹ Ipinanukala ng Dios na ang mga tao ay maakit sa ating personal na pag – uugali at sa ating mapagmahal na pagkakaisa. Ito ay tama lalo na sa ating mga anak, kabataan at miyembro ng ating pamilya, ngunit gayon din sa ating mga kamag-anak, mga kakilala, mga kapit-bahay, mga kasamahan, mga kaibigan, at mga dayuhan. Ibig sabihin na ang mga tao ay nagiging matugunin sa ating pananampalataya at ginagabayan ng Dios ang mga tao tungo sa atin.

Ang mga sumusunod na mga salita ay nagpapakita sa atin kung gaano kalakas ang impluwensiya mayroon ang ating asal: “Kung magpapakumbaba tayo ng ating mga sarili sa Dios, at maging mabait at magalang at malambot ang puso at maawain, ay mayroong isangdaang mangahihikayat sa katotohanan na sa ngayon ay may isa lang.”¹⁴²

Ngunit ang Espiritu Santo ay kailangang-kailangan para dito. Tinawag ni Ellen White ang pansin ng mga pastor sa mga sumusunod: “Sila (ang mga miyembro ng Iglesia) ay hindi kayang ipahayag ang dakila at maluwalhating mga katotohanan ng Banal na Salita ng Dios na siyang hahatol at magpapasampalataya sa mga kaluluwa sa pamamagitan ng ahensiya ng Banal na Espiritu. Ang kapangyarihan ng Diyos ay naghihintay sa kanilang pangangailangan at pagtanggap.”¹⁴³

Paano mapapanatili ang Espirituwal na panggigising

Noong 1893, isang pagpapanibagong buhay ay nangyari sa Adventistang institusyon sa Battle Creek, Michigan, ngunit ang pagpapanibagong buhay ay madaling nawala. Binigyan ng Dios si Ellen White ng pananaw patungkol sa dahilan. Kaniyang sinabi: “Kung ang lahat ng mga kaluluwa, na naliwanagan, ay umalis upang gumawang minsan na ibahagi sa iba ang alin mang ipinagkaloob ng Dios sa kanila para sa tunay na layunin, lalong higit na liwanag sana ang naibigay, lalong higit na kapangyarihan ang naipagkaloob.”¹⁴⁴

141 Ellen G. White, *Ye Shall Receive Power*, October 4; p. 286

142 Ellen G. White, *Testimonies for the Church* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2002), p. 189

143 Ellen G. White, *Testimonies to Ministers and Gospel Workers*, p. 175

144 Ellen G. White, *Selected Messages, book 1*, p. 129

We receive more light and more strength by spreading the gospel. When we care for other people, then it has valuable repercussions in our own life. This is why it is extremely important to encourage people to intercede for unreached individuals during the 40 days of worship.¹⁴⁵

Saan dapat magsimula ang ating misyon?

Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad kung saan sila dapat magsimula ng kanilang misyon: dapat silang magsimula kung saan naroon sila. Para sa atin, ibig sabihin tayo ay dapat na magsimula sa tahanan at sa kung saan ang mga tao ay kilala tayo. Bakit pinanukala ni Jesus ito sa ganitong paraan? Kung saan ang mga taong nakakakilala sa atin, ang patotoo natin ay tatanggapin, kung ito ay may kasamang mapagmahal na pag-uugali. Ang patotoo ng ating buhay ay dapat na kasang-ayon ng patotoo ng ating bibig. Ito ay makikita sa ating tahanan kung tayo ay tunay na puspos ng Banal na Espiritu.

Anong kahalagahan mayroon ang bagong kautusan ni Jesus?

Sinabi ni Jesus sa Juan 13:34-35: *“Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinigay ko, na kayo’y mangag-ibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa’t isa. Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pag-ibig sa isa’t isa.”*

Ang buhay na puspos ng Espiritu ay nag-aakay sa mas higit pang mahalagang bunga ng Espiritu: kaamuan. Ang kaamuan ay takdang isipan ni Jesus at mahalaga para sa mabuting pagsasama-sama. Ito ang dahilan kung bakit ibinigay ni Jesus agad ang bagong utos pagkatapos Niyang hugasan ang paa ng Kaniyang mga alagad. Ang paghuhugas ng paa ay representasyon ng kaamuan.

Ang kaamuan ay hindi i s ang katangian ng likas ng tao. Gayunman, maaari tayong humingi araw-araw sa Dios ng kaamuan sa pamamagitan ng pag-angkin ng mga pangako tulad ng Mikas 6:8.

Ang kaamuan ay isang napakahalagang katangian para sa taong puspos ng Espiritu, ngunit madalas ito ay lubos na nahuhusgahan ng ‘di tama. Sa bagong utos, si Jesus ay nagsalita tungkol sa pagmamahal sa isa’t isa “na kung paanong iniibig ko kayo”. Iniiibig tayo ni Jesus ng banal na pag-ibig.

145 Tingnan ang, *40 Days, book 1 and 2*, Introduction ni Dennis Smith

Tinatawag natin ang uri ng pag-ibig na agape. Ang griyegong salita para sa banal na pag-ibig. Maaari lamang tayong magkaroon ng pag-ibig na ito kung tayo ay puspos ng Banal na Espiritu. Sinulat ni Pablo “... *ang pag-ibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin.*” (Roma 5:5) “Kataastaasang pag-ibig para sa Dios at hindi makasariling pag-ibig para sa isa’t isa – ito ang pinakamabuting kaloob na maaaring ibigay ng ating Ama na nasa langit. Ang pag-ibig na ito ay hindi simbuyo lamang, kundi isang banal na prispipyo, isang nananatiling kapangyarihan. Ang pusong hindi napabanal ay hindi maaring magsimula o gawin ito. Matatagpuan lamang ito sa puso kung saan ay naghahari si Jesus.”

Ang kaamuan ay hindiis ang katangian ng likas ng tao. Gayunman, maaari tayong humingi araw-araw sa Dios ng kaamuan sa pamamagitan ng pag-angkin ng mga pangako tulad ng Mikas 6:8.

Ang kaamuan ay isang napakahalagang katangian para sa taong puspos ng Espiritu, ngunit madalas ito ay lubos na nahuhusgahan ng ‘di tama. Sa bagong utos, si Jesus ay nagsalita tungkol sa pagmamahal sa isa’t isa “na kung paanong iniibig ko kayo”. Iniiibig tayo ni Jesus ng banal na pag-ibig. Tinatawag natin ang uri ng pag-ibig na agape. Ang griyegong salita para sa banal na pag-ibig. Maaari lamang tayong magkaroon ng pag-ibig na ito kung tayo ay puspos ng Banal na Espiritu. Sinulat ni Pablo “... *ang pag-ibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin.*” (Roma 5:5) “Kataastaasang pag-ibig para sa Dios at hindi makasariling pag-ibig para sa isa’t isa – ito ang pinakamabuting kaloob na maaaring ibigay ng ating Ama na nasa langit. Ang pag-ibig na ito ay hindi simbuyo lamang, kundi isang banal na prispipyo, isang nananatiling kapangyarihan. Ang pusong hindi napabanal ay hindi maaring magsimula o gawin ito. Matatagpuan lamang ito sa puso kung saan ay naghahari si Jesus.”¹⁴⁶

Kaya nga ang presensiya ng kaamuan ay isang katanungan na kung si Jesus ba ay nasa “trono” ng ating puso. Papayagan ba natin Siya na mamuno sa lahat ng bagay sa ating buhay? Naisuko na ba natin ng ganap ang ating buhay sa Kanya? Pinagtitibay ba natin ito araw-araw?

146 Ellen G. White, *The Acts of the Apostles*, p. 551

Paano naman ako?

Mayroon ba akong pananampalatayang kaakit-akit? Naninirahan basi Jesus sa aking puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu? Kung oo, sa gayon kinakailangan kong ingatan ito at lumago dito sa pananampalatayang kaakit-akit. Ngunit kung aking mapagtanto na ako'y wala pang pananampalatayang kaakit-akit, kung gayon tiyak na kinakailangan kong harapin ang napakahalagang tanong na ito.

May mga makakatulong sa paghahanap ng pananampalatayang kaakit-akit (para sa mga wala pa nito) at upang ingatan ang pananampalatayang ito (para sa mga mayroon na nito) sa aking librito *Steps to Personal Revival* at sa aklat ni Dennis Smith *40 Days – Devotionals and Prayers in Preparation for the Second Coming of the Lord*. Ang dalawang aklat na ito ay nagtutulongan sa isa't isa sa napakahalagang paraan. Maaari ko lamang irekomenda ng buong puso ko na basahin mo ang mga aklat na ito – oo, ng higit pa sa isang beses.

Paanong ang personal nating kakulangan ng Banal na Espiritu ay may impak sa ibang tao?

Kung wala si Jesus sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tayo ay mahalay na Kristiyano (tingnan 1 Cor 3:1-3; Rom. 8:1-17; Gal 5:16) Hindi tayo ligtas sa ganitong kalagayan (Roma 8:9). Tayo ay nabubuhay sa ating sariling mga pantaong kakayahan at kapangyarihan. Ang mga resulta ay ang ating mga pamilya at mga anak ay marahil maging mahalay na Kristiano rin kasama ng lahat ng kahihinatnan na nakapanghihinayang.¹⁴⁷ Ating ingatan sa isipan na ang pag-ibig ng Dios ay mapapasa ating puso lamang sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sinabi ni Ellen White: “Yaong hindi nakaranas ng magiliw, nagtatagumpay na pag-ibig ni Kristo ay hindi makapag-aakay sa iba tungo sa bukal ng buhay. Ang Kaniyang pag-ibig na nasa puso ang kapangyarihang pumipilit, na nag-aakay sa mga tao upang ihayag siya sa pakikipagusap, sa malumanay, may habag na espiritu, sa pagpapaunlad ng buhay ng kanilang mga nakakasalimuha.”¹⁴⁸

Kapag si Jesus ay naninirahan sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, sa gayon ay tutulongan Niya tayo na sumaksi para sa Dios sa ganap na natural na pamamaraan. “*Sapagkat sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang bibig.*” (Matt 12:34)

¹⁴⁷ See Helmut Haubeil, *Steps to Personal Revival*, pp. 36, 74, 76

¹⁴⁸ Ellen G. White, *The Acts of the Apostles*, pp. 550, 551

Gaano kahalaga ang pananampalatayang kaakit-akit?

Makikita natin kung gaano kahalaga itong pananampalatayang kaakitakit, kapag tayo ay tumingin sa mga Kristiano, na nagdaranas ng mga kawalan, pag-uusig, pagkawala ng mga pag-aari o kamatayan bilang isang martir, kaysa sa isuko ang pananampalatayang ito. Ano ang naging dahilan kung bakit hindi sila natitinag sa ilalim ng mga masakit na mga kahirapan? Habang nakikita natin ang katunayan na sila ay puspos ng Banal na Espiritu, hindi maaring sabihin sa atin ng mga martir kung paano ang kanilang naramdaman sa kanilang matinding paghihirap. Gayon man, ang ulat ng kapapahan sa kamatayan ni Hus at ni Jerome sa isang tulos sa Constance ay nagbigay sa akin ng isang palatandaan. Kung ang isang tao ay masunog, siya ay makatitili lamang. Ngunit ang dalawang lalaking ito ay umawit ng mga himnong papuri. Ang gayong bagay ay posible lamang sa tulong ng Dios. Sila ay may tunay na kagalakan sa kabila ng kanilang sakit. “Kung saan man ang Kaniyang Espiritu ay naghahari, doon ang kapayapaan ay nananatili. At mayroon ding kagalakan.”¹⁴⁹

Ang Huguenot pamilya ng Durant sa France noong 18 siglo ay isang makabagbag pusong halimbawa. Ang Durant ay inusig ng iglesia dahil sa kanilang pananampalatayang nakabase sa Biblia. Ang ama ay naggugol ng 14 na taon sa bilangguan bago siya pinawalang-sala. Ang ina ay namatay sa bilangguan. Ang kanilang anak na si Pierre – isang masigasig na mangangaral – ay pinugutan ng ulo. Ang kanilang anak na babae na si Marie ay ginawang bihag sa isang tore kasama ang isa pang babae. Siya ay pakakawalan sana kung binawi niya ang kaniyang pananampalataya. Hindi niya ginawa iyon. Noong 1768 siya ay pinakawalan pagkatapos ng 38 na taon ng pagkabilanggo. Para kay Marie Durant ang pananampalatayang nakabase sa Biblia ay pananampalatayang kaakit-akit, na hindi niya kayang isuko.¹⁵⁰

Mga halimbawa ng impak ng dakilang misyonero

Si Daniel at ang kaniyang mga kaibigan ay bukal sa pusong tumanggap ng kawalan, nang sila ay hinilingan para sa isang naiibang pagkain. At ano ang ginawa ng Dios? Kaniyang pinagpala ang kanilang pagsunod. Sila ay naging higit na guwapo, mas malusog, at higit na matalino kaysa sa iba. Sila ay tumanggap ng mataas na posisyon. Alam natin ang ulat tungkol sa

¹⁴⁹ Ellen G. White, *The Desire of Ages*, p. 153

¹⁵⁰ Taken from Wikipedia, “Marie Durant”

mga kaibigan ni Daniel doon sa naglalagablab na apoy at tungkol sa gabi ni Daniel sa yungib ng lion. Ang pananampalataya nila ay mas mahalaga sa kanila kaysa sa kanilang mga buhay. At ano ang naging resulta? Dalawang mga kaharian sa sanglibutan ang nakarinig ng kanilang patotoo sa salita at gawa tungkol sa tunay na Dios. Ang kanilang halimbawa ay may malaking impak sa gawaing misyonero.

Gayon din ang katotohanan kay Joseph sa Egypt. Tinanggihan niyang makagawa ng pakikiapid. Dahil sa bintang ng asawa ni Potiphar, siya ay nabilanggo. Ngunit ginamit ng Dios ang kaniyang katapatan upang ang buong imperyo ng sanglibutan ay malaman ang tungkol sa tunay na Dios.

Ating alalahanin ang batang babae na nagtatrabaho bilang alipin sa sangbahayan ni Naaman. Ang kaniyang patotoo sa salita at gawa sa wakas ay nag-akay sa pagkahikayat sa kumander na ito. Ako ay kumbinsido na hindi lang nya sinunod ang buhay na Dios nang may malaking kagalakan, ngunit binigyan din nya ang aliping ito ng kalayaan at personal na sinamahan itong umuwi kasama ng maraming kaloob.

Sa Mateo 13:44-46 isinalaysay ni Jesus ang tungkol sa isang lalaki, na nakatagpo ng kayamanan sa bukiran. Ang kayamanang ito ay mahalaga sa kaniya kung kaya ipinagbili niya ang lahat niyang tinatangkilik at binili ang bukid. Kaniyang ibinigay ang lahat ng bagay para sa kaharian ng langit – o gaya ng pagkakalarawan ko – pananampalatayang kaakit-akit. Nakikita ba natin kung gaano kahalaga ang pananampalatayang ito?

Pangwakas na kaisipan

Sinabi ni Ellen White: “Yaong sinomang nananahan kay Jesus ay magiging masaya, kaaya-aya, at nagagalaksa Dios.”¹⁵¹ Ang pananampalatayang kaakit-akit ay binigyan na tayo ng isang nagagalak, makulay, matagumpay, at masayang buhay at isang magandang pundasyon ng pag-asa para sa kaharian ng Dios. Kahit na sa mahirap na panahon, kung tayo ay pumunta sa isang madilim na lambak, ang pananampalataya natin ay kaakit-akit parin sa pamamagitan ng presensya ng Dios.

Sa pamamagitan ng kaakit-akit na pananampalataya maari tayong mag-ambag sa isang mabuting pagsasamasama at sa gayon ang interes ng ibang tao ay mag-aalab sa ating pananampalataya.

¹⁵¹ Ellen G. White, *Testimonies for the Church* (Nampa, ID: Pacific Press Publishing Association, 2002), p. 626

Nawa'y tulongan tayo ng Dios na lubos na maunawaan ang malaking kahalagahan ng kaisahan! Nawa'y tulongan Niya tayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu – kasama si Kristo na nasa atin – upang lumago na maging tulad ni Kristo para sa ating sariling kagalakan at pagpapala, ngunit upang maakit ang mga mahal natin sa buhay at kapwa tao. “*Ang kagalakan sa Panginoon ay inyong kalakasan.*” (Nehemias 8:10) “**Kung ating ipakilala si Kristo, magagawa natin na ang Kanyang paglilingkod ay lilitaw na kaakit-akit, bilang ito nga talaga.**”¹⁵²

Panalangin: “*Amang nasa langit, ako po ay buong pusong nagpapasalamat na tunay na ang pagsunod kay Jesus ay nagdadala ng pinakanakakatuwang buhay. Paki-usap tulongan mo pa ako na manatili sa isang malapit na ugnayan kay Jesus sa lahat ng aking buhay. Gayundin gamitin ang aking buhay na akayin ang mga mahal ko sa buhay at ang ibang tao sa Kaniya. Amen.*”

¹⁵² Ellen G. White, *Steps to Christ*, p. 116

Pansariling Kaisipan at Gabay sa Pagtalakay

1. *Ano ang mga kinakailangan ng si Kristo ay naninirahan sa atin?*

2. *Ano ang bunga ng Espiritu?*

3. *Ano ang mga kaloob ng Espiritu?*

4. *Anong mga epekto mayroon ang rebaybal sa ating personal na buhay?
Paano ito nakakaimpluwensiya sa ating kapaligiran?
Paano ito humihimok sa atin?*

5. *Anong mga halimbawa sa Biblia mayroon tayo na kung saan ay nagpapakitang, sa pamamagitan ng simpleng pagtitiwala sa Dios, iyang dakilang mga bagay ay maaring mangyari?*

Oras ng ating Panalangin

- *Makipagkita sa iyong kasama sa panalangin at talakayin ang paksa.*
- *Manalangin kasama ang iyong kapareha sa panalangin:*
 1. *Na ang bunga ng Espiritu ay patuloy na lumago sa iyo.*
 2. *Para sa kakayahan na kilalanin ang kaloob ng Espiritu at gamitin ito ng tama.*
 3. *Para sa kalakasan ng loob at kagalakan na maging isang saksi ni Kristo na nasa iyo—sa pamamagitan ng iyong buhay, sa pamamagitan ng iyong salita at gawa, na kung saan ay hindi nangyayari sa iyong sariling kalakasan, sa halip ay bumabangon mula sa isang kaakit-akit na pananampalataya.*
 4. *Para sa katuwaan sa pag-aaral ng salita ng Dios, at para sa mahinahong pag-iisip at kaalaman.*

PATOTOO

Talaarawan ng mga Pagbabago pagkatapos ng pagpapasakop

Sa pasimula ng 2014, patuloy kong tinatanong ang aking sarili, “Sasabihin kaya ni Jesus sa akin isang araw: hindi kita nakikilala? Ako kaya ay isa sa mga mangmang na birhen? Ang isipang ito ay hindi na makaya mula nang naisin kong tumanggap ng buhay na walang hanggan mula sa Dios, ngunit dahil sa maraming bagay sa aking buhay, ako ay laging may bagabag na kalooban at laging wala sa tamang landas.

Sa kabutihang palad, napasaakin ang dalawang aklat, *Mga Hakbang tungo sa Personal na Pagpapanibagong buhay* at *Manahan kay Jesus*. Pagkatapos na mabasa ito sa unang pagkakataon, napagtanto ko na may bagay na dapat na mabago sa aking buhay. Binasa ko ang mga aklat ng ilang ulit upang aking lubos na maunawaan ang lahat. Sa karagdagan, narinig ko ang patotoo ng isang tapat na kapatid na babae na naging isang Espirituwal na kristiyano ilang buwan pa lamang ang nakalilipas.

Ngayon ay sigurado ako na sa pasimula ng taon ako ay “mahalay” sa aking pag-iisip at maaaring mamatay, dahil maaaring sabihin ni Jesus, “hindi kita nakikilala”.

Sa pamamagitan ng aking ganap na pagpapasakop kay Jesus, nagawa ng Dios na baguhin ang buhay ko ng lubos sa loob lang ng isang buwan.

Ngayon ako ay gumigising ng 4:30 ng umaga upang pag-aralan ang salita ng Dios. Sa aking sariling kakayahan, ito ay hindi maaari – ang pagtulog ay mas mahalaga. Nananalangin na ako ng may kaibahan – bilang isang na puspos ng Espiritu. Araw-araw kong hinihiling sa Panginoon kung ano ang nais Niyang gawin ko sa araw na iyan. At sumasagot ang Dios. Araw-araw kong inaanyayahan ang Banal na Espiritu na manirahan at gumawa sa aking puso. Ako ay may mas malinaw na isipan at nananamit ng lalong “pambabaeng” kaparaanan.

Lalo pa, hindi na ako palaging kumakain. Iyan ay imposible para sa akin na tumigil sa aking sariling kakayahan. Aking hinaharap ang mga pangangailangan ng may higit na kapayapaan, at ang pagkabalisa ay hindi na nagagawang pasakitin ang aking tiyan. Sa nakalipas na tatlong linggo, napansin din ng aking asawa ang pagbabago sa akin. Kaniyang sinabi, “Hindi na matalas ang iyong dila”.

Kapag ako ay nag-aaral ng Biblia, ako ay biglang nagkaroon ng marming katanungan na hindi ko naranasan dati. Ngayon ay nais ko ng pag-aralan ng mas malalim. Dati, ang Banal na Espiritu ay paminsanminsang lang na ako ay inaakay na magbigay patotoo. Ngayon ito ay nangyayari araw-araw.

Hindi ko kinakailangang maghanda ng sasabihin. Ang Dios ang nagbibigay ng tamang salita dahil kilala Niya ang taong kinakausap ko. Kahit na nagkakasala ako minsan, binibigyan ako ng Dios ng isang malinaw na pagkaalam na makita ang mga kasalanan. Maari akong mgasisi at baguhin ang aking mga gawi.

Ako ay dumating sa pagtanto na wala akong matatapos kung wala si Jesus at kailangan ko ang presensiya ni Kristo sa bawat hakbang sa daan. Natanto ko rin na ang kabalikaran ng pagmamataas (kung gaano ako kabuti, gaano ako kahusay gumawa ng isang bagay) ay pagpapakumbaba, na kung saan ay nagpapakita sa atin na kung wala si Jesus ay tunay na wala tayong magagawang mabuti. Binigyan din ako ng Dios ng lakas na ihinto ang pag-inom ng kape. Dati ito ay hindi kayang isipin, dahil nang subukan kong huminto sa pag-inom ng kape ako ay nagkaroon ng matinding sakit ng ulo sa loob ng limang araw. Ito ay matinding sintomas ng pagtigil. Sa ngayon, hindi ko manlang inisip ang tungkol sa kung anong maaring mangyari sa akin. Ang alam ko lang ay ayaw ko nang gawin ulit. Ngayon, wala na akong pagnanasa pa dito.

Ako ay may katulad na karanasan sa karne. Ako at ang aking pamilya ay away tumigil sa pagkain ng karne. Ngayon ay madali para sa akin. Wala narin akong pagnanais dito.

Ang punto ng pagtalikod sa aking buhay ay ang dakilang paghahangad para sa buhay na walang hanggan at napag-isip na walang ibang mahalaga sa akin kaysa sa Manunubos, Cristo Jesus, ano man ang kapalit.

Ang Ezekiel 36:26-27 ay nagsasalita ng katotohanan: bibigyan tayo ni Jesus ng bagong puso at isang bagong espiritu. Ibig Niyang tayo ay maging mga tao na tumutupad ng kaniyang mga utos. Sa loob ng mga dekada, ako ay nakipaglaban sa iba't-ibang mga problema, ngunit laging sawi. Hindi ko ito mapanagumpayan sa aking sarili. Nais ni Jesus na ganapin ang kalooban Niya sa akin at kailangan lang Niya ang aking pagpayag.

Sinabi ni Ellen White na sinomang sumusubok na abutin ang langit sa pamamagitan ng sariling gawa sa pagsunod ng kautusan, ay sumusubok ng imposible. Ito ang eksaktong naranasan ko sa loob ng tatlum-pu't limang taon. Sa kaisipan ako ay naniniwala sa kautusan, ngunit hindi ko masunod ito. Tanging si Jesus lang ang maaaring gumanap ng mabuti para sa akin. Binigyan Niya tayo ng pagnanasa para sa mabuti at malulusog na mga bagay, at inaalas Niya ang ating pagnanasa sa mga bagay na mapanganib.

Ngayon maaari kong tiyakin ang Roman 8:14: *“Sapagkat ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios.”* Ayon sa talatang ito, aking hinihiling araw-araw, orasoras, palagi upang ang

Banal na Espiritu ay manahan at gumawa sa akin – dahil ang demonyo ay hindi natutulog.

Sinabi ni Jesus sa Mateo 10:37: *“Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin.”* Lagi kong iniisip: iyan ay hindi puwede. Ngayon alam ko na kapag si Jesus ay nananahan sa aking puso, sa gayon ang dakilang Dios ng buong sansinukob ay gumagawa sa akin at sa pamamagitan ko at maaari Niyang ingatan ang aking mga anak at pamilya ng mas mabuti kaysa sa kaya ko. Tanging Dios lang ang pinaka-makapangyarihan sa lahat at nakakaalam ng lahat. May pagtitiwala na maaari kong ilagay ang aking buhay sa Kaniyang mga kamay araw-araw, at Kaniyang gagawin ang lahat ng bagay na matuwid, ayon sa Kaniyang kaalaman at Kaniyang plano. M. M.

APENDISE

Rekomendasyon para sa Karagdagang Pag-aaral

Isang mahalagang mungkahi: Pakiusap na basahin itong librito ng ilang ulit. Sa pang-edukasyong pananaliksik ay ipinapakita na kinakailangan na basahin o pakinggan ang gayong isang napakahalagang paksa para sa ating mga buhay ng anim hanggang sampung ulit bago ang isang tao ay maaaring lubos ito na maunawaan. Subukan ito. Ang resulta ang siyang magkukum-binsi sa iyo. Nang aking ginawa iyan sa isang natatanging librito, naranasan ko sa unang pagkakataon sa aking buhay ang isang katuparan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ako ay nakatanggap ng maraming pasasalamat at masigasig na patotoo tungkol sa paglago sa isang buhay na puno ng Espiritu kasama si Jesus. Halos lahat sila ay mula sa mga mambabasa, na kung saan ay masinsinang binasa ng maraming ulit ang librito.


Bagong mga karanasan sa buhay na puno ng Espiritu

Ang ating mahal na Panginoong Jesus ay nagsabi, *“Ang sumampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng Kasulatan, ay mula sa loob Niya ay aagos ang mga ilog ng tubig ng buhay. Nguni’t ito’y sinalita Niya tungkol sa Espiritu.”* (Juan 7:38-39)

Ako ay may isang kahilingan para sa Iyo: Kapag ikaw ay may mga karanasan sa iyong pagsuko kay Jesus at pamumuhay sa Banal na Espiritu, kung gayon nais namin ito ng lubos na pahalagahan, maaari mo na ipadala ang maikling ulat kay Helmut Haubeil. Napakahalaga kung ating maibabahagi ang mga karanasan sa www.steps-to-personalrevival.info - testimonies at sa panulat na mga balita. Bilang isang patakaran, aming babanggitin ang iyong unang pangalan. Pakiusap na alalahanin na ang iyong karanasan ay makapagpapalakas sa iba upang simula o lumago sa paglakad na puno ng Espiritu sa pangako na nakay Jesu-Kristo, ang Kahangahanga at Siyang napakalapit nang dumating na ating Tagapagligtas.

Kontak:

Helmut Haubeil
Rosenheimerstraße 49
D-83043 Bad Aibling / Upper Bavaria
Email: helmut@haubeil.net
Tel. + 49- (0) 8061-4900 712
Mga Wika: Aleman o Ingles



PULYETO 1:

MGA HAKBANG TUNGO SA PERSONAL NA PAGPAPANIBAGONG BUHAY

Pagiging puspos ng Banal na Espiritu.

Ang ating Panginoon mismo ay nagbigay ng utos:¹ Pahintulutan ang inyong sarili na maging patuloy at paulituit na mapuspos nang panibago ng Espiritu!²

1 E.G. White, *Mount of Blessing*, MB 20.3 (egwwritings.org)

2 Johannes Mager, *Auf den Spuren des Heiligen Geistes* (Lüneburg, 1999), p. 101

Impormasyon sa Pag-order pahina 2

PAUNANG SALITA SA MGA LIDER AT MGA LIDER SA HINAHARAP PARAMIHIN ANG RESULTA

KABANATA 1: PINAKAMAHALAGANG KALOOB NI JESUS

Ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa Banal na Espiritu?

Nalalaman mo ba ang pinakamahalagang mensahe ni Jesus?

KABANATA 2: ANO ANG SENTRO NG ATING MGA SULIRANIN?

Mayroon bang espiritwal na dahilan sa ating mga problema?

Ang dahilan ba ay ang kakulangan ng Banal na Espiritu?

KABANATA 3: ANG ATING MGA PROBLEMA SILA BA'Y KAYANG LUTASIN? PAANO?

Paano tayo lalago na magiging masaya at matatag na mga Kristiyano?

Paano mapuspos ng Banal na Espiritu ang ating mga buhay?

KABANATA 4: ANONG MGA PAGKAKAIBA ANG MAAARI NATING ASAHAN?

Anong kalamangan mayroon tayo sa buhay na puspos ng Banal na Espiritu?

Ano ang mawawala sa atin kung tayo ay hindi nanalangin para sa Espiritu Santo?

KABANATA 5: ANG SUSI SA PRAKTIKAL NA KARANASAN

Paano ko ipapatupad at mararanasan ang solusyon ng Diyos para sa akin?

Paano ako mananalangin upang ako ay makasiguro na ako ay puspos ng Espiritu Santo?

KABANATA 6: ANONG KARANASAN ANG NAGHIHINTAY PARA SA ATIN?

Personal na karanasan, at mga karanasan mula sa simbahan, konperensya at union

KABANATA 7: MGA INTERES AT PAGBABAHAGI

Ang kaligayahang ipinamahagi ay babalik sa ating mga puso. (Kawikaan sa Germany)

Paano ko matutulungan ang marami na maranasan ang "Buhay na Sagana"?

Paano natin ipapasa ang mensahe? Aling mga pamamaraan ang nariyan?

Minamahal na kasamahan,

Sa kasalukuyan ako ay ministro sa dalawang iglesia sa California. Una kong nakasalamuha ang iyong material sa pakikinig kay Pastor Dwight Nelson [tingnan sa ibaba] sa kanyang lingguhang pod-cast. Ito ay ganap na naapektuhanang aking kaluluwa sa simula. Dati ay narinig ko ang tungkol sa ibang materyales tungkol sa Banal na Espiritu, ngunit aaminin ko na walang anumang dapat na ikabahala tungkol dito. Tiyak akong naniniwala na sa ibang kadahilanan, ay pinili ng Dios ang kasalukuyang panahon upang maabot ang mas marami pang mga tao dahil sa Banal na Espiritu. At ako ay labis na nagagalak na akin itong natagpuan mula sa iyong pagsisikap.

Isang bagay na maari akong makapagpatunay sayo. Matuwid na sa unang kabanata tayo ay lantad sa isang simpleng paraan sa napakamakapangyarihang mga katutuhanan na kung saan ay nag-uutos sa ating mga isipan upang huminto at muling mag-isip. At ang proseso ng pagbabasa ng ilang ulit ay napakabisa. Sa lahat ng aking nakakausap, talakay at mangaral tungkol sa aklat, ang paksa tungkol sa Banal na Espiritu ay nagiging lalo at lalo pang kaakit-akit muli. Ito ay para bang narinig naming ang tungkol dito ng unang pagkakataon. Nakita ko ito sa aking sarili. Hindi ako makaalis sa unang kabanata bago maipangaral ang kahit 3 sermon tungkol sa paksang sakop nito. Hindi ko lang talaga alam kung paanong ipaliwanag ng mas mabuti, ngunit hindi ko magawang itigil ang pagbasa ng aklat at ang resulta nito ay nadama sa aking mga iglesia. Aking ikinalat ang tinig at ngayong nakalipas na taon, ang distrito ko ay nagpakita ng isang makabuluhang paglago. Ang lahat ng iyon ay dahil sa Dios at sa pagbibigay ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa aming mga miyembro. At kami ay tumatanaw ng lalong higit pa ngayong bagong taon!

Sipi D.R. Jan. 2018

Si Pastor Dwight Nelson, ay Nangungunang Pastor sa Pioneer Memorial church – Andrews University, ay nagsabi na ang munting aklat na [Steps to Personal revival] “ay binago ang loob ko. Ibig kong gawin din ito para sayo”.

Siya ay nangaral ng tatlong mga sermon:

“Ground Zero and the New Reformation: How to be baptized with the Holy Spirit?”

Siya ay sumipi mula sa “Steps to Personal Revival” at inirekomenda ito. Na nag-akay sa 4,000 downloads at ang order ng ilang libong mga aklat, Link to his sermons and his blog: <https://www.pmchurch.tv/sermons> (Sept. 2nd, Sept. 9th, sept 23rd)

Manahan kay Jesus

Si Helmut Haubeil ay isang negosyante at pastor. Matapos na maging matagumpay sa pagtatrabaho bilang General Manager ng isang shipping company, kaniyang tinugon ang panawagan ng Dios sa edad na 37 at naging isang pastor sa loob ng 16 na mga taon. Pagkatapos ay pinangasiwaan niya ang Adventist Retirement Community sa Bad Aibling, malapit sa Munich-Germany. Mula ng kaniyang pagretiro, siya ang manager ng “Förderkreis Mission” (ng iglesiang yaon). Pinangangasiwaan niya ang ilang proyekto tulad ng church planting sa pamamagitan ng mga pioneers sa lokal at banyagang mga lugar (Central Asia, India at Germany), namamatnugot at naglilimbag, “Missionsbrief” (isang missionary magazine), at nagpapalaganap ng revival literature. Hindi niya itinuturing ang kaniyang sarili na may-akda ng “Steps to Personal Revival”

Sa halip ay isang kasangkapan sa kamay ng Dios. Ito ay maaari ring makita ng malinaw sa kaakit-akit na karanasan sa ilalim ng www.steps-to-personal-revival.info – Development.

*Ang nananatili sa akin, at ako'y sa
kaniya, ay siyang nagbubunga
ng marami; sapagka't kung kayo'y
hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa.*